

MGA PRINSIPYONG PAGBIBIGAY KAHULUGAN SA BIBLIA

Inihanda ni
Dr. Randall McElwain



Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa <https://www.shepherdsglobal.org/downloads>

Pangunahing Manunulat: Dr. Randall McElwain

Copyright © 2014 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

Pahayag tungkol sa pahintulot:

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

Mga Nilalaman

Mga Direksiyon para sa mga Lider ng Klase	5
(1) Panimula sa Pagbibigay Kahulugan sa Biblia	7
(2) Unang Hakbang: Pagmamasid - Pagtingin sa isang Talata	17
(3) Unang Hakbang: Pagmamasid - Pagtingin sa Mas Malaking Bahagi.....	35
(4) Ikalawang Hakbang: Pagbibigay-kahulugan - Panimula	55
(5) Ikalawang Hakbang: Pagbibigay-kahulugan - Konteksto	65
(6) Ikalawang Hakbang: Pagbibigay-kahulugan – Pag-aaral ng Salita	91
(7) Pangatlong Hakbang: Aplikasyon/Pagsasabuhay	107
(8) Mga Prinsipyo sa Pagbibigay-kahulugan	119
(9) Pagbuo ng Isang Library sa Pag-aaral ng Biblia	131
(10) Pasamasamahin ang Lahat	139
Iminumungkahing Mga Babasahin	149
Form sa Pagtatala ng Mga Takdang-Aralin	151

Mga Direksiyon para sa mga Lider ng Klase

Ang kursong ito ay nagpapakilala sa mga pangunahing prinsipyo ng pagbibigay-kahulugan sa Biblia. Ang bawat aralin ay maykasamang ilang mga gawain sa pagsasanay. Dapat mong bigyan ng 90-120 minuto ang klase, bukod pa sa oras para sa paggawa ng mga takdang-aralin sa labas ng klase. Dahil ang kursong ito ay batay sa praktikal na mga gawain, maaari mong paghati-hatiin ang isang aralin sa higit sa isang pagkikita. Ito ay magbibigay sa mga studyante ng karagdagang oras upang gawin ang mga gawain.

Istruktura ng Aralin

(1) Karamihan sa mga aralin ay may kasamang ilang mga gawain upang magbigay ng pagsasanay sa mga alituntuning itinuturo sa aralin. Mahalaga na ang mga studyante ay may sapat na oras upang maingat na gawin ang mga aktibidad na ito. Ang mga gawaing ito ay lumilipat sa maraming iba't ibang mga Kasulatan. Huwag magmadaling matapos ang aralin. Dahil marami sa mga aktibidad na ito ang magiging bago sa mga studyante, maglaan ng oras sa klase upang matiyak na naiintindihan ng bawat estudyante kung paano makumpleto ang mga aktibidad. Ang pangunahing layunin ay hindi upang mahanap ang isang "tamang sagot"; ang pangunahing layunin ay upang magkaroon ng kadalian sa pag-aaral at pagbibigay kahulugan sa Biblia.

(2) Sa tuwing dumarating ka sa tanda ►, magtanong at hayaang talakayin ng mga estudyante ang sagot.

(3) Maraming mga footnote ang tumutukoy sa sanggunian ng Banal na Kasulatan. Maaaring pakitingnan ang mga talata sa mga estudyante at magpapalitan ng pagbabasa sa kanila sa grupo.

(4) Ang bawat aralin ay maykasamang isang takdang-aralin. Sa kaso ng mga presentasyon sa grupo, bigyan ng oras sa simula ng susunod na meeting ng klase para sa mga presentasyon. Ang ibang mga takdang-aralin ay dapat na masuri ng grupo, magbigay ng oras upang talakayin ang bawat resulta ng studyante.

(5) Ang bawat studyante ay gagawa sa isang proyekto sa buong kurso. Sa pagtatapos ng Aralin 10, isusumite nila ang proyektong ito sa lider ng klase.

Aralin 1

Panimula sa Pagbibigay Kahulugan sa Biblia

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang studyante ay dapat:

- (1) Nalalaman kung bakit ang malalim na pag-aaral ng Biblia ay mahalaga para sa Kristiyano.
- (2) Magagawang makapaglista ng tatlong hakbang na kinakailangan para sa pag-aaral ng Biblia.
- (3) Masimulan ang proseso ng maingat na pag-aaral ng napiling talata ng Banal na Kasulatan.
- (4) Ma-appreciate ang kahalagahan ng spirituwal na kapangyarihan sa pagbibigay kahulugan ng Biblia.

Mga Tagubilin sa Kurso

Ang kursong ito ay sumusunod sa ibang format kaysa sa iba pang mga kurso ng *Shepherds Global Classroom*. Sa halip na mga pagsusulit sa bawat aralin, karamihan sa gawain ay nasa anyo ng mga proyekto sa pag-aaral ng Biblia. Sa katapusan ng kurso, kailangan mong maingat na pag-aralan ang ilang mga talata ng Banal na Kasulatan. Inirerekomenda ko na itago mo ang impormasyong ito sa isang notebook para magamit sa hinaharap. Ang gagawin mong gawain para sa kursong ito ay kapaki-pakinabang para sa paghahanda ng sermon at paghahanda ng Araling pamBiblia.

Ang mga araling ito ay batay sa isang popular na aklat-aralin, *Living by the Book*, ni Howard at William Hendricks. Kung mayroon kang magagamit na aklat na ito, makikita mo ang mga pagsasanay upang isagawa ang mga alituntuning itinuturo sa kurso, pati na rin ang karagdagang talakayan sa bawat alituntunin. Gayunpaman, ang aklat-aralin ay hindi kinakailangan para sa kurso. Ang lahat ng kinakailangang materyal ay kasama sa mga araling ito.

► Talakayin ang iyong kasalukuyang mga kasanayan sa pagbabasa ng Biblia. Ito ay hindi isang oras upang husgahan ang mga nasa inyong grupo; ito ay oras upang pag-isipan ang tanong, "Gaano ako lumalalim sa Salita ng Dios?" Tanungin ang iyong sarili:

- Gaano ko kadalas binabasa ang Biblia?
- Kapag binabasa ko ang Biblia, gaano karaming oras ang inuubos ko?
- Ano ang 2-3 na dahilan ng hindi ko pagbabasa ng Bibliya?

Bahagi ng layunin ng kursong ito ay upang hamunin ang bawat miyembro ng iyong grupo sa isang mas malalim na buhay sa Salita ng Dios. Ang unang mabuting hakbang ay maging tapat sa pag-evaluateng iyong kasalukuyang mga kasanayan sa pagbabasa ng Biblia.

Panimula

Si Gene, ay isang Kristiyanong Taiwanese, naging Kristiyano sa loob ng labinlimang taon, ngunit nagpakita ng ilang mga palatandaan ng paglagong espirituwal. Siya ay nasiraan ng loob dahil sa kakulangan ng paglagong espirituwal. Pagkatapos ng pananambahan sa Araw ng Linggo, ang kanyang kalooban ay lumabas/inihayag. "Pastor, sinabi mo sa akin na basahin ko ang Biblia. Sinabi mo na ang Dios ay magsasalita sa akin sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Sinubukan ko na! Binabasa ko ang Biblia tuwing umaga, at wala itong kahit anong sinasabi sa akin. Ano ang mali?"

Noong Linggong iyon, dinala ng Panginoon sa aking isipan ang isang katanungan na dapat kong itinanong noon pa. "Gene, sabihin mo sa akin *kung paano* mo binabasa ang Biblia." Ang kanyang tugon ay tumutukoy sa isang mahalagang kadahilanan sa kanyang mga paghihirap. Sumagot siya, "Bawat umaga bago magtrabaho, binuksan ko ang aking Biblia at binasa ang isang talata." Sinundan ko ng isa pang tanong, "Binabasa mo ba ang isang buong aklat ng Biblia o kahit isang kumpletong kabanata bago lumipat?" "Hindi, binabasa ko lang isang talata tuwing umaga - saanman bumukas ang aking Biblia. At bihira itong nakakatulong!"

Upang matulungan si Gene na maunawaan ang problema ng pagbabasa ng Biblia sa ganitong paraan, hiniling ko sa kanya na buksan ang aking Biblia at basahin ang unang talata na makikita niya. Nang umagang iyon, nabasa ni Gene, "Ang mga taga-Negeb ay magmamay-ari ng Bundok Esau, at ang mga nasa Sepela ay magmamay-ari ng lupain ng mga Filisteo; kanilang aariin ang lupain ng Ephraim at ang lupain ng Samaria, at aariin ng Benjamin ang Galaad."¹

Tinanong ko si Gene ng ilang mga tanong. "Saan ang Negeb? Saan ang Sepela? Saan ang lupain ng Ephraim? Samaria? Benjamin? Gilead?" Ang sagot sa bawat tanong ay "hindi ko alam." Sa sumunod na linggo, nagsimula kaming mag-aral ng Bibliya sa "Paano Basahin ang Biblia." Sa sumunod na ilang linggo, nagsimula nang matuto si Gene ng ilang mga prinsipyo ng pagbibigay-kahulugan sa Bibliya. Natutuhan namin kung paano "makatarungang hatiin" ang Salita ng Dios at maunawaan kung paano nagsasalita ang Banal na Kasulatan sa atin ngayon.

Ang layunin ng kursong ito ay tulungan kang matutunan at isabuhay ang mga pangunahing prinsipyo ng pagpapakahulugan ng Bibliya, isang paksa na madalas na tinatawag na, "biblical hermeneutics." Huwag matakot sa malaking salita; ito ay nangangailangan lamang ng pagbabasa, pagpapakahulugan, at pagsasakatuparan ng Salita ng Dios sa ating buhay. Sa pamamagitan ng mga aralin at pagsasanay na ito, magkakaroon ka ng mga tools upang


¹ Obadias 1:19.

matulungan kang maunawaan ang Salita ng Dios, ilapat ito sa iyong buhay, at ituro ito sa iba.

Bakit Dapat Kong Pag-Aralan ang Biblia?

"Ang lahat ng Kasulatan ay hiningahan ng Dios at kapaki-pakinabang sa pagtuturo, sa pagsaway, sa pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran."² Ang katotohanan na ang Bibliya ay Salita ng Dios ay sapat na dahilan kung bakit dapat nating maingat na pag-aralan ang Biblia.³

Isang survey kamakailan lang ang nagpapakita ng *theoretical* na kahalagahan nainilalagay ng mga Kristiyanong Amerikano sa Biblia; sa kasamaang palad, ipinakikita rin nito ang kakulangan ng *praktikal* na kahalagahang inilalagay ng mga parehong Kristiyano sa Biblia.⁴



Karamihan sa mga Amerikano ay naniniwala na ang Bibliya ay Salita ng Dios, ngunit 1 lamang sa 5 ang nagbabasa nito apat o higit pang mga beses bawat linggo. Halos kalahati ng mga Amerikano na naniniwala na ang Bibliya ay Salita ng Dios ay bihirang magbasa nito.

Maraming tao ang umiiwas na magbasa ng Bibliya dahil naniniwala sila na ito ay napakahirap maintindihan. Marami sa naniniwala na ang Biblia ay Salita ng Dios ay hindi alam kung paano ito bibigyang kahulugan at isasabuhay.

Ang pagbasa ng Biblia ay nangangailangan ng pagsisikap. Sapat ba ang benepisyo mula dito? Bakit dapat nating pag-aralan ang Biblia? Ipinipinta ng Kasulatan ang mga salitang

² 2 Tim. 3:16, *ESV*.

³ Para sa karagdagang impormasyon sa inspirasyon ng Kasulatan, ang pagbubuo ng canon, at ang pagiging maaasahan ng Banal na Kasulatan, tingnan ang Shepherds Global Classroom course *Mga Paniniwalang Kristiyano*

⁴ The Barna Group. "State of the Bible 2013" survey. Nakuha mula sa <https://www.barna.com/research/what-do-americans-really-think-about-the-bible/> November 2, 2020.

naglalarawan na nagpapakita kung bakit ang Biblia ay karapat-dapat sa ating maingat na pag-aaral.

Ang Biblia ay Ilawan/Lampara

Inihambing ni David ang Salita ng Dios sa isang ilawan; "Ang iyong salita ay isang ilawan sa aking mga paa, at isang liwanag sa aking landas."⁵ Ginagabayan ng Bibliya ang lakad ng mga Kristiyano.

Itinuro ng mga Reformers ang prinsipyo ng *sola scriptura*. Ang prinsipyong ito ay nangangahulugan na ang Biblia ay naglalaman ng lahat ng kaalaman na kinakailangan para sa kaligtasan at kabanalan. *Hindi ito* nangangahulugan na mauunawaan natin ang Banal na Kasulatan nang walang ibang pag-aaral. Hindi ito nangangahulugan na ang tradisyon o pag-aaral ay hindi mahalaga. Ang prinsipyo ng *sola scriptura* ay nangangahulugan na ang Salita ng Dios ang huling awtoridad para sa mananampalataya.

Ang mga lampara sa sinaunang Israel ay maliit na lampara ng langis. Nagbibigay lamang sila ng sapat na liwanag upang ipakita ang susunod na hakbang ng isang tao. Hangga't hindi ka humahakbang, hindi mo makikita ang susunod mong hakbang.

Ito ay isang mahusay na metaphor para sa papel ng Biblia sa buhay Kristiyano. Ang ilang mga Kristiyano ay humihingi sa Dios ng gabay sa hinaharap, ngunit hindi sinusunod ang sinasabi ng Salita ng Dios na gawin nila ngayon. Ang kanyang Salita ay isang ilawan; ito ay kung susundin lamang natin ngayon ang kanyang mga tagubilin upang maaari nating mahanap ang kanyang patnubay para bukas.

Ang Biblia ay Espirituwal na Gatas

Ikinumpara ni Pedro ang pag-aaral ng Biblia sa pagnanais ng bagong panganak na sanggol para sa gatas.⁶ Ang Biblia ay kinakailangan sa espirituwal na paglago. Tulad ng isang sanggol na dapat magkaroon ng gatas upang lumago sa pisikal, ang isang Kristiyano ay dapat magkaroon ng Banal na Kasulatan upang lumago sa espirituwal. Kung walang regular na diyeta ng Salita ng Dios, hindi tayo kailanman lalago sa espirituwal.

Ang Biblia ay Kasing Tamis ng Pulot

Bilang mga Kristiyano, dapat mayroon tayong attitude katulad ng sa psalmist na inihambing ang Salita ng Dios sa isang pulot.⁷ Ang pulot ay parehong masustansya at matamis. Ang pag-aaral ng Salita ng Dios ay dapat maging kasiyahan, at hindi isang obligasyon na gawain. Kung paanong ang isang kawal sa digmaan ay nagagalak na makabasa ng isang sulat mula sa kanyang pamilya sa tahanan, dapat nating ikagalak na basahin ang Biblia, sulat ng Dios sa kanyang mga anak.

⁵ Awit 119:105.

⁶ 1 Pedro 2:2.

⁷Awit 119:103.

Kapag ang isang Judiong batang lalaki ay magsimulang pag-aralan ang Batas, hinahawakan niya ang unang liham at pagkatapos ay inilulubog ang kanyang daliri sa pulot upang matikman ang tamis. Ang araling ito ay nagtuturo sa batang lalaki na ang pag-aaral ng Salita ng Dios ay matamis.

Ang Biblia ay ang Tabak ng Espiritu

Sinabi ng manunulat ng Hebreo, "Sapagkat ang salita ng Dios ay buhay at aktibo, mas matalas kaysa sa anumang tabak na may dalawang talim, na tumatagos sa dibisyon ng kaluluwa at ng espiritu, ng mga kasukasan at ng buto, at nakilala ang mga kaisipan at mga intensyon ng puso."⁸ Nakita na natin na itinuturo ng 2 Timoteo 3:16 na ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Dios. Ang sumunod na talata ay nagsasalita sa praktikal na epekto ng ating pag-aaral ng Kasulatan, "upang ang tao ng Dios ay maaaring maging kumpleto, handa para sa bawat mabuting gawa."Ang ministeryo ng mga apostol ay batay sa Kasulatan. Sa katulad na paraan, ang epektibong ministeryo sa ngayon ay nangangailangang nakaugat sa Salita ng Dios.

Ang Salita ng Dios ang tabak ng Espiritu kung saan nilalabanan natin ang pag-atake ni Satanas.⁹Ito ang ating armas sa espirituwal na mga laban. Nang humarap si Jesus sa tukso sa ilang, tumugon siya sa mga pag-atake ni Satanas sa pamamagitan ng pagsasabi ng talata mula sa Deuteronomio.¹⁰

Pinalalakas tayo ng Kasulatan para sa espirituwal na tagumpay at para sa epektibong ministeryo. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng Bibliya, handa tayong tumugon sa maling doktrina, upang maitatag ang ating mga kongregasyon sa tunay na doktrina, at makapaglingkod nang epektibo sa mundo ngayon.

Paano Ko Dapat Aralin ang Biblia?

► Anong proseso ang kasalukuyang ginagamit mo kapag nag-aaral ng isang talata ng Kasulatan? Talakayin ang mga hakbang na iyong ginagawa upang malaman ang kahulugan ng isang teksto sa Biblia.

Sumang-ayon si Gene na mahalaga ang pag-aaral ng Biblia.Gayunpaman, hindi niya alam kung *paano* pag-aralan ang Banal na Kasulatan. Kailangan niya ng isang paraan para sa paghuhukay sa Salita ng Dios.Ang kursong ito ay inilaan upang magbigay ng isang paraan para sa epektibong pag-aaral ng Bibliya. Ang mga hakbang na ito ay nalalapat sa maraming uri ng pag-aaral sa Biblia. Maaaring gamitin ng mga Pastor ang mga hakbang na ito sa paghahanda ng sermon. Maaaring gamitin ng mga guro ng Bibliya ang mga hakbang na ito sa paghahanda ng mga aralin sa Biblia. Makikinabang ang Lay Kristiyano sa paggamit ng ganitong paraan sa debosyonal na pag-aaral ng Biblia.

⁸ Heb. 4:12, *ESV*.

⁹ Efeso 6:17.

¹⁰ Mateo. 4:1-11.

Ang pamamaraan na sinundan sa kursong ito ay mangangailangan ng tatlong hakbang.

(1) Pagmamasid

Sa hakbang na ito, itinatanong natin, "Ano ang nakikita ko sa Biblia?" Sa hakbang na ito, hahanapin natin ng masyadong ang lahat ng maaaring makitang detalye tungkol sa Kasulatan. Napakaraming mga mambabasa ang lumalaktaw sa hakbang na "pagmamasid" at direktang lumilipat sa "interpretasyon" na hakbang. Hindi natin tunay na maunawaan ang Banal na Kasulatan hanggang sa maingat nating tingnan ang sinasabi nito. Sa hakbang ng pag-obserba, kumukuha tayo ng maraming impormasyon hangga't maaari mula sa teksto ng Kasulatan mismo. Matututuhan natin na tukuyin ang mga detalye na mahalaga sa mensahe ng Banal na Kasulatan. Partikular, na pag-aaralan natin:

Termino

Kapag nag-aaral ng isang libro, hinahanap natin ang mga salita na paulit-ulit na nakikita sa buong libro. Ang 1 Juan ay gumagamit ng ilang anyo ng salitang "alam" nang higit sa tatlumpung beses sa limang kabanata. Kapag pinag-aaralan ang liham ni Juan, maaari nating simulang sundan ang salitang ito sa buong aklat. Ang isang listahan ng mga lugar kung saan ginagamit ni Juan ang salitang "alam" ay tutulong sa atin na simulan ang pagbibigay-kahulugan sa kanyang mensahe. Upang maunawaan ang mensahe ni Juan, maaari nating itanong, "Ano ang sinasabi ni Juan na maaari nating malaman?" At "Ano ang mga katangian ng mga nakakaalam?"

Istruktura

Ang mga aklat ng Biblia ay maingat binuo sa ilalim ng inspirasyon ng Banal na Espiritu. Habang pinag-aaralan mo ang isang libro tulad ng Ebanghelyo ni Juan, makikita mo na inayos ni Juan ang kanyang ebanghelyo sa paligid ng pitong "tanda" na nagpapakita kung sino si Jesus. Habang tinitingnan natin ang istruktura ng ebanghelyo, nagbibigay ito sa atin ng mas mahusay na pag-unawa sa layunin ni Juan.

Anyo ng Literatura

Si Pablo ay sumulat ng lubos na organisadong mga sulat na nagpapaliwang sa kanyang mga punto na tulad ng isang abugado na nagtatatag nang kanyang paliwanag patungo sa climax. Upang basahin ang Roma o iba pang mga sulat ng mahusay, dapat mong maingat na sundan ang lohika/pangangatwiran ni Pablo.

Sa kabaligtaran, si Jonah ay isang maikling kuwento na isinulat upang ilarawan ang pag-ibig ng Dios para sa lahat ng tao. Upang basahin ito nang maayos, dapat mong tanungin, "Paano ito naging isang dakilang kuwento?" Handa ka na upang bigyang kahulugan ang aklat ni Jonas sa pamamagitan ng pagtatanong, "Ano ang ibig sabihin ng mga detalye ng kuwentong ito?"

Atmosfera

Dito ay magtatanong tayo tulad ng, "Nasaan si Pablo nang isinulat niya ang mga Sulat sa Mga Taga Filipos na may mensahe ng kagalakan?" Siya ay nasa Roma, naghihintay ng paglilitis at posibleng kamatayan.

"Nasaan si Juan nang mabuksan ang kalangitan upang ihayag ang plano ng Dios para sa mga panahon sa Pahayag?" Siya ay nakabilanggo sa isla ng Patmos.

(2) Pagbibigay-kahulugan

Sa hakbang na ito, itatanong natin, "Ano ang ibig sabihin ng Biblia?" Matapos nating matipon ang maraming mga obserbasyon hangga't maaari, hinahanap natin ang mensahe ng Kasulatan. Matututuhan natin ang mga mas malalaking tema na nag-uugnay ng isang libro kasama ang mensahe ng indibidwal na mga kabanata at mga talata. Itatanong natin, "Ano ang mensahe ng aklat na ito sa mga unang mambabasa?" Hahanapin natin ang mga prinsipyo na pangkalahatan sa lahat ng edad at lahat ng kultura.

(3) Pagsasabuhay

Sa hakbang na ito, itinatanong natin, "Paano ko isasabuhay ang Biblia sa buhay at ministeryo ngayon?" Gaya ng maraming mga mambabasa na lumaktaw sa hakbang ng pagmamasid, marami ang hindi pinapansin ang praktikal na aplikasyon ng Banal na Kasulatan.

Sa kanyang textbook, Si Howard Hendricks ay nagmumungkahi ng dalawang tanong patungkol sa pagsasabuhay:

1. Paano ito kumikilos para sa akin? Tinitingnan nito ang aplikasyon ng Kasulatan sa aking buhay.
2. Paano ito kumikilos para sa iba? Tinitingnan nito ang aplikasyon ng Kasulatan sa buhay ng mga tao kung saan ako nagmiministeryo.

Sa Inglatera, may nakilala akong propesor sa unibersidad. Mataas ang paggalang sa kanya bilang iskolar ng kasaysayan ng simbahan. Sa academically/kaisipan, alam na alam niya ang Biblia; sa personal, siya ay isang agnostiko na tinatanggi ang anumang paniniwala sa Dios o Salita ng Dios. Maraming alam ng lalaking ito tungkol sa "pagmamasid" at "interpretasyon." Sa kasamaang palad, hindi niya kailanman naisabuhay ang katotohanan ng Kasulatan.

Inilarawan ni Santiago ang taong ito na ganito: "Sapagkat kung ang sinuman ay tagapakinig ng salita at hindi isang tagatupad, siya ay tulad ng isang tao na tumitingin sa kanyang mukha sa salamin. Sapagkat tinitingnan niya ang kanyang sarili at umaalis at kaagad kinalimutan kung ano ang kanyang nakita."¹¹ Ang aking kaibigan sa England ay isang sukdulang kaso; gayunpaman, maraming tao ang nakaaalam kung ano ang sinasabi ng

¹¹ Santiago 1:23-24, *ESV*.

Kasulatan, ngunit hindi naisasabuhay sa araw-araw na buhay. Ang Tunay na pag-aaral ng Biblia ay dapat magresulta sa praktikal na aplikasyon.

Ang Tungkulin ng Banal na Espiritu sa Pagbibigay-kahulugan

► Maaari bang maunawaan ng isang hindi mananampalataya ang kahulugan ng Kasulatan?

Ang sagot sa tanong na ito ay "Oo, ngunit bahagya lamang." Sa kursong ito, pag-aaralan natin ang isang proseso upang gabayan ang ating interpretasyon. Ang mga hakbang na ito ay tutulong sa atin na maunawaan ang mensahe ng Salita ng Dios. Ang Biblia, kung babasahin tulad ng iba pang aklat, ay magbubunyag ng maraming katotohanan sa sinumang mambabasa.

Gayunpaman, kapag walang gabay ng Banal na Espiritu, ang pag-unawa ng isang tao ay laging limitado. Ang intelektuwal na pag-aaral nang nag-iisa ay hindi maaaring maghayag ng espirituwal na katotohanan. Isinulat ni Pablo:

"Sapagkatsino ang nakakaalam ng mga kaisipan ng isang tao maliban sa espiritu ng taong iyon, na nasa kanya? Kaya't walang sinumang nakakaunawa sa mga kaisipan ng Dios maliban sa Espiritu ng Dios. Ngayon ay natanggap natin hindi ang diwa ng sanlibutan, kundi ang Espiritu na mula sa Dios, upang maunawaan natin ang mga bagay na malayang ibinigay sa atin ng Dios. At ipinagkakaloob ito sa atin sa pamamagitan ng mga salita na hindi itinuturo ng karunungan ng tao ngunit **itinuro ng Espiritu, nagpapakahulugan ng mga espirituwal na katotohanan sa mga espirituwal**. Ang likas na tao ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios, sapagkat ang mga ito ay kamangmangan para sa kanya, at hindi niya nauunawaan ang mga ito dahil ang mga ito ay nauunawaan lamang ng espiritu."¹²

Maaaring maunawaan ng isang hindi mananampalataya ang ilan sa mga mensahe ng Banal na Kasulatan, ngunit ang malalim na mga katotohanan ng Biblia ay ipinapahayag sa pamamagitan ng paggabay ng Banal na Espiritu. Ang pag-aaral ng Kasulatan ay higit pa sa pagkakaroon ng impormasyon; ito ay nangangailangan ng pananampalataya at pagsunod. Hanggang hindi tayo nagpapasakop sa awtoridad ng Salita ng Dios, ang Espiritu ng Dios ay hindi makagagawa ng kanyang pagkilos na nakakapagbago sa ating buhay. Dahil dito, dapat nating gawin ang dalawang bagay kapag pinag-aaralan natin ang Banal na Kasulatan:

1. Ang ating pag-aaral ng Kasulatan ay dapat na *simulan* sa pamamagitan ng panalangin. Dapat nating hilingin na patnubayan ng Banal na Espiritu ang ating pag-aaral. Isinulat ni Santiago, "Kung ang sinuman sa inyo ay nagkukulang ng karunungan, humingi siya sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat ng walang kapintasan, at ibibigay ito sa kanya."¹³

¹² 1 Cor. 2:11-14, *ESV*.

¹³ Santiago 1:5, *ESV*.

2. Ang ating pag-aaral ng Kasulatan ay dapat *sundan* ng isang personal na tugon. Ang layunin ng pag-aaral ng Bibliya ay higit pa sa intelektwal na impormasyon; ang layunin ay personal na pagbabago. Kung hindi tayo nabago sa pamamagitan ng ating pag-aaral, hindi natin nakuha ang layunin ng pag-aaral. Ang pagbabagong ito ay dumadating lamang sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Sa talinghaga ni Jesus, tungkol sa manghahasik at binhi, ang ilang binhi ay nahulog sa landas at kinain ng mga ibon. Ang ilang mga binhi ay walang ugat at namatay nang mainitan. Ang ilang mga binhi ay sinakal ng mga tinik. Ngunit ang ilang mga binhi ay nahulog sa "mabuting lupa, at nagbunga nang sagana." Ipinaliwanag ni Jesus na ang mabuting lupa ay "ang nakikinig sa salita, at nauunawaan ito."¹⁴ Ipinakikita ng talinghagang ito na posibleng marinig ang Salita na walang pagkaunawa. Nauunawaan lamang natin ang Salita ng Dios nang lubusan kapag binuksan natin ang ating mga puso sa tinig ng Banal na Espiritu.

Aralin 1 Pangunahing Puntos

(1) Ang Terminong "biblical hermeneutics" ay tumutukoy sa pag-aaral ng pagbibigay-kahulugan sa Biblia.

(2) Ang Bibliya ay nagbibigay ng ilang mga larawan na nagpapakita ng kahalagahan ng Bible study.

- Ang Biblia ay isang ilawan. Ginagabayan nito ang ating pang-araw-araw na landas.
- Ang Bibliya ay espirituwal na gatas. Mahalaga ito sa espirituwal na paglago.
- Ang Biblia ay matamis tulad ng pulot. Ang pag-aaral ng Salita ng Dios ay kasiya-siya.
- Ang Biblia ay ang tabak ng Espiritu. Pinalalakas tayo nito para sa espirituwal na tagumpay at para sa epektibong ministeryo.

(3) May tatlong hakbang sa proseso ng pag-aaral ng Biblia.

- Pagmamasid: Ano ang nakikita ko sa Biblia? Sa hakbang na ito, hinahanap ko ang:
 - Termino
 - Istruktura
 - Anyo ng Literatura
 - Atmosphere
- Interpretasyon: Ano ang kahulugan/ibig sabihin ng Biblia?
- Pagsasabuhay: Paano ko ilalapat ang Biblia sa buhay at sa ministeryo ngayon? Itatanong ko:

¹⁴ Mateo 13:3-23.

- Paano ito kumikilos para sa akin?
- Paano ito kumikilos para sa iba?

(4) Ang espirituwal na kapangyarihan sa interpretasyon ay nangangailangan ng higit pa sa kaalaman sa kaisipan. Kinakailangan nito ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

- Ang ating pag-aaral ng Banal na Kasulatan ay kinakailangang *sinisimulan* sa pamamagitan ng panalangin.
- Ang ating pag-aaral ng Banal na Kasulatan ay kinakailangang *sundan* ng isang personal na pagtugon.

Takdang Aralin

Upang simulan ang proseso ng pagpapakahulugan, pumili ng isa sa mga sumusunod na talata ng Kasulatan.

- Deuteronomio 6:1-9
- Josue 1:1-9
- Mateo 6:25-34
- Efeso 3:14-21
- Colosas 3:1-16

Pag-aaralan mo ang Kasulatan sa buong kurso. Para sa unang araling ito, basahin nang mabuti ang Kasulatan. Gumawa ng mga note sa tatlong bahagi:

(1) Pagmamasid: Ilista ang maraming mga detalye hangga't maaari tungkol sa Banal na Kasulatan na pinili mo. Depende sa Kasulatan, magkakaiba ang iyong mga detalye. Ang ilang mga katanungan na maaaring makatulong sa iyo ay ang mga ito:

- "Saan nagsimulang naitala ang mga pangyayari sa Banal na Kasulatan?"
- "Sino ang mga tauhan sa Kasulatang ito?"
- "Ano ang inuutos ng Kasulatang ito?"
- "Anong mga salita ang paulit-ulit sa Kasulatang ito?"

(2) Interpretasyon: Sa 2-3 pangungusap, ibuod ang mga pangunahing mensahe ng talata.

(3) Pagsasabuhay: Ilista ang 2-3mga paraan kung saan maaari mong ilapat ang Banal na Kasulatan sa iyong buhay at ministeryo.

Aralin 2

Unang Hakbang: Pagmamasid Pagtingin sa isang Talata

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Nauunawaan ang kahalagahan ng maingat ng pagbabasa ng Banal na Kasulatan.
- (2) Magtanong ng mga mahahalagang katanungan sa bawat aral na pinag-aaralan.
- (3) Magkaroon ng isang plano sa isang sistematikong pag-aaral ng Banal na Kasulatan.
- (4) Pagsasanay ng paggawa ng detalyadong obserbasyon sa mga napiling talata.

Panimula

► Ipalarawan sa bawat miyembro ng iyong grupo ang kanilang paglalakbay patungo sa lugar kung saan kayo magtitipon para sa kursong ito. Isama ang maraming mga detalye hangga't maaari. May nadaanang kabang anumang restaurant, simbahan, o negosyo? Gaano karaming mga stop signs o stop light ang nadaanang mo? Gaano karaming mga liko ang ginawa mo? May nadaanang ka bang anumang hindi pangkaraniwan, isang bagay na kadalasang wala roon sa iyong biyahe? Kapag tapos ka na sa iyong paglalarawan, talakayin kung gaano karami ang iyong naobserbahan at kung gaano karami ang pinapayagan mong lumagpas nang hindi napapansin.

"Buksan mo ang aking mga mata, Upang mamangha ako sa mga kahangahangang bagay mula sa iyong kautusan."
- Awit 119:18

Kapag binabasa ni Glenn ang Bibliya, nagtatapos siya sa isang mental picture. Kung hihilingin mo kay Glenn na basahin at ibuod ang Marcos 1:29-31, sasabihin niya, "Umalis si Jesus sa sinagoga sa Galilea kasama ang apat na disipulo (Simon, Andres, Santiago at Juan). Pumunta sila sa bahay ni Simon kung saan ang biyenang babae ni Simon ay nilalagnat. Ibinangon siya ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang kamay at agad na nawala ang lagnat. Nadama niya na mas mahusay na kanyang pakiramdam kaya't nagawa niyang ipaghanda sila ng pagkain. Hindi na niya kailangan ng oras upang magpahinga at magpagaling! "

Kapag binabasa ni Jonathan ang Biblia, binabasa niya ang mga salita ngunit nakikita lang ang ilang mga detalye. Kung hihilingin mo kay Jonathan na basahin at ibuod ang Marcos 1:29-31, sasabihin niya, "Dumalaw si Jesus sa bahay ni Simon at pinagaling ang isang tao."

Sino sa dalawang mambabasa ang nag-obserba? Aling mambabasa ang makakatanda sa kuwento nang mas matagal? Aling mambabasa ang may higit pang impormasyon kung saan ibabase ang isang interpretasyon ng kuwentong ito? Malinaw naman ang sagot. Nakita

ni Glenn ang nangyari sa Marcos 1:29-31. Nabasa ni Jonathan ang kabanata, ngunit hindi siya nag-obsesba.

Ang unang hakbang sa pag-aaral ng Bibliya ay "Obsesbasyon." Sa hakbang na ito, itinatanong natin, "Ano ang nakikita ko sa seksyong ito ng Banal na Kasulatan?" Ang isang susi sa epektibong interpretasyon ng Biblia ay mag obsesba hangga't maaari. Sa araling ito, matututuhan nating obsesbahan ang mahahalagang detalye sa isang talata. Maging matiyaga habang ginagawa mo ito; mas maraming pag-oobsesba, mas maraming materyal na mayroon ka para sa interpretasyon.

Obsesbasyon mula sa isang talata

Gawa 1:8:

*"Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan,
pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo:
at kayo'y magiging mga saksi ko
Parehong sa Jerusalem,
sa buong Judea,
at sa Samaria,
at hanggang sa dulo ng daigdig."*

Ano ang maaari nating obsesbahan sa isang talata?

Ano ang unang salita?

Ngunit. "Ngunit" ay isang pagkonektang salita na tumutukoy sa mga nakaraang verses. Sa Gawa 1:6, tinanong ng mga disipulo, "Panginoon, ibalik mo ba ngayon ang kaharian sa Israel?" Ngayon na nabuhay ka mula sa mga patay, itatatag mo ba ang iyong kaharian? Tumugon si Jesus sa dalawang pahayag:

- *"Hindi para sa iyo na malaman ang mga oras o mga panahon."* Ang Dios Amalang ang dapat makaalam.
- *"Ngunit kayo ay tatanggap ng kapangyarihan... at kayo ay magiging mga saksi ko."* Ito ang dapat mong bigyang pansin.

Sino ang kasama/kasangkot?

Ikaw. Sino ang kinakausap ni Jesus? Ang mga apostol (mga talata 2 at 4). Magbigay ng panahon upang itanong, "Sino-sino ang mga apostol na ito?" Gumawa ng listahan ng lahat ng bagay na alam mo tungkol sa mga apostol. Ang "sino" sa talatang ito ay nagpapakita ng kahanga-hangang kapangyarihang nakapagbabago ng Pentecostes.

- Ang mga ito ay Judio; sinusugo sila ni Jesus sa Samaria!

- Wala silang kapangyarihan upang pagalingin ang batang lalaki na sinasapian ng masamang espiritu;¹⁵ tatanggap sila ng kapangyarihan.
- Sila ay tumakbo sa takot sa pagdakip kay Jesus; sila ay magiging kanyang mga saksi hanggang sa dulo ng mundo.

Ano ang pandiwa ng pangungusap?

"*Ay tatanggap.*" Ang pandiwa ay nagsasabi sa atin kung ano ang nangyayari. Sa kasong ito, ang panahunan ay tumitingin sa isang bagay na *matatanggap nila sa hinaharap.*

Ano ang matatanggap nila?

"*Kapangyarihan.*" Ang mga Gawa ay magpapakita ng kapangyarihang ito sa ministryo ng mga apostol.

Nakapagsimula ka na rito. Gawin ang mga natitira pang ibang mga talata, sa pagsagot sa mga tanong na ito:

Kailan nila matatanggap ang kapangyarihan?

Sino ang magbibigay sa kanila ng kapangyarihan?

Ano ang resulta ng kapangyarihan? (Ang kapangyarihan ay nauuna sa pagsaksi. Ang likas na resulta ng kapangyarihang ito ay isang pagnanais na ibahagi ito sa iba.)

Kanino sila magiging saksi?

Saan sila sasaksi? ("Parehong" ay isang salita na nagsisimula sa isang serye ng apat na mga lugar kung saan sila ay sasaksi. Ano ang iyong nalalaman tungkol sa apat na mga lokasyon? Ano ang mga espesyal tungkol sa Samaria? Gusto ba ng mga apostol na Judio na pumunta doo?)

Pagpapahusay ng Iyong Kakayanan sa Pagmamasid

Malabo ang aking paningin. Noongnasa elementarya ako, hindi ko nakikita nang malinaw ang aking mga guro. Kinailangan kong lumakad sa harap ng kwarto upang basahin ang nakasulat sa pisara. Sa ikatlong grado, nagsimula akong magsuot ng salamin sa mata. Bigla, nakita ko ang mga bagay na hindi ko pa nakikita dati! Ang mga mukha ay malinaw; Nakikita ko ang pisara; ang mundo ay mas maliwanag.

Ang pagsasanay sa Mga Gawa 1:8 ay nagpapakita kung gaano mo kahusay inoobserbahan ang iyong nabasa. Pag-aralan natin ang ilang mga tips para sa pagpapahusay ng iyong mga kakayanansa pag-oobserba. Matututuhan mo ang mga dapat itanong na dadalhin ang Banal na Kasulatan sa mas malinaw na focus. Pagkatapos ay magpractice ka ng pagbabasa ng iba pang mga talata.

¹⁵ Markos 9:14-29.

Habang binabasa mo ang isang talata mula sa Biblia, mangyaring huwag sabihin, "Alam ko na ang talatang ito!" Sa halip, hilingin sa Dios na buksan ang iyong mga mata sa kanyang Salita sa isang bagong paraan. Ang mga kagamitan sa kabanatang ito ay makatutulong sa iyo na basahin nang may bagong pananaw.¹⁶

Basahin para sa Pag-unawa

Noong sampung taong gulang ako, nagpasiya ako na dapat kong basahin ang Biblia sa bawat taon. Ito ay isang magandang resolusyon; Sa kasamaang palad, hindi ko alam kung paano basahin ang Biblia nang epektibo. Nagkaroon ako ng isang kalendaryo na nagpapakita kung gaano karami ang babasahin sa bawat araw, ngunit madalas akong nahuhuli. Kapag Linggo nang hapon susubukan kong habulin. I-check ko ang aking kalendaryo at makita na ako ay nahuhuli ng dalawampung kabanata (sa Levitico!) Kaya, basahin ko ang lahat ng Levitico sa isang hapon. Gusto kong basahin nang mabilis hangga't kaya ko, sinusubukan na makarating sa dulo. Sampung minuto pagkatapos matapos, hindi ko maipapaliwanag sa iyo ang mensahe ng Levitico. Nagbasa ako nang walang pag-unawa.

Ang pagbabasa para sa pag-unawa ay mahirap na trabaho. Inilalarawan ng Bibliya ang paghahanap ng katotohanan tulad nito: "Kung hahanapin mo ito na parang pilak at hanapin ito gaya ng mga nakatagong kayamanan, kung gayon ay mauunawaan mo ang pagkatakot sa PANGINOON at matuklasan ang kaalaman ng Dios."¹⁷ Basahing mabuti ang Banal na Kasulatan. Magtanong. Mag tala. Basahin sa iyong isipan.

Kung minsan ay makakakuha ka ng bagong pag-unawa sa pamamagitan ng pagpaparaphrase ng Banal na Kasulatan sa iyong sariling mga salita. Habang ang iyong pagpaparaphrase ay hindi isang scolar na salin, makakatulong ito sa iyo na mag-isip nang malalim tungkol sa kahulugan ng teksto.

Mag Tanong Habang Ikaw ay Nagbabasa

Ang isang susi sa pagbabasa sa iyong isip ay magtanong. Mangyaring basahin ang Lucas 24:13-35 bago magpatuloy sa seksyong ito. Habang binabasa mo ang aralin, bumalik sa Lucas 24 upang sagutin ang bawat tanong. Ang ilang mga katanungan na itanong habang nagbabasa ay:

Sino?

Sino ang mga tao sa teksto? Ano ang alam mo tungkol sa bawat tao?

Sino ang mga tao sa Lucas 24:13-35? Si Cleopas at isang hindi pinangalanang kasamahan¹⁸ ay naglalakbay sa Emmaus sa araw ng muling pagkabuhay. Sila ay mga

¹⁶ Ang mga hakbang sa kabanatang ito ay mula sa Kabanatang 8-17 ng *Living By the Book*, ni Howard G. Hendricks at William D. Hendricks (Chicago: Moody Publishers, 2007). Maaari kang magkaroon ng dagdag na praktis at paliwanag sa pagbasa ng mga kabanatang iyon.

¹⁷ Kawiakaan 2:4-5, *ESV*.

¹⁸ Ang isang tradisyon ay nagpapahiwatig na si Lucas ang hindi pinangalangang kasama, na nagpapaliwanag sa dami ng detalye sa kuwento.

tagasunod ni Jesus na nakakaalam ng kanyang mga himala at mga aral.¹⁹Sa Linggong ito, sila ang naging unang mga tao na nakatanggap ng paliwanag ng pagdurusa at muling pagkabuhay ni Cristo na ipinaliwanag *ni Jesus mismo*; sila ay naging unang mga saksi sa muling pagkabuhay.

Ano?

Ano ang nangyayari sa teksto? Kung ito ay isang makasaysayang teksto, anong mga kaganapan ang nangyari? Kung ito ay isang liham, ano ang sinusubukang ituro ng manunulat?

Sa Lucas 24, ang kaganapan ay ang paghahayag ni Jesus. Bibigyan tayo ng upuan sa harap katulad ng mga mata ng dalawang lalaking ito na nabuksan sa katunayan ng muling pagkabuhay ni Jesus; "Nabuksan ang kanilang mga mata, at nakilala nila siya."

Kailan?

Tulad ng naunang tanong, "kapag" ay nagbibigay ng isang konteksto para sa ating pagbabasa. Sa yugto ng pagoobserba sa pag-aaral ng Biblia, hinahanap natin ang mga clues sa *teksto mismo*. Mula sa Lucas 24:13, nalaman natin na ang paglalakbay sa Emmaus ay nangyari sa parehong araw na ang libingan ay natuklasang walang laman.

Ang dalawang alagad na ito ay nakatagpo si Jesus ilang oras lamang pagkatapos na matagpuan na ang libingan ay walang laman. Ito ay nagsasabi sa atin ng isang bagay ng kanilang estado ng pag-iisip habang sila ay "nag-uusap at nangangatwiran."²⁰ Isipin ang mga mataas at mababang antas ng emosyon na naranasan ng dalawang lalaking ito sa nakalipas na tatlong araw.

Noong Huwebes, nadama nila ang kawalan ng pag-asa habang nakita nilang inaaresto si Jesus. Noong Biyernes, ang kanilang mga pag-asa para sa isang Messianic na kaharian ay nadurog sa huling hininga ni Jesus. Ngayon ay Linggo at ang libingan ay walang laman, ngunit hindi nila maintindihan. Habang sila ay naglalakbay papuntang Emaus, sinisikap nilang maunawaan ang mahiwagang serye ng mga pangyayari.

Saan?

Kadalasan ay makatutulong na itanong, "Saan ito nangyari?" Maraming magandang mapagkukunan para sa pagsagot sa tanong, "Saan?" Maraming mga Bibliya ang may mga mapa sa likod. Ang Internet resources tulad ng <http://bibleatlas.org/> ay magbibigay sa iyo ng mapa para sa bawat lokasyon na matatagpuan sa Kasulatan.

Sa Lucas 24, si Cleopas at ang kanyang kasama ay naglalakbay mula sa Jerusalem patungo sa Emmaus, isang village na may animnapung furlongs (11 kilometro) sa kanluran ng lungsod. Sa oras nang paglakad nila sa distansyang ito, ang araw ay "malayo na ang

¹⁹ Lucas 24:22, "mga babae sa aming samahan"; 24:24, "na kasama namin."

²⁰ Lucas 24:15.

nagamit." Ngunit nang mabuksan ang kanilang mga mata, ang mga lalaking ito ay malugod na nagbalik sa Jerusalem. Ang balitang ito ay hindi maaaring maghintay para sa susunod na araw!

Bakit?

Nakikita natin "Kung bakit ang mga alagad na ito ay nasisiraan ng loob" kapag sinasagot natin ang tanong na "kailan." Sila ay nasiraan ng loob sapagkat napanood nila ang lahat ng kanilang pag-asa para sa isang Mesiyas na natangay sa pagkamatay ni Jesus.

Paano?

Paano ang buhay ng mga alagad na ito ay nabago sa pakikipagtagpong ito? Bumalik sila sa Jerusalem na may tiwala na si Jesus ay bumangon mula sa mga patay. Tulad ng milyun-milyong tao mula noon, ang kanilang buhay ay binago magpakailanman sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Mag-uli.

Basahin ng Paulit-ulit

Si G. Campbell Morgan ay isa sa mga dakilang mangangaral ng ikadalawampung siglo. Si Morgan ay hindi kailanman pumasok sa Bible College, ngunit naging epektibo siyang guro ng Bibliya. Bago ang pangangaral sa isang teksto, binasa ni Morgan ang buong aklat ng Biblia na naglalaman ng kanyang napiling teksto ng hindi bababa sa apatnapung beses. Sa pamamagitan ng prosesong ito, natutunan ni Morgan kung paano nagtutugma ang bawat talata sa buong aklat. Alam niya ang mahahalagang tema ng aklat; naunawaan niya ang mensahe ng may-akda. Minsan sinabi ni Morgan, "Ang Bibliya ay hindi kailanman nagbubunga sa katamaran." Ang pagsusumikap sa Bibliya ay mahirap na trabaho.

Maaari kang magtanong, "Paano ko mababasa ang isang libro sa Bibliya ng apatnapung beses? Hindi ko matatapos ang Biblia." Maaaring hindi ito mas mahirap katulad ng iniisip mo. Karamihan sa mga matatanda ay nagbabasa ng 200 salita kada minuto; maaari silang magbasa ng 12,000 salita sa isang oras. Apatnapu't-apat na aklat ng Biblia ay naglalaman ng mas mababa sa 12,000 salita. Kabilang dito ang mga liham ni Pablo, Mga Pangkalahatang Sulat, mga Minor na Propeta, at mga aklat ng Lumang Tipan na sina Ruth, Ezra, Nehemias, Esther, at Daniel. Sa isang oras bawat araw, maaari mong basahin ang mga aklat ng Efeso, Filipos, Colosas, at 1 at 2 Mga Taga Tesalonica ng apatnapung beses sa loob ng apatnapung araw.

Ang pagbabasa ng isang buong libro ay nagpapakita kung paano nakaayos ang aklat. Mas maaga, binabasa natin ang Mga Gawa 1: 8 kung saan ang mga disipulo ay isinugo bilang "mga saksi ko parehong sa Jerusalem, at sa buong Judea, at sa Samaria, at hanggang sa pinakamalayo na bahagi ng mundo." Habang binabasa mo ang Mga Gawa ng paulit-ulit, ito ay nagbibigay ng isang pattern para sa buong libro. Sa unang bahagi ng Mga Gawa, ang pag-uusig ay dinala ang mga disipulo mula sa Jerusalem papunta sa ibang pang parte ng Judea; sa Mga Gawa 8, dinala ni Felipe ang ebanghelyo sa Samaria; sa pagtatapos ng Mga

Gawa, nangaral si Pablo sa Roma, kung saan magmumula ang ebanghelyo patungo sa mga dulo ng kilalang mundo.

Ang ilang Mga Tulong para sa Pagbabasa ng paulit-ulit

(1) Ang mga modernong kultura na umaasa sa nakasulat na pahina ay kadalasang nalilimutan na ang karamihan sa mga unang mga Kristiyano ay *narinig* na binabasa ang Biblia. Nang tanggapin ng simbahan sa Efeso ang sulat ni Pablo, hindi sila gumawa ng mga photocopy para sa bawat miyembro! Binasa ng lider ang sulat sa iba pang mga miyembro. Sa pamamagitan ng maraming kasaysayan, mas maraming tao ang tumanggap ng Salita ng Dios sa pamamagitan ng pakikinig kaysa sa pagbabasa. Ang mga sulat ni Pablo ay binasa sa mga simbahan; ang mga propeta ay nagsalita ng kanilang mga mensahe. **Sa pamamagitan ng pagbabasa ng isang liham nang malakas o sa pamamagitan ng pakikinig sa pagbasa nito bilang isang audio book, maririnig mo ang Salita ng Dios na binanggigit tulad ng unang bahagi ng iglesia na nakarinig ng Banal na Kasulatan.**²¹

(2) Kung mayroon kang maraming pagsasalin ng Bibliya na magagamit sa iyong wika, **maaari mong basahin ang aklat sa iba't ibang mga pagsasalin.** Ang ilang mga pagsasalin ay mas teknikal sa kanilang diskarte; ang ilan ay inilaan para sa mas madaling pag-unawa. Sa pagbasa mula sa higit sa isang pagsasalin, maaari kang makakuha ng bagong pananaw sa mensahe. Kung alam mo ang higit sa isang wika, makakatulong na mabasa ang Kasulatan sa pangalawang wika.²²

Ikaw Naman

Sa loob ng isang linggo, basahin ang Genesis 3 sa bawat araw. Sa bawat pagkakataon, isaalang-alang ang kuwento ng pagkahulog sa kasalanan mula sa isang iba't ibang mga pananaw.

Lunes: Basahin ang Genesis 3 mula sa pananaw ng makalangit na Ama. Ano ang pakiramdam ng Ama na makita ang kasalanan ng kanyang mga anak?

Martes: Ano ang pinakamahalagang talata sa kabanata?

Miyerkules: Basahin ang Genesis 3 mula sa pananaw ni Satanas. Paano niya sinusubukan na sirain ang kaugnayan ng Dios sa kanyang mga anak?

Huwebes: Basahin ang Genesis 3 habang isinasaalang-alang ang sakripisyo ni Jesus sa krus.

Biyernes: Basahin ang Genesis 3 mula sa pananaw nina Adan at Eva. Ano ang naramdaman nila habang naririnig nila ang paghatol ng Dios?

²¹ www.faithcomesbyhearing.com ay may audio Bibles sa mahigit sa 700 lengguwahe.

²² <http://www.biblegateway.com> ay nagbibigay ng libreng pagbasa sa translasyon ng Biblia sa maraming lengguwahe.

Sabado: Basahin ang Genesis 3 mula sa pananaw ng isang taong nagbabasa ng Bibliya sa unang pagkakataon. Paano mahalaga ang kwentong ito para maunawaan ang natitirang bahagi ng Biblia?

Isabuhay ang Aralin

May mga pagpipiliang mga plano na maaaring makuha sa <http://www.bible.com>, Gamit ito, maaari mong mabasa ang Bibliya sa isang taon. Ang isa pang plano, batay sa modelo ni G. Campbell Morgan, ay magbasa ng libro ng maraming beses sa isang buwan. Dahil ang apatnapu't apat na mga aklat sa Bibliya ay maaaring basahin sa loob ng isang oras o mas kaunti, maaari mong basahin ang isang aklat nang tatlung beses sa isang buwan sa isang oras bawat araw. Bagama't ito ay tila isang mabagal na proseso, ang paulit-ulit na pagbabasa ng isang libro ay magbibigay sa iyo ng mas malalim na pag-unawa sa Salita ng Dios. Ang pagbasa sa ganitong paraan, maaari mong mabasa ang buong Biblia ng tatlung beses sa loob ng anim na taon.²³

Pag-aralan ang Grammar

Nakikipag-usap sa atin ang Dios sa pamamagitan ng mga salita. Bagaman hindi mo kailangang maging isang dalubhasa sa wika upang maunawaan ang Banal na Kasulatan, ang mas mahusay na kaalaman mo sa nakasulat na wika, mas mauunawaan mong mabuti ang malalalim na mga katotohanan ng Salita ng Dios.

Bilang halimbawa, pag-aaralan natin ang grammar ng isa sa pinakatanyag na mga talata ni Pablo. "Nakikiusap ako sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng mga awa ng Dios, na iharap ninyo ang inyong mga katawan bilang isang buhay na handog, banal, at katanggap-tanggap sa Dios, na inyong makatwirang pagsamba."²⁴ Sa pagsusuri sa grammar ng isang teksto, tinitingnan natin ang:

Pandiwa

Ang mga pandiwa ay salita na nagsasabi ng pagkilos o pagiging. Mayroong dalawang pandiwa sa aksyon sa Roma 12: 1

- "*Nakikiusap*" ang ibig sabihin ay "apela," upang "makiusap," maging "nagmamakaawa." Nadarama ba ninyo ang pagmamadali ng kahilingan ni Pablo? Hindi ito isang kaswal na mungkahing; may malalim na damdamin sa paghingi ni Pablo sa kanyang mga mambabasa upang ibigay ang kanilang sarili ng lubos sa Dios.
- Ang "*Iharap*" ay isang aktibong pandiwa. Nangangailangan ito ng pagtatalaga ng sarili. Tinatawag ni Pablo ang kanyang mga mambabasa na "iharap ninyo ang inyong mga katawan," upang "ibigay ang inyong sarili" sa Dios.

²³ Nababalanse ang mahahabang mga aklat ng mga maiigsing mga aklat tulad ng Felimon at Tito na maaaring mabasa ng tatlung beses sa loob ng ilang araw lamang.

²⁴ Roma 12:1

Pangngalan

Sa Roma 12:1, ang mga pangngalang mahalaga sa ating pag-aaral ay kinabibilangan ng:

- "*Mga kapatid.*" Si Pablo ay sumusulat sa mga mananampalataya. Hindi niya tinatawag ang mga makasalanan sa pagbabalik-loob; Tinatawag niya ang mga mananampalataya sa isang mas malalim na pagtatalaga.
- "*Mga katawan.*" Ang natitirang bahagi ng Roma 12 ay nagpapakita na ang "mga katawan" ay kumakatawan sa ating buong pagkatao. Maaari nating ipakahulugan sa ibang pangungusap na , "ibigay ang inyong buong sarili."
- "*Ang awa.*" Ang pagtawag ni Pablo ay batay sa awa ng Dios. Alam ng Dios kung ano ang para sa ating kabutihan. Ang kanyang mga plano para sa atin ay "mga plano para sa kapakanan at hindi para sa kasamaan, upang bigyan ka ng isang hinaharap at isang pag-asa."²⁵
- "*Handog.*" Sa ilalim ng batas ni Moises, ang isang mananamba ay magdadala ng isang hayop bilang isang handog. Sa Kaharian ni Kristo, tinawag tayo upang lubusang ibigay ang ating sarili bilang mga buhay na handog.

Pang-uri

Ang mga pang-uri at pandiwa ay mga mapaglarawang salita na "nagpapalaki sa kahulugan ng mga salitang kanilang inilalarawan."²⁶ Sa Roma 12:1, ang "handog" ay binago ng serye ng mga salita.

- Ang ating handog ay "*nabubuhay.*" Hindi na tayo naghahain ng patay na hayop; ibinibigay natin ang ating buhay sa araw-araw na pagsuko.
- Ang ating sakripisyo ay dapat na "*banal.*" Ang isang sumasamba sa Lumang Tipan ay hindi maaaring magdala ng pilay o maysakit na hayop para sa handog; Ang isang mananampalataya sa Bagong Tipan ay hindi maaaring mag-alok ng marumi, masuwaying buhay para sa handog.
- Tanging ang isang kumpleto at handang handog ang "*katanggap-tanggap sa Dios.*"

Prepositional Phrases

Prepositions ay mga salitang tulad ng *sa (in), sa (on), sa (upon), sa pamamagitan ng (through), para (to), para sa (unto), at sa pamamagitan ng (by)*. Ang maliliit na salitang ito ay nagdadalang malaking kahulugan. Sa Roma 12:1, may mahalagang dalawang prepositional phrases:

²⁵ Jer. 29:11, *ESV*.

²⁶ Howard G. Hendricks at William D. Hendricks, *Living By the Book* (Chicago: Moody Publishers, 2007), 121.

- "*Sa pamamagitan ng awa ng Dios*" ay nagbibigay sa atin ng pamantayan para sa apela ni Pablo. Hindi ito ang pagbagsak ng isang sundalo sa isang kaaway; sa halip, ito ay ang masayang pagsuko ng isang bata sa kalooban ng isang mapagmahal na ama.
- Ang ating sakripisyo ay dapat na katanggap-tanggap "*sa Dios*." Sa Kristiyano, ang pag-apruba ng Dios ay ang tunay na gantimpala.

Pang-ugnay

Ang pangkonektang mga salita "*at*" o "*ngunit*" ay makapangyarihan. Inihahambing ng isang manunulat ang pangkonektang mga salita sa mortar na humahawak nang sama-sama sa mga bricks .²⁷ Sa Mga Gawa 1: 8, nakita natin na ang *ngunit* ay tumutukoy sa hindi pagkakaunawaan ng mga alagad.

Sa Roma 12: 1, ang "*kaya*" ay tumutukoy sa nakaraang seksyon. Kung babasahin mo ang buong aklat ng Roma, nakikita mo agad ang dalawang malaking dibisyon:

- Ang Roma 1-11 ay nagtuturo sa doktrina: paghatol sa kasalanan, pagbibigay-katwiran sa pamamagitan ng pananampalataya, pagpapakabanal sa mananampalataya, pagluluwalhati bilang ultimong layunin ng Dios para sa kanyang mga anak, at pagpili bilang paraan ng Dios sa pagtupad sa layuning ito.
- Ang Roma 12-16 ay nagpapakita ng praktikal na aplikasyon ng doktrinang ito. Dahil tayo ay naging matuwid sa harap ng Dios, ganito dapat tayo mamuhay. Dahil sa ating pinaniniwalaan (Roma 1-11), ito ang dapat nating gawin (Roma 12-16). Ang pagkonektang talata ay Roma 12: 1.

Ang tatlong malalaking seksyon ng 1 Pedro ay magkakaugnay. Hindi natin mauunawaan ang pagdurusa (3:13-5:11) hangga't hindi tayo nagpapasakop sa kalooban ng Ama (2:11-3:12); hindi tayo magpapasakop sa Ama hangga't hindi natin nalalaman ang Kanyang kapangyarihang makapagligtas (1:1-2:10).

Ikaw Naman

Maghanda ng isang chart sa Efeso. Ang chart na ito ay tutulong sa iyo na subaybayan ang apat na tema sa sulat ni Pablo. Nagbigay ako ng isang halimbawa. Kapag tapos ka na, magtanong:

- Ano ang kaugnayan sa pagitan ng bawat tema?
- Ang isa ba sa mga temang ito ay higit na nangingibabaw kaysa sa iba?
- Paano nakaugnay ang bawat tema sa pangkalahatang istraktura ng aklat?

Ang Tema	Mga Talata sa Tema	Buod ng Katuruan ni Pablo
Biyaya		
Si Satanas/ Masamang Espiritu	2:1-2	
Ang Ating Paglakad		
Panalangin		

Aralin 3 Pangunahing Puntos

(1) Ipinagpatuloy mo ang proseso ng pag-oobserbasa pamamagitan ng pag-aaral ng isang talata at pagkatapos, ng isang buong libro. Ang Biblia ay hindi orihinal na nahahati sa mga kabanata at mga talata. Dapat mong tiyakin na sinusunod mo ang natural na dibisyon ng teksto sa iyong pag-aaral.

(2) Kapag nagbabasa ng talata, hanapin ang:

- General papunta sa particular na mga relasyon
- Mga seksyon ng Tanong at sagot.
- Talakayan/Mga Pag-uusap
- Emosyonal na tono

(3) Kapag nagbabasa ng isang buong libro, hanapin ang

- Mga bagay na binibigyang diin. Maaaring bigyang-diin ng manunulat ang mga bagay sa pamamagitan ng:
 - Anghaba ng espasyo na iniukol dito
 - Ang nakasaad na layunin
 - Ang pagkakasunod-sunod ng materyal
- Mga bagay na inulit-ulit.
 - Mga naulit na salita o talata
 - Mga paulit-ulit na paglitaw ng mga tauhan.
 - Mga naulit na insidente o pangyayari
- Pagbabago ng direksyon
- Pampanitikang istruktura
 - Biographical structure
 - Geographical structure
 - Historical or chronological structure

(4) Ang paggawa ng isang chart ng isang bahagi ng Banal na Kasulatan o isang buong libro ay maaaring magbigay-linaw sa istruktura.

Takdang Aralin

Sa Aralin 1, pumili ka ng isang talata ng Banal na Kasulatan upang pag-aralan sa panahon ng kursong ito. Sapagsunod sa mga hakbang na ibinigay sa araling ito, gumawa ng maraming mga obserbasyon hangga't maaari sa Banal na Kasulatan na iyong pinili. Tandaan, hindi mo binibigyang kahulugan ang talata o naghahanda ng balangkas ng sermon. Naghahanap ka lang ng mga detalye sa mga pangungusap. Kung ito ay kapaki-pakinabang, maghanda ng isang chart na nagbubuod ng iyong mga obserbasyon. Kung ikaw ay nag-aaral bilang isang grupo, ibahagi ang iyong mga obserbasyon sa iyong susunod na pagkikita.

Aralin 4

Ikalawang Hakbang: Pagbibigay-kahulugan Panimula

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat :

- (1) Maunawaan ang kahalagahan ng maayos na pagbibigay-kahulugan sa Banal na Kasulatan.
- (2) Makita ang ilang mga hamon na nagpapahirap sa Biblical na pagbibigay-kahulugan.
- (3) Malaman ang mga bitag na maaaring humantong sa hindi tamang pagbibigay-kahulugan.
- (4) Pagpapanatili ng kapakumbabaan at pag-ibig sa kapwa sa Biblical na pagbibigay-kahulugan.

Panimula

Naaalala mo ba si Gene mula sa Aralin 1? Binabasa ni Gene ang Biblia araw-araw, ngunit hindi niya narinig ang tinig ng Dios sa pamamagitan ng kanyang binabasa? Ano ang mali? Si Gene ay walang proseso para sa pagbibigay-kahulugan sa kanyang nabasa. Nagbabasa siya, ngunit hindi niya naiintindihan.

Ang Gawa 8 ay nagkukuwento tungkol sa isang tao na nagbasa rin, ngunit hindi nakauunawa. Si Felipe, isang diyakono sa unang iglesya, ay pinangunahan ng Banal na Espiritu sa daan ng disyerto mula sa Jerusalem patungo sa Gaza. Doon nakilala niya ang isang opisyal ng Ethiopia na pabalik mula sa pagsamba sa templo sa Jerusalem. Ang opisyal ay nagbabasa mula sa aklat ng Isaias habang naglalakbay siya.

“Bigyan mo ako ng pang-unawa at susundin ko ang iyong mga utos; oo, tutuparin ko iyon ng aking buong puso.”
- Awit 119:34

Tinanong ni Felipe ang manlalakbay na ito, “Nauunawaan mo ba ang iyong binabasa?” Sumagot ang eunuko, “Paano ko maunawaan, maliban kung may gumagabay sa akin?” Habang ipinapaliwanag ni Felipe ang Salita ng Dios, naniwala ang lalaki kay Jesus bilang Anak ng Dios at nabautismuhan bilang isang bagong mananampalataya.

Napakahalaga na malaman kung paano bibigyang-kahulugan ang nabasa natin. Sa susunod na mga aralin ay pag-aaralan natin ang proseso ng pagbibigay-kahulugan ng Banal na Kasulatan. Matututuhan natin ang mga praktikal na hakbang para sa pagbibigay-kahulugan.

Ang Kahalagahan ng Pagbibigay-kahulugan

Sinasabi ni Ravi Zacharias ang kwento ng tatlong baseball umpire na tinatalakay ang kanilang papel sa laro. Sinabi ng unang umpire, "May mga bola at mayroong mga strikes. Tinatawag ko sila sa ano sila." Sa umpire na ito, mayroong layunin na katotohanan. May mga bola at mga strikes; ang trabaho ng umpire ay upang ipahayag kung ano ang totoo.

Sinabi ng ikalawang umpire, "May mga bola at mayroong mga strikes. Tinatawag ko sila sa paraang nakikita ko sila." Alam ng umpire na ito na may isang layunin na katotohanan, ngunit kinikilala rin niya ang mga limitasyon ng kanyang kaalaman. Napagtatanto niya na maaaring mali siya sa kanyang pagkaunawa sa katotohanan.

Sinabi ng ikatlong umpire, "May mga bola at mayroong mga strikes, ngunit wala silang ibig sabihin hanggang sa tawagin ko sila." Hindi nakikilala ng umpire na ito ang anumang layunin na katotohanan. Ipinipilit niya na ang tanging katotohanan sa laro ay ang katotohanan na nilikha niya. Pahayag lamang niya na siya lang ang gumagawa ng isang bagay na totoo. Ito ang postmodern na pananaw ng katotohanan; walang ganap na katotohanan sa pahayag.

Nakakalungkot, maraming Kristiyano ang naniniwala na ang Banal na Kasulatan ay walang layunin na kahulugan. Sinasabi nila, "Kung ano ang totoo para sa iyo ay maaaring hindi totoo para sa akin." Sa ganitong pananaw, ang bawat mambabasa ay lumilikha ng kanilang sariling "katotohanan."

Ang ikalawang umpire sa kuwento ni Dr. Zacharias ay nagbabalanse ng dalawang mahahalagang katotohanan:

1. May isang ibig-sabihin ang layunin ang Banal na Kasulatan. Ganito ang sabi ni Howard Hendricks, "'Ang ibig sabihin' nito ay hindi ang ating pansariling saloobin ang ginagamit sa pagbasa sa teksto ngunit ang layunin ng katotohanan ng Dios ang dapat gamitin sa pagbasa ng teksto."⁶⁹ Ang ating trabaho bilang mga mambabasa ay mahanap ang katotohanan ng Dios sa teksto.
2. Ang aking pagbibigay-kahulugan ay maaaring mali. Dahil dito, dapat kong mapagpakumbabang kilalanin ang mga limitasyon ng aking pang-unawa.


Sa yugto ng pag-oobserba, itinatanong natin, "Ano ang nakikita ko sa teksto?" Sa yugto ng pagbibigay-kahulugan, itinatanong natin, "Ano ang ibig sabihin ng teksto?" Kasunod nito, tinitingnan natin ang aplikasyon ng Banal na Kasulatan sa ating buhay.

Sinimulan natin ang proseso ng pagbibigay-kahulugan sa pamamagitan ng pagtatanong, "Ano ang ibig sabihin ng Banal na Kasulatan sa sumulat?" Inihahanda nitong itanong natin, "Ano ang kahulugan ng Banal na Kasulatan sa akin?"

⁶⁹ Howard G. Hendricks and William D. Hendricks. *Living By the Book*. Chicago: Moody Publishers, 2007, 201.

Mga Hamon sa Wastong Pagbibigay-kahulugan

Maraming mga hamon sa isang modernong mambabasa na nagpapaliwanag ng isang sinaunang teksto tulad ng Biblia. Ang oras at distansya na naghiwalay sa atin mula sa orihinal na may-akda ang nagpapahirap sa ating pagbibigay-kahulugan. Nagsasalita tayo ng ibang wika. Ang kultura natin ay naiiba kaysa sa kultura ng mga may-akda ng Biblia. Isang aklat-aralin ang nagpapakita ng ganitong hamon:⁷⁰



Ang larawang ito ay nagpapakita ng mga hamon na kasangkot sa pagbibigay-kahulugan sa Biblia para sa ating panahon. Ang Biblia ay isinulat para sa isang sinaunang mundo (1). Ang unang mga mambabasa ay nanirahan sa ibang kultura kaysa sa mambabasa ngayon. Ang ilog (2) na naghihiwalay sa kanilang mundo mula ngayon ay mas mahirap para sa atin na maunawaan ang Biblia. Ang ilog na ito ay binubuo ng mga pagkakaiba sa pagitan ng ating kultura at ng mundo ng Biblia. Ano ang mga pagkakaiba sa pagitan ng isang modernong mambabasa at ang orihinal na may-akda?

Wika

Ang Bibliya ay isinulat sa tatlong wika: Hebreo, Griego, at Aramaiko. Sa kasalukuyan, karamihan sa atin ay nagbabasa ng Biblia sa ating sariling wika. Lumilikha ito ng distansya sa pagitan natin at ng may-akda. Ang sinumang sumubok na magsalita ng pangalawang wika ay nauunawaan ang mga kahirapan ng wika.

⁷⁰ Image: "Interpreting the Bible" drawing by Anna Boggs, available from <https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52377290578>, licensed under CC BY 2.0. Concept from J. Scott Duvall and J. Daniel Hays, *Grasping God's Word: A Hands-On Approach to Reading, Interpreting, and Applying the Bible* (Grand Rapids: Zondervan, 2012).

Kultura

Katulad ng kahirapan sa wika ay ang kahirapan sa pagkakaiba ng kultura. Ang mga taongmay-akda ng Banal na Kasulatan ay bahagi ng isang kultura na mas naiiba kaysa sa ating mundo. Habang pinag-aaralan natin ang Banal na Kasulatan, dapat nating tanungin, “Ano ang matututuhan ko tungkol sa kultura ng sinaunang mundo na makatutulong sa akin na mas maunawaan at mabigyang-kahulugan ang mensahe ng Biblia?”

Heograpiya

Ang mga pangyayari sa Biblia ay nangyari sa totoong mga taong naninirahan sa tunay na lugar. Kapag mas mahusay na naiintindihan natin ang geography, mas mahusay nating makakayanang matawid ang ilog na naghahati sa ating mundo at sa kanilang mundo.

Ang malaman na ang kalsada sa pagitan ng Jericho at Jerusalem ay dumadaan sa isang mapanganib na lugar na bulubundukin ay nagpapaliwanag ng pag-iingat ng pari at Levita. Nagbibigay din ito ng pagpapahalaga sa pakikiramay ng isang Samaritano na nagtaya ng kanyang kaligtasan upang tulungan ang isang nasugatang estranghero.⁷¹

Marahil ay itinatanong ng mga mambabasa, “Bakit pinagdudahan ng mga alagad ang kakayahan ni Jesus na magpakain ng 4,000 sa Marcos 8 matapos siyang magpakain ng 5,000 sa Mark 6?” Ang isang mapa ay nagbibigay ng isang sagot. Sa Marcos 7, naglalakbay si Jesus sa Decapolis, isang lugar na puno ng mga Gentil. Ang tanong para sa mga alagad ay hindi, “*Kaya bangpakainin ni Jesus ang mga taong ito?*” sa halip, “*Pakakainin ba niya sila?*” Hindi sila naniniwala na karapat-dapat ang mga Gentil sa parehong himala. Hindi pa nila nauunawaan na si Jesus ay dumating para sa sangkatauhan.

	Marcos 6	Marcos 7	Marcos 8
Lugar	Galilea	<i>PAGLALAKBAY</i>	Decapolis
Mga tao	Judio	-	Gentil

Sinasabi sa Marcos 4 kung paano pinatahimik ni Jesus ang bagyo sa Dagat ng Galilea. Sa isang atlas ng Biblia, natutunan natin na ang Dagat ng Galilea ay isang malaking lawa, 210 metro sa ibaba ng antas ng dagat. Dahil ang mas mataas na elevation sa paligid ng lawa ay nagsisilbing isang funnel, ang mga hangin ay madalas na lumilikha ng marahas na bagyo sa loob ng ilang minuto. Bilang mga mangingisda na gumugol ng kanilang buhay sa dagat na ito, ang mga alagad ay sanay na sa marahas na bagyo. Ang katotohanan na natakot sila para sa kanilang buhay ay nagsasabi sa atin na ito ay hindi isang ordinaryong bagyo. Ito ay isang hindi pangkaraniwang napakalakas na bagyo, ngunit ito ay hindi nangailangan ng maraming salita mula kay Jesus upang ang dagat ay maging “higit na kalmado.” Hindi

⁷¹ Lucas 10:25-37.

kataka-takang sinabi nila, "Anong uri ng tao ito, kahit na ang hangin at ang dagat ay sumusunod sa kanya?"⁷²

Literatura

Gusto kong magbasa ng maraming iba't ibang uri ng mga libro. Ang bawat uri ng panitikan ay dapat basahin sa ibang paraan. Kung nagbabasa ako ng isang libro tungkol sa teolohiya, guguhitan ko ang mahahalagang pangungusap, maghahanap ng mga salita na hindi ko maintindihan, at mamarkahan ang mga ideya para sa karagdagang pag-aaral. Kung nagbabasa ako ng isang simpleng kuwento, mabilis kong i-scan ang aklat. Ang paraan ng pagbasa ko ay depende sa uri ng panitikan.

Ang parehong bagay ay totoo sa Banal na Kasulatan. Kapag binasa natin ang Roma, kailangang maingat nating sundan ang argumento ni Pablo habang ipinakikita niya kung paano tayo ginagawang tama sa Dios. Kapag binabasa natin ang isang talinghaga, nakikinig tayo sa isang tagapagkwento na nagtuturo sa pamamagitan ng isang kahanga-hangang kuwento.

Ngayon, bumalik sa larawan sa pahina 58. Kahit na ang isang ilog ng wika, kultura, heograpiya, at literatura ay naghihiwalay sa atin, ang Bibliya ay may mensahe na nagsasalita sa lahat ng kultura. Ito ang tulay (3) sa kabila ng ilog. Ang tulay ay binubuo ng mga prinsipyo na itinuturo ng Biblia. Ang mga prinsipyong ito ay nalalapat sa lahat ng kultura sa bawat edad.

Hinihilingan tayo ng mapa (4) na isaalang-alang kung nasaan tayo sa kuwentong biblikal. Kung binabasa natin sa Lumang Tipan, matututuhan natin na ang pagparito ni Cristo ay katuparan ng marami sa mga propesiya at mga batas. Ito ay magbabago kung paano natin bibigyang kahulugan ang mga talatang ito ng Banal na Kasulatan.

Sa wakas, dumating tayo sa ating mundo ngayon (5). Sa hakbang na ito, itatanong natin kung paano isasabuhay/ilalapat sa ating mundo ang prinsipyong natagpuan natin.

Bibisitahin nating muli ang chart na ito sa mga aralin sa hinaharap. Sa ngayon, dapat mong malaman ang mga hakbang. Pag-aaralan natin ang bawat hakbang sa mga susunod na aralin.

Maging Mapagbantay! Mga bitag para sa Nagbibigay-kahulugan sa Biblia

Maraming mga bitag para sa nagbibigay-kahulugan sa Bibliya. Kabilang sa mga bitag na ito ay:

Maling Pagbasa sa Teksto

May ilang mangangaral angnangaral na ayon daw kay Pablo, "Ang salapi ay ang ugat ng lahat ng kasamaan." Ngunit hindi ito sinabi ni Pablo! Sinabi niya, "Sapagkat *ang pag-ibigsa*

⁷² Marcos 4:36-41.

pera ay isang ugat ng lahat ng uri ng kasamaan.⁷³ Posible na magkaroon ng *pera* nang hindi nagmamahal dito, at posible na mahal in ang *pera*, kahit na wala kang maraming *pera*. Ang babala ni Pablo ay hindi lamang tungkol sa *pera*; ito ay tungkol sa isang puso na kontrolado ng pag-ibig sa *pera*.

Mali ang pagkakabasa ng ilang mga Kristiyano sa Awit 37:4 upang sabihin, "Ipinangako ng Dios na ibibigay sa akin ang mga hangarin ng aking puso. Gusto kong maging mayaman, kaya gagawin akong mayaman ng Dios." Sinabi ng Salmista, "Magalak ka sa *PANGINOON*; at ibibigay niya sa iyo ang mga hangarin ng iyong puso." Ipinangako ng awit na kung tayo ay nagagalak sa Panginoon, ang Dios ang magbibigay sa atin ng kagalakan - ang Panginoon. Nang maglaon, ipinangako ni Jesus na kung tayo ay gutom at uhaw sa katuwiran, mapupuno tayo - ng katuwiran.⁷⁴ Hindi ito isang pangako ng pinansiyal na kasaganaan; ito ay isang pangako ng isang bagay na mas mahusay-*espirituwal* na kasaganaan.

Ang unang hakbang na natutunan natin sa kursong ito ay *Pag-oobserba*. Ang ating mga obserbasyon ay dapat na wasto o ang ating pagbibigay-kahulugan ay magiging mali. Mag-ingat na huwag mamaling basahin ang teksto. Sinabi ng isang tao na ang unang tatlong hakbang ng pag-aaral sa Biblia ay:

1. Basahin ang teksto.
2. Basahin muli ang teksto.
3. Pagkatapos ng hakbang 2 - basahin muli ang teksto!

Pagbaluktot sa Teksto

Sa buong kasaysayan, binabaluktot ng mga huwad na guro ang Banal na Kasulatan upang ipagtanggol ang kanilang mga pagkakamali. Nagbigay ng babala si Pablo na may ilang mga tao na binabaluktot ang kanyang pagtuturo sa pagbibigay-katarungan sa pamamagitan ng pananampalataya lamang upang ipagtanggol ang kanilang pagnanais na magpatuloy sa sadyang kasalanan.⁷⁵ Nagkaroon ng panahon kung kailan ginamit ng ilang tao ang Banal na Kasulatan upang ipagtanggol ang pang-aalipin at maging ang Holocaust. Sa ngayon, may ilang mga ebanghelista ang bumabaluktot sa mga pangako ng Dios sa ebanghelyo ng kasaganaan na salungat sa katotohanan ng Banal na Kasulatan.

Nagbabala si Pedro sa mga nagbabaluktot ng Banal na Kasulatan "para na rin sa sariling pagkawasak nila"⁷⁶ Gayundin naman, binanggit ni Santiago ang mabigat na pananagutan ng mga nagtuturo.⁷⁷ Tayo na nagtuturo ng Biblia ay dapat mag-ingat na hindi natin baluktutin ang Banal na Kasulatan upang suportahan ang mga maling ideya.

⁷³ 1 Tim. 6:10, *ESV*.

⁷⁴ Mateo 5:6.

⁷⁵ Roma 6:1-2.

⁷⁶ 2 Pedro 3:16.

⁷⁷ Santiago 3:1.

Pagmamalabis na subjectivism⁷⁸

Ang kuwento ng tatlong umpires ay naglalarawan ng isa pang bitag para sa mga nagbibigay-kahulugan ng Biblia: ang ideya na ang lahat ng katotohanan ay subjective/ayon sa iyong paniniwala. Para sa mga naniniwala na ang lahat ng katotohanan ay depende sa iyong paniniwala/subjective, ang pag-aaral sa Biblia at paggamit ng isip ay hindi mahalaga. Sa halip, itinatanong lamang nila, "Ano sa *palagay/pakiramdam* ko ang ibig sabihin ng Banal na Kasulatan?" Habang ang damdamin at pakiramdam ay mahalaga, ang tunay na katotohanan ng Banal na Kasulatan ay nasa isinulat ng may-akda, hindi sa *nadarama ko* sa kanyang isinulat.

Isang guro ng Sunday school ang nagtanong sa klase, "Ano ang ibig sabihin ng salitang 'pananampalataya'?" Sumagot ang isang batang lalaki, "Ang pananampalataya ay ang paniniwala sa isang bagay na alam mong hindi totoo." Hindi naiintindihan ng batang ito ang pananampalataya. Ang pananampalataya sa Salita ng Dios ay hindi nangangahulugang "ang paniniwala sa isang bagay na alam mong hindi totoo." Ang pananampalataya ay ang tapat na pagtingin sa Banal na Kasulatan, paniniwala sa katotohanan ng Salita ng Dios, at pagtupad sa mahirap na gawain ng "tamang paggamit ng salita ng katotohanan."⁷⁹

Ang paggamit/paghawak sa Salita ng Dios ay nangangailangan na mahal in mo ang Dios nang iyong buong pag-iisip, Ito ay nangangailangan ng paghuhukay sa Salita upang hanapin ang malalalim na mga katotohanan ng Banal na Kasulatan.

Relativism

Ang relativism, ang ideya na ang kahulugan ng Banal na Kasulatan ay nagbabago sa paglipas ng panahon, ay may kaugnayan sa subjectivism.

Ibinibigay ni Howard Hendricks ang halimbawang ito. Itinuturo ng mga Ebanghelyo na si Jesus ay bumangon mula sa mga patay at nakita ng kanyang mga alagad. Sa 1 Corinto 15, itinuturo ni Pablo ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus bilang katibayan para sa ating sariling muling pagkabuhay sa hinaharap. Sa ngayon, itinatangi ng ilang iskolar ang katotohanan ng literal na muling pagkabuhay ni Jesus. Ang pagtanggap sa mga presuppositions ng isang mapag-alinlangang mundo, sinasabi nila, "Ang mga manunulat ng Ebanghelyo at si Pablo ay nangungusap tungkol sa isang espirituwal na muling pagkabuhay. Sa kanilang panahon, iniisip ng mga tao na posible ang pagkabuhay na mag-uli; sa ngayon alam natin ang totoo. Ipinakikita ng mga Ebanghelyo na si Jesus ay dapat 'mamuhay sa ating mga puso.'" Ito ay relativism; itinuturo nito na ang kahulugan ng Banal na Kasulatan ay nagbabago mula sa isang panahon hanggang sa isa pang panahon.

⁷⁸ Dahil limitado an gating kaalaman, an gaming interpretasyon ay palaging maglalaman ng isang antas ng subjectivism. Imposible para sa mga tao na ganap na objective (walang pinapanigan). Gayunpaman, possible na makilala hung panno naiimpluwensyahan ng aming mga subjective presupposisyon ang aming mga interpretasyon.

⁷⁹ 2 Tim. 2:15.

Totoo na ang Banal na Kasulatan ay *maisasabuhay* nang iba sa iba't ibang panahon. Gayunpaman, ang *kahulugan* ng Banal na Kasulatan ay di nababago. Ang ating trabaho bilang tagapagbigay ng kahulugan ay upang mahanap ang orihinal na mensahe ng teksto. Ang ating aplikasyon ngayon ay dapat na maging tapat sa orihinal na kahulugan.

Labisna Pagtitiwala

Ang subjectivism ay isang problema dahil sa kanyang palagay na walang mga ganap na katotohanan sa Banal na Kasulatan. Ang kabaligtaran problema ay panganib din: ang palagay na ang aking interpretasyon ay tama, na walang posibilidad ng pagkakamali. Pinag-aralan natin ang Salita upang makarating sa mga konklusyon tungkol sa kahulugan ng teksto; gayunpaman, dapat tayong magkaroon ng kapakumbabaan na tanggapin kapag mali ang ating mga konklusyon. Walang sinuman angnagtataglay ng lahat ng sagot.

Ang kapakumbabaan/kababaang-loob sa pagbibigay-kahulugan ay mahalaga. Habang pinag-aaralan mo ang Biblia, makikita mo ang mga lugar kung saan maging ang mga makadios na mga Kristiyano ay hindi nagkakasundo sa papanaw. Hindi ito palaging nangangahulugan na ang isang panig ay may "baluktot" na Banal na Kasulatan; maaaring ito ay isang tapat na hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng dalawang panig na parehong nakatuon sa katotohanan ng Banal na Kasulatan. Dapat nating panatilihin ang kapakumbabaan tungkol sa ating sariling pagbibigay-kahulugan at kawanggawa tungkol sa pagpapakahulugan ng mga hindi sumasang-ayon sa atin.

Ikaw Naman

Nasa ibaba ang isang listahan ng mga maling mga salaysay tungkol sa kung ano ang sinasabi ng Banal na Kasulatan. Upang makakuha ng isang mas mahusay na pagpapahalaga para sa maingat na pagbabasa, hanapin ang teksto na kung saan ay baluktot sa bawat halimbawa at tandaan kung ano talaga ang sinasabi ng Bibliya. kinumpleto ko na ang unang halimbawa para sa iyo.

Ano ang Sinasabi ng Ilang Tao	Ano ang Sinasabi ng Biblia
"Ang Pera ay ang ugat ng lahat ng kasamaan."	"Ang pagmamahal sa pera ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan" (1 Tim
"Hindi kailanman inangkin ni Jesus na siya ay Dios."	
"Sinabi ng Biblia na ang pagtatrabaho ay isang sumpa."	
"Lahat ng relihiyon ay humahantong sa parehong layunin."	

Aralin 4 Pangunahing Puntos

(1) Ang hakbang ng "Pagbibigay-kahulugan" ay nagtatanong, "Ano ang kahulugan ng teksto?"

(2) Ang ilan sa mga hamon na nagpapahirap sa pagbibigay-kahulugan ay ang mga:

- Wika
- Kultura
- Heograpiya
- Literatura

(3) Ang ilang mga bitag na humantong/nagdudulot sa maling pagbibigay-kahulugan ay ang:

- Maling pagbasa sa Teksto
- Pagbaluktot sa Teksto
- Pagmamalabis na subjectivism
- Relativism
- Sobrang pagtitiwala

Aralin 5

Ikalawang Hakbang: Pagbibigay-kahulugan Konteksto

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang studyante ay dapat:

- (1) Maunawan ang kahalagahan ng pangkasaysayang-kultural na background para sa pagbibigay-kahulugan sa Banal na Kasulatan.
- (2) Sundin ang mga kongkretong mga hakbang para sa paglipat mula sa orihinal na setting ng teksto papunta sa mundo ngayon.
- (3) Makita ang mga dapat itanong sa iba't ibang genre ng Banal na Kasulatan.
- (4) Makita kung paano ang isang indibidwal na talata ay tumutugma sa nakapaligid na konteksto
- (5) Gamitin ang mga hakbang na ito sa isang napiling talata ng Banal na Kasulatan.

Panimula

► Ano ang isang trunk?

Ang iyong agarang sagot ay depende sa iyong background. Kung mahilig ka sa mga puno, malamang una mong naisip ang isang puno. Kung galing ka mula sa isang African safari, maaaring naisip mo ang isang elepante. Kung ikaw ay British at naghahanda para sa isang mahabang paglalakbay, malamang na naisip mo ang lagayan na iyong dadalhin sa biyahe. Kung ikaw ay isang tipikal na Amerikano, malamang na naisip mo ang luggage compartment ng iyong sasakyan. Ang kahulugan ay nangangailangan ng konteksto.

Ang isa sa mga pinakamahalagang aspeto ng pagbibigay-kahulugan ng Bibliya ay ang konteksto ng talatang pinag-aaralan natin. Sa araling ito matututuhan nating pag-aralan ang makasaysayang kultura-konteksto, ang kontekstong pampanitikan, at ang nakapalibot na biblikal na konteksto ng isang teksto. Sa pagtatapos ng aralin, pagsasanayan mong gamitin ang pagbibigay-kahulugan sa Banal na Kasulatan alinsunod sa bawat uri ng konteksto.⁸⁰

Ang Pangkasaysayan-kultural na Konteksto

► Mangyaring basahin ang 2 Timoteo 4:6-22.

⁸⁰ Karamihan sa mga materyal sa kabanatang ito ay mula sa Kabanata 6-7, J. Scott Duvall and J. Daniel Hays, *Grasping God's Word: A Hands-On Approach to Reading, Interpreting, and Applying the Bible* (Grand Rapids: Zondervan, 2012).

Sumulat si Pablo kay Timoteo, "Sikapin mong makarating bago dumating ang taglamig."⁸¹
Pakinggan ang kahilingan ni Pablo sa liwanag ng sumusunod na background:

- Si Pablo ay nasa isang Romanong bilangguan. Sa lalong madaling panahon siyaay papatayin dahil sa kanyang pananampalataya.
- Si Timoteoay nagmiministryo sa Efeso, daan-daang kilometro ang layo.
- Ang paglalakbay sa dagat ay mapanganib sa taglagas at imposible na sa taglamig. Para makarating si Timoteo bago ang taglamig, dapat siyang umalis kaagad matapos niyang matanggap ang liham na ito.

Ang makasaysayang konteksto ay nagdaragdag sa ating pagpapahalaga sa damdamin sa likod ng kahilingan ni Pablo. Sinasabi ni Pablo ang higit pa kaysa sa, "Mangyaring bumisita ka kung kailan ka maluwag." Siya ay nagmamakaawa sa kanyang espirituwal na anak, "Gusto kong makita kang muli bago ako mamatay. Kung maghihintay ka hanggang sa taglamig, magiging imposible ang paglalakbay. Mangyaring pumunta ka bago mahuli ang lahat." Ang sulat ay may parehong mensahe kahit na wala kang alam tungkol sa makasaysayang konteksto, ngunit ang konteksto ay nagpapakita ng kasidhian/kabigatan ng kahilingan ni Pablo.

Ang konteksto ng kasaysayan at pangkultura ay mahalaga sapagkat ang Dios ay hindi nagdikta ng Biblia sa isang "pangkalahatang wika." May dalawang mahalagang pahayag tungkol sa Banal na Kasulatan:

- (1) Ang mga prinsipyo ng Banal na Kasulatan ay totoo
para sa bawat tao
sa bawat lugar
sa bawat oras.
- (2) Ang mga prinsipyo ng Banal na Kasulatan ay ibinigay
sa isang partikular na tao
sa isang partikular na lugar
at sa isang partikular na oras.

⁸¹ 2 Tim. 4:9, *ESV*.



82

1	Ang kanilang bayan	Ang orihinal na mensahe ng Kasulatan
2	Ang ilog	Ang mga pangkasaysayan-pangkulturang pagkakaiba na naghiwalay sa ating mundo mula sa sinaunang mundo.
3	Ang tulay	Ang prinsipyong itinuturo sa teksto.
4	Ang mapa	Kaugnayan sa Bagong Tipan (para sa mga talata ng Lumang Tipan)
5	Ang ting bayan	Ang aplikasyon ng prinsipyo sa ating mundo.

Ang mas mahusay na pagkakaunawa natin sa pangkasaysayan at pangkulturang background ng Banal na Kasulatan, mas mahusay na maunawaan natin ang unibersal na mga prinsipyo ng Biblia.

Habang pinag-aaralan natin ang pangkasaysayan-kultural na konteksto, binabasa natin ang Biblia sa "kanilang bayan" upang maunawaan ang mensahe para sa orihinal na tagapakinig. Pagkatapos ay tinitingnan natin ang "ilog," mga pagkakaiba sa kultura na naghihiwalay sa

⁸² Image: "Interpreting the Bible" drawing by Anna Boggs, available from <https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52377290578>, licensed under CC BY 2.0. Concept from J. Scott Duvall and J. Daniel Hays, *Grasping God's Word: A Hands-On Approach to Reading, Interpreting, and Applying the Bible* (Grand Rapids: Zondervan, 2012).

ating mundo at sa sinaunang mundo. Sa mas malalim na paghukay natin sa mundo ng Biblia, ay mas malinaw nating maririnig ang Salita ng Dios na nagsasalita sa ating mundo ngayon.

Ang pagbabasa ng Banal na Kasulatan sa kanyang orihinal na konteksto ay mahalaga sapagkat ito ang pundasyon para sa isang mahalagang prinsipyo para sa pagbibigay-kahulugan ng Biblia: **Ang anumang totoong pagbibigay-kahulugan ng isang teksto ng Biblia ngayon ay dapat na nakaayon sa orihinal na mensahe ng teksto.** Hindi ko dapat hanapin ang isang "kahulugan" na salungat sa orihinal na mensahe ng teksto.

Ano ang pangkasaysayan-kultural na konteksto? Ang pangkasaysayan-kulturang konteksto ay anumang bagay sa labas ng teksto na tumutulong sa atin na maunawaan ang teksto mismo. Kabilang dito ang mga tanong tulad ng:

- Ano ang katulad ng buhay para sa mga Israelita sa disyerto (ang konteksto para sa Exodo - Deuteronomio)?
- Ano ang kultura ng Palestino noong unang siglo (ang konteksto para sa mga Ebanghelyo)?
- Sino ang mga Judaizers na naging sanhi ng kaguluhan-sa-kalooban ni Pablo sa Galacia at Filipos?

Kabilang sa ilan sa mga dapat itanong kapag pinag-aaralan ang pangkasaysayan-kultural na konteksto ay:

(1) Ano ang Nalaman Natin Tungkol Sa Sumulat ng Biblia?

Yamang ang Dios ay nagsalita sa pamamagitan ng mga taong manunulat, ang kaalaman sa mga may-akda ay nakakatulong sa atin na mas maunawaan ang Salita ng Dios.

Kapag nagbabasa ng mga sulat ni Pablo, tandaan ang kanyang buhay bago ang pagbabalik-loob. Kapag inilarawan niya ang kanyang unang "pagtitiwala sa laman,"⁸³ nalalaman natin na ang mga Pariseo ay lubos na iginagalang dahil sa kanilang maingat na pagsunod sa Batas. Habang naaalaala natin ang kanilang pagpapaimbabaw at pagtanggap sa Jesus, dapat din nating tandaan ang kanilang pasidhing pagnanais na sundin ang kautusan ng Dios.

Sa kabilang banda, kapag inilalarawan ni Pablo ang kanyang sarili bilang ang "pinuno" ng mga makasalanan,⁸⁴ alalahanin na inuusig ni Pablo ang iglesia at ipinapapatay ang mga Kristiyano. Ito ay isang tao na namuhay sa alaala ng kanyang buhay bago makilala si Cristo sa daan patungong Damasco.

⁸³ Filipos 3:4-6.

⁸⁴ 1 Tim. 1:15.

Kapag nagbabasa ng Exodus, dapat nating malaman ang tungkol sa mga pribilehiyo ni Moises sa palasyo ni Paraon. Habang isinasaalang-alang natin ang luho ng buhay sa palasyo, ang Hebreo 11:25 ay nagiging mas makahulugan; "Sa halip pinili niya na magdusa sa kapighatian kasaman ng mga mamamayan ng Dios, kaysa sa tamasahin ang mga kasiyahan ng kasalanan sa loob ng isang panahon." Habang nakikita natin ang mga pagkakataong pang-edukasyon at kultural na tinatamasa ng batang si Moises, nakikita natin ang paghahanda ng Dios sa kanyang tagapaglingkod upang manguna sa isang dakilang bansa.

(2) Ano ang Nalaman Natin Tungkol sa Madla/Tagapakinig ng Biblia?

Kasama ng pag-aaral tungkol sa may-akda ng Bibliya, dapat nating matutunan nang mas higit ang tungkol sa orihinal na tagapakinig.

Karamihan ng materyal sa 1 at 2 Mga Cronica ay inulit mula sa Samuel at Mga Hari. Bakit? Isinulat ang Mga Cronica pagkatapos ng pagbabalik ng Israel mula sa pagkakatapon. Ipinapakita ng Mga Hari kung bakit pinahintulutan ng Dios ang Israel na magdusa ng kahatulan; Ipinakikita ng Mga Cronica na inaalagaan pa rin ng Dios ang kanyang mga mamamayan.

Nangaral si Jeremias sa mga araw sa panahon ng pagkawasak ng Jerusalem. Habang binabasa natin ang kanyang mensahe ng paghuhukom, dapat nating tandaan na ang ipinangakong paghatol ay hindi maiiwasan. Gayunman, sa Jeremias nabasa din natin ang pangako ng Dios, "Alam ko ang mga kaisipan/plano na inilaan ko para sa iyo, sabi ng PANGINOON, mga kaisipan/plano ng kapayapaan, at hindi ng kasamaan, upang bigyan ka ng isang pag-asa at magandang kinabukasan."⁸⁵ Ang pangakong ito ay hindi sa bisperas ng pagpapalaya, ngunit sa bisperas ng pagpapatapon. Ang plano ng Dios para sa kanyang mga mamamayan ay kinabibilangan ng paghatol na maghahatid sa kanila sa pagsisisi.

Ang sulat ng 1 Juan ay ipinadala sa mga Kristiyanong nakaharap sa isang maagang anyo ng Gnostisismo. Itinuro ng mga Gnostics na ang espiritu lamang ang mabuti; ang pisikal na bagay ay masama. Itinuro nila na si Jesus ay hindi tunay na tao; siya ay nagpakita lamang na tao. Pinaalalahanan ni Juan ang kanyang mga mambabasa na may pisikal na katawan si Jesus. "Na mula sa simula, na ating *narinig*, na ating *nakitang* ating mga mata, na ating *napagmasdan*, at *nahawakanng* ating mga kamay."⁸⁶

Itinuro din ng mga Gnostics na ang kaligtasan ay dumating sa pamamagitan ng lihim na kaalaman. Ipinakita ni Juan na dapat tayong sumunod upang magkaroon ng tunay na kaalaman sa Dios; "At dito ay nalalaman natin na kilala natin siya, kung sinusunod natin ang kanyang mga utos."⁸⁷ Ang kaalaman na nagdadala ng buhay na walang hanggan ay

⁸⁵ Jeremias 29:11.

⁸⁶ 1 Juan 1:1.

⁸⁷ 1 Juan 2:3.

kinakailangan ng pag-ibig; "Alam natin na tayo ay lumipat mula sa kamatayan tungo sa buhay, dahil mahal natin ang ating mga kapatid."⁸⁸

(3) Ano ang Nalalaman Natin Tungkol sa Pangkasaysayang Setting ng Aklat?

Minsan kaunti lamang ang alam natin tungkol sa may-akda o madla/tagapakinig, ngunit alam natin ang tungkol sa pangkalahatang setting ng kasaysayan. Hindi natin alam kung sino ang nagsulat ng aklat ni Ruth, ngunit alam natin na nangyari ang mga pangyayari "sa mga araw nang ang mga hukom ay namumuno."⁸⁹Ito ay isang panahon ng kaguluhan sa lipunan sa Juda. Itinatampok nito ang katapatan ni Ruth, isang biyudang Moabita.

Ang ginagampanan ng kamag-anak - manunubos sa Israel ay nagpapakita ng hindi pagiging makasarili ni Boaz sa pagpapakasal kay Ruth upang magbigay ng isang legal na tagapagmana para sa mga patay na anak ni Noemi. Isinakripisyo ni Boaz ang kanyang sariling mga karapatan sa ari-arian upang magbigay ng isang "anak na lalaki" para kay Naomi. Sa paggawa nito, napabilang si Boaz sa talaan ng angkan ni David.⁹⁰

Ang pangkasaysayang background ay mahalaga kapag binigyang-kahulugan ang aklat ni Jonas:

- Ang Nineveh ay ang kabiserang lungsod ng Assyria, ang pinakamapanganib na kaaway ng Israel.
- Malapit sa parehong panahon ng pangangaral ni Jonas sa Nineve, si Amos at si Oseas ay nagbabala tungkol sapaghatol ng Dios sa Israel na darating sa mga kamay ng mga taga-Asiria.

Mula sa pananaw ng tao, maaaring maintindihan ang pag-aatubili ni Jonas na mangaral sa mga taga-Asiria. Ang aklat ng Jonas ay nagpapakita ng pananaw ng Dios, ang pananaw ng Dios na nagmamahal sa buong sangkatauhan nang walang pag-aaalinlangan.

(4) Ano ang Nalaman Natin Tungkol sa Pangkulturang Setting ng Aklat?

Ang pangkasaysayan-pangkulturang kontekstong Banal na Kasulatan ay tumitingin din sa kaugaliang kultural ng biblical na mundo. Makakakuha tayo ng mga bagong pananaw sa mga talinghaga ni Jesus kapag binabasa natin ito ayon sa mga kaugalian ng unang siglong Palestina.

- Ang talinghaga ng Mabuting Samaritano ay kagulat-gulat sa isang Judiong tagapakinig. Ang mga tagapakinig ni Jesus ay hindi nasorpresa sa kabiguan ng mga lider ng relihiyon na tulungan ang isang nasugatang manlalakbay. Gayunpaman, inaasahan nila na ang tagapagligtas ay isang ordinaryong Judio, isang tao na "katulad

⁸⁸ 1 Juan 3:14.

⁸⁹ Ruth 1:1.

⁹⁰ Mateo 1:6, 16.

natin.” Sa halip, itinuturo ni Jesus sa kanilang masasamang kaaway, isang diskriminadong Samaritano, bilang modelo ng pagmamahal.

- Sa talinghaga ng Alibughang Anak, dapat nating tandaan/alalahanin na ang mga Judiong ama ay marangal/may dignidad. Sa pinakamabuti, maaaring salubungin ng ama ang kanyang anak na lalaki nang may pag-aatubili at pag-aalinlangan at pakinggan ang kanyang paghingi ng tawad; sa pinakamasama, ay itataboy niya ang kanyang anak. Sa halip, isinasantabi ng ama ang kanyang karangalan/dignidad sa kanyang kagalakan sa pagbabalik ng kanyang nawawalang anak. Ang pagkilos na ito ay labis na nakakagulat kaya’t ang ilang mga kultura sa silangan ay tinawag ang kuwentong ito na “Ang Talinghaga ng Tumatakbong Ama.” Sa katulad na paraan, ang ating Ama sa langit ay hindi naghihintay na tayo’y maging karapat-dapat tumanggap ng kapatawaran; Sa halip, hinahanap niya ang mga mapagrebeldeng mga makasalan. Ito ay isang larawan ng ating mapagmahal na Ama.

Ang mga sulat ni Pablo ay dapat basahin ayon sa kundisyon ng kultura noong unang siglo. Ang Efeso 5: 21-6: 9 ay nakakagulat sa mga mambabasa ni Pablo. Ang utos ni Pablo na ang isang asawang babae ay dapat magpasakop sa kanyang asawang lalaki ay normal; Ang kanyang utos na sundin ng mga asawang lalaki ang pagsasakripisyo ng sarili na inihalimbawa ni Cristo ay bago para sa mga Romanong tagapakinig. Inaasahan na sundin ng mga anak ang kanilang mga magulang, ngunit walang sinuman sa mundo ng Romano ang nanawagan sa mga ama na “huwag ninyong udyukan ang inyong mga anak sa galit.”

Nang tawagin ni Pablo ang mga taga-Filipos upang mamuhay na tila “ang ating pagkamamamayan ay sa langit,”⁹¹siya ay sumulat sa isang lunsod na may mga espesyal na mga pribilehiyo bilang mamamayan sa Imperyong Romano. Dahil ang lungsod ay itinatag bilang isang kolonya para sa mga retiradong sundalo, lubos na pinahahalagahan ng mga mamamayan ng Filipos ang kanilang pagkamamamayan. Ipinaalaala sa kanila ni Pablo na ang kanilang tunay na pagkamamamayan ay sa langit, hindi sa isang makalupang lunsod. Ang pagkaalam ng pangkasaysayan-kultural na background ay nagbibigay ng isang mas mahusay/mabuting na pag-unawa tungkol sa mga taga-Filipos.

Ang Kontekstong Pampanitikan/Literatura

Basahin ang Hukom 21:20-21. Isipin ang isang mangangaral na nag-aanunsyo, “Ngayon ay mangangaral ako tungkol sa Kristiyanong panliligaw. Sinasabi sa atin ng Hukom 21 kung paano dapat magkaroon ng asawa ang isang Kristiyano. Pumunta sa kalapit na nayon at maghintay sa mga damuhan. Kapag ang isa sa mga kabataang babae mula sa nayon ay dumating, kunin siya at dalhin sa iyong tahanan. Ito ang modelo ng bibliya para sa panliligaw.” Umaasa ako na babatikusin mo ang kanyang pagbibigay-kahulugan!

Ano ang mali sa pagbibigay-kahulugan ng mangangaral? Sinasabi ng Hukom na ang mga Benjaminita ay nakakuha ng mga asawa sa ganitong paraan. Sinasabi pa nga na ginawa

⁹¹ Filipos 3:20.

nila ito para sa isang mabuting dahilan - upang mapanatili ang isa sa mga tribo ng Israel. Gayunpaman, binabalewala ng mangangaral ang kontekstong pampanitikan/literatura. Ang kwentong ito ay dumating sa dulo ng Hukom, isang libro na nagpapakita ng pagtanggap ng Israel mula sa plano ng Dios na nagdudulot ng kaguluhan. Sa halip na ipakita ang plano ng Dios para sa pag-aasawa, ipinakikita ng kwentong ito kung ano ang nangyayari kapag ang mamamayan/bayan ng Dios ay nagrerebelde.

Ang kontekstong pampanitikan ng isang talata ay tumitingin sa pampanitikang genre (anyo/uri) ng talata. Ang konteksto ay tumutulong sa atin na mas mahusay na maunawaan ang mensahe ng talata. Ang terminong "genre" ay nangangahulugang ang anyo ng isang panitikan. Ang pag-unawa sa mga genre ay nagbibigay gabay sa ating mga inaasahan para sa pagbibigay-kahulugan.

Kung binabasa mo ang isang artikulo sa pahayagan tungkol sa isang katatapos lang na halalan para sa pagkapangulo, inaasahan mong basahin ang detalyadong mga katotohanan: kung gaano karaming tao ang bumoto, ilan ang bumoto para sa bawat kandidato, ang margin ng tagumpay, atbp. Kung binabasa mo ang isang tula tungkol sa isang mahusay na pangulo mula sa kasaysayan, inaasahan mo ang isang bagay na lubos na naiiba:naglalarawang mgasalita na nagpapahiwatig/nagtataas ng kanyang mga tagumpay na nakamit at magagandang paglalarawan ng kanyang mundo. Tinutukoy ng genre ang iyong mga inaasahan. Hindi ka magrereklamo kung ang tula ay hindi nagsasabi sa iyo ng margin ng tagumpay sa kampanyang pang-reeleksiyon ni Abraham Lincoln;hindi ito ang inaasahang gawin ng isang tula.

Ginagamit ng mga iskolar ang analogy ng isang laro upang ipaliwanag ang genre. Isipin ninyo ang isang tagahanga ng soccer na dumalo sa kanyang unang laro ng football sa Amerika. Sa football, maaaring itulak ng mga manlalaro ang kanilang mga katunggali; sa soccer, hindi iyon maaari. Sa football, maaaring hawakan ninuman ang bola, subali't isa lamang ang maaaring sumipa ditto; sa soccer, kahit sino ay maaaring sumipa sa bola, subali't isa lamang ang maaaring humawak dito. Malibang nauunawaan natin ang mga tuntunin ng laro, magiging nakalilito ang laro.⁹²

Sa parehong paraan, ang mga tagasulat ay sumusunod sa magkakaibang "tuntunin" para sa bawat klase ng literature. Ang pag-unawa sa klase ng literatura ay mahalaga sa pagbibigay-kahulugan sa Biblia. Ito ay hindi isang tanong tungkol sa *katotohanan* ng Kasulatan; ito ay isang tanong ng *pagbibigay-kahulugan* sa Kasulatan. Ang isang aklat ng karunungan (Ecclesiastes) ay nagpapahayag ng ibang bagay kaysa sa isang liham (Roma). Ang pag-unawa sa pagkakaiba ay makakatulong sa atin na bigyang-kahulugan ang bawat aklat ayon sa layunin ng sumulat. Narito ang isang maikling introduksiyon para sa mga pangunahing klase ng literature sa Kasulatan.

⁹² Ang halimbawa ay galing kay Robert H. Stein, *A Basic Guide to Interpreting the Bible: Playing by the Rules* (Ada: Baker, 1994), 75-76.

Exposition/Pagpapahayag

Ang eksposisyon/pagpapahayag ay nakaayos na pagtuturo. Gumagalaw ito sa isang lohikal na paraan mula sa punto A patungo sa B. Ang genreng ito ay pangkaraniwan sa mga liham ng Bagong Tipan, lalo na ang mga liham ni Pablo. Sa mga lihamna ito, inihahayag ni Pablo ang katotohanan sa malinaw na paraan ng isang mabuting guro.

Ang eksposisyon ay gumagamit ng pag-uugnay ng mga salita tulad ng *samakatuwid, at, o ngunit*. Kadalasan ay kinabibilangan ng mga tanong at sagot. Ang isang eksposisyon ay nagbibigay ng lohikal na pagpapakita ng katotohanan.

Sa Colosas, ipinakita ni Pablo ang isang pagpapahayag sa nature/kalikasan ni Cristo. Itinuro ni Pablo na si Cristo ay higit sa lahat ng mga pilosopiya at tradisyon ng tao. Sinusunod ni Pablo ang lohikal na pattern na ito:

(1) Ang pagbati ay kinabibilangan ng isang dahilan para sa liham (Col. 1:14).

“Upang kayo'y mapuspos ng kaalaman sa kaniyang kalooban sa lahat ng karunungan at espirtual na pagkaunawa.”

(2) Nagbigay si Pablo ng katibayan para sa pagiging superior/higit na autoridad ni Cristo (Col. 1:15-23)

- Siya ang panganay ng lahat ng nilalang.
- Sa pamamagitan niya ang lahat ng bagay ay nilikha.
- Siya ang pinuno ng iglesya.
- Ang pagkakasundo ay dumating sa pamamagitan niya.

(3) Ipinaalala ni Pablo sa kanyang mga mambabasa ang kanyang layunin sa pagsulat. Ang mensahe ng pinarangalang si Cristo ay ipinagkatiwala kay Pablo upang dalhin sa mga Gentil (Col. 1:24-2:5)

(4) Nagbabala si Pablo laban sa mga turo na tinatanggihan ang awtoridad ni Cristo (Col. 2:6-23).

- Legalismo
- Mysticism
- Asceticism

(5) *Samakatuwid*, dahil sa higit na superiority ni Cristo, ganito ka dapat mamuhay (Col. 3-4):

- Ang pagpapasakop kay Cristo ay makakaapekto sa ating moral na pag-uugali.
 - Hindi na tayo masisiyahan sa imoralidad (Col. 3:1-11).
 - Mabubuhay tayo sa kapayapaan at pagpapasalamat (Col. 3:12-17).

- Ang pagpapasakop kay Cristo ay makakaapekto sa ating relasyon sa iba (Col. 3:18-4:6).

(6) Ang pagtatapos na pagbati ay nagpapaalala sa mga mambabasa ng personal na pag-aalala ni Pablo para sa mga mananampalataya ng Colosas (Col. 4:7-18).

Ang sulat ni Pablo ay isang pagpapahayag ng doktrina ng pagkapanginoon ni Cristo. Itinuturo nito ang kalikasan ni Cristo at ang epekto ng katotohanang ito sa ating buhay bilang mga mananampalataya.

Liham

Ang genre ng sulat, o liham, ay may kaugnayan sa pagpaphayag. Karamihan sa sulat ni Pablo ay nasa anyo ng mga liham. Mayroong mga katanungan upang itanong kapag nabasa natin ang isang liham ng Bibliya:

(1) Sino ang tumatanggap ng sulat?

Kapag mas nalalaman natin ang iglesia o taong nakatanggap ng liham, mas mabuti nating mauunawaan ang liham. Kapag pinag-aaralan natin ang alinmang sulat ni Pablo, makakatulong na mas mauna sa ating pag-aaralan ang pagbabasa ng mga reperensiya sa Mga Gawa tungkol sa mga iglesiang tumanggap ng liham. Ito ay madalas na magbibigay ng isang mas mahusay na pagkakaunawa sa sulat. Halimbawa:

- Ang iglesia sa Filipos ay ipinanganak sa pag-uusig.⁹³ Itinatampok nito ang pagtuturo ni Pablo na dapat silang magalak kahit sa mahihirap na kalagayan.
- Ang Efeso (tulad ng iba pang mga liham ni Pablo) ay isinulat sa mga mananampalataya. Nang ipanalangin ni Pablo na ang mga mananampalataya sa Efeso ay “mapuspos ng lahat ng kapuspusan ng Dios,”⁹⁴ siya ay nananalangin na ang mga anak ng Dios ay tumanggap ng higit pa sa kapuspusan ng Dios. Siya ay nananalangin na ang mga Kristiyano ay gagawing “banal at walang kapintasan sa harapan niya sa pamamagitan ng pagmamahal.”⁹⁵

(2) Sino ang may-akda? Paano siya nauugnay sa tatanggap?

Kapag nakatanggap ka ng isang sulat sa mail, gusto mong malaman: “Sino ang sumulat nito?” Mas kilala mo kung sino ang sumulat, magiging mas kapana-panabik ang sulat. Sa katulad na paraan, kapag mas alam natin ang tungkol sa may-akda/sumulat ng isang liham sa Biblia, mas mauunawaan nating mabuti ang kanyang mensahe.

Sa kaniyang mga liham, binigyang diin ni apostol Juan ang pag-ibig. Si Juan ay kilala bilang “anak ng kulog” na gustong tumawag ng apoy mula sa langit para sa mga ayaw tumanggap

⁹³ Mga Gawa 16:12-40.

⁹⁴ Efeso 3:19.

⁹⁵ Efeso 1:4.

kay Jesus. Nagbibigay ito ng bagong pang-unawa sa pagbabago na dala ng Muling Pagkabuhay at Pentekostes.

Sinulat ni Pedro ang kanyang mga liham upang hikayatin ang naghihirap na mga Kristiyano. Tinitiyak niya sa kanila na maaari silang maging matapang sa harap ng mga pag-atake ni Satanas.⁹⁶ Ang pag-alala sa takot ni Pedro sa paglilitis kay Jesus ay nagpapakita ng pagbabago sa buhay ng alagad na ito.

Ang malaman ang relasyon sa pagitan ng may-akda at ng tatanggap ay kadalasang nakakatulong sa pagbabasa ng isang liham. Ang mainit na relasyon ni Pablo sa iglesia sa Filipos ay nakikita sa kanyang mga maliligayang sulat. Sa kabilang banda, ang problema sa pagitan ni Pablo at mga rebeldeng kasapi sa Corinto ay humantong sa matinding pagsaway ng 1 at 2 Corinto.

(3) Anong mga pangyayari ang nagbigay inspirasyon sa liham?

Alam natin ang mga pangyayari na nagbigay inspirasyon sa ilan sa mga liham ni Pablo. Ang 1 at 2 Corinto ay isinulat bilang tugon sa mga problema at katanungan sa Corinto. Ang Filemon ay isinulat bilang isang apela sa ngalan/katayuan ng isang tumakas na alipin, si Onesimo.

Ang sulat sa mga taga-Galacia ay nagpapakita ng halaga ng pag-unawa sa mga kalagayan ng isang liham. Ang ilang mga talata sa Galacia, malamang na itanong mo, "Ano ang mali sa Galacia?" Nagsimula si Pablo, "Nagtaka/nagulat ako na mabilis kayong tumalikod sa kanya na tumawag sa inyo sa biyaya ni Cristo at lumipat sa ibang ebanghelyo."⁹⁷ Pagkatapos nagiging malinaw na iniwan ng mga bagong nagbalik-loob ang ebanghelyo ng pagbibigay-katarungan sa pamamagitan ng biyaya para sa isang mensahe ng pagbibigay-katarungan sa pamamagitan ng gawa. Ang madamdaming mga salita ni Pablo ay naudyukan ng kanyang pagmamahal sa mga bagong nagbalikloob. Ang mensahe ng pagbibigay-katarungan sa pamamagitan ng pananampalataya lamang ay isang mensahe kung saan ipinagkatiwala ni Pablo ang kanyang buhay. Siya ay nagulat na iniwan ng mga taga Galacia ang katotohanang ito para sa isang maling ebanghelyo.

Salaysay

Ang salaysay ay kuwento. Karamihan sa Bibliya ay isinulat sa genre ng salaysay: Ang Genesis, Exodo, mga bahagi ng Mga Bilang, mga aklat ng kasaysayan ng Lumang Tipan, Mga Ebanghelyo, at Mga Gawa. Ang mga itinatanong natin kapag binabasa natin ang salaysay ay kinabibilangan ng:

(1) Ano ang balangkas/plot?

Kapag binabasa ang mga sulat ni Pablo, hinahanap natin ang kanyang lohikal na argumento. Kapag nagbabasa ng salaysay, hinahanap natin ang hugis ng balangkas. Halimbawa,

⁹⁶ 1 Pedro 5:8-9.

⁹⁷ Gal. 1:6, *ESV*.

sinundan ng ebanghelyo ni Lucas ang ministeryo ni Jesus sa Galilea; pagkatapos ay tinitingnan nito ang paglalakbay ni Jesus sa Jerusalem at naka-focus sa kanyang pagtuturo tungkol sa pagiging alagad; Nagtatapos si Lucas na may-focus sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus sa Jerusalem. Sa Mga Gawa, ipinakita ni Lucas ang lumalaking ministeryo ng iglesia. Muli, sinusunod niya ang heograpikong "balangkas." Ang ebanghelyo ay ipinangangaral sa Jerusalem; pagkatapos dadalhin ang ebanghelyo sa buong Judea at Samaria; sa wakas, ang ebanghelyo ay papunta sa dulo ng mundo sa pamamagitan ng ministeryo ni Pablo sa Roma.

(2) Sino ang mga tauhan/character?

Mula sa mga character sa mga kwento sa Biblia, nakikita natin ang mga kalakasang dapat gayahin at mga kahinaan na dapat maiwasan. Nagtatanong tayo tulad ng, "Ano ang naging dahilan ng pagiging epektibong pinuno ni Nehemias?" At "Ano ang naging kaibahan ng kabiguan ni Saul at ng tagumpay ni David?" Inihambing natin ang mga pamamaraang pang-ebanghelyo nina Pedro at Pablo. Sa salaysay, nakakakuha tayo ng isang larawan ng mga tao.

(3) Ang salaysay ba ay ayon sa nakasanayan/norms o naglalarawan?

Sa pagbabasa ng mga salaysay, dapat nating tanungin kung ang mga aksyon ay normative/normatibo o naglalarawan. Ang salaysay na "normative/normatibo" ay nagbibigay ng isang modelo ng kung ano ang inaasahan ng Dios sa kanyang mga mamamayan. Sa kabaligtaran, ang isang "naglalarawan" salaysay ay naglalarawan lamang ng isang sitwasyon; hindi ito nagbibigay ng isang modelo na susundan.

Ang imaginary na mangangaral sa simula ng seksyon na ito ay nabigo na itanong, "*Ang mga Hukom ba ay nag uutos ng aksyong ito oinilalarawan lamang ang aksyong ito?*" Ang mga Hukom 21 ay naglalarawan ng mga aksyon ng Israel; hindi nito iniuutos ang pag-uugali.

Kapag nagbabasa ng salaysay, dapat nating tanungin, "Ito ba ay isang pattern na susundan?" O "Ito ba ay isang paglalarawan lamang?" Sa maraming pagkakataon, ang sagot ay simple; walang nag-iisip na ang mga Hukom 21 ay nag-uutos sa atin na mangkidnap ng asawa! Gayunpaman, maraming mga pagkakataon ay hindi ganoon kalinaw. Ang mga Gawa ay partikular na mahirap. Dapat bang makita ng bawat iglesia ang mga himala na nagging markang unang iglesia? Ang lahat ba ng mga mananampalataya na puspos ng Espiritu ay nagsasalita sa ibang mga wika? Pinapatay ba ng Banal na Espiritu ang sinumang nagsisinungaling sa pastor?

Paano tayo magpapasya kung ang isang talata ay normative o naglalarawan? Kung hindi natin maayos na masagot ang tanong na ito, tayo ay mamamali sa pagbasa sa mga salaysaly tulad ng Mga Hukom at Mga Gawa. Kung hindi natin masasagot ng tama ang tanong na ito, ang ating pagbabasa ng salaysay ay nagiging napaka-subjective; tayo ay kukuha at pipili batay sa ating mga personal na kagustuhan. Tandaan ang prinsipyong ito:

kung ang isang talata ay normative, maaari nating asahan ang malinaw na pagtuturo o paulit-ulit na mga halimbawa sa iba pang mga talata.

Halimbawa, ipinakita ng Mga Gawa na ang mga unang Kristiyano ay masigasig tungkol sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Ito ay normative; Inuutusan tayo ng Mateo 28:19-20 na gumawa ng mga alagad. Ipinapakita ng Mga Gawa ang mga gawain ng Banal na Espiritu sa iglesia. Alam natin na ito ay magiging isang normal na bahagi ng buhay ng iglesia dahil ipinangako ni Jesus na ang Banal na Espiritu ay magpapalakas sa ministeryo ng kanyang mga tagasunod.⁹⁸ Kung mabibigo tayo na mag-ebanghelyo o ipakita ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa ating ministeryo, hindi natin naisasabuhay ang modelo ng Mga Gawa. Ang mga halimbawang ito ay normative para sa simbahan.

Sinasabi rin sa atin ng Mga Gawa na ang mga Kristiyano ay may mga bagay na karaniwan sa lahat at sumasamba sa mga pribadong tahanan. Ang mga pagasasanay na ito ba ay iniutos sa Banal na Kasulatan? Hindi. Ang pagsasanay na ito ay boluntaryo, hindi kinakailangan:

“Ananias, bakit napuno ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Banal na Espiritu at itinago para sa iyong sarili ang bahagi ng mga kinita ng lupain? Habang nananatili pa itong hindi naibebenta, hindi ba ito ay nananatili sa iyong sarili? At pagkatapos na ito ay ibenta, hindi ba dapat na iyong ipamigay ito?”⁹⁹

Ayon kay Pedro, ang pera ay kay Ananias; hindi niya kinakailangang ibigay ito sa iglesia. Katulad nito, hindi iniutos ng Banal na Kasulatan na sumamba tayo sa mga pribadong tahanan. Ang pag-uusig sa mga Kristiyano ay malamang na naging dahilan sa kanilang buhay sa komunidad at pagsamba sa bahay. Sa katulad na paraan, ang mga Kristiyano sa ilang bahagi ng mundo ngayon ay natutuklasan na ang pagsamba sa bahay ay mas ligtas kaysa sa pagtitipon sa isang pampublikong gusali. Ito ay batay sa mga indibidwal na pangyayari/kalagayan, hindi isang unibersal na utos.

Dahil dito, maaari nating ipagpalagay na ang pagsamba sa mga pribadong tahanan at ang pagkakaroon ng pangkaraniwang bagay sa lahat ay naglalarawan, hindi normatibo. Ang mga Gawa ay naglalarawan ng isang partikular na panahon sa kasaysayan; hindi ito naguutos sa mga gawi/pagsasanay para sa lahat ng oras.

► Ang kaloob ng pagsasalita ng mga wika (o tongues) basa Mga Gawaay normative o naglalarawan?

Inilalarawan ng Mga Gawa ang kaloob ng mga wika sa araw ng Pentekostes. Wala saanman sa Banal na Kasulatan ang nag-uutos sa atin na magsalita ng iba’t-ibang mga wika. Inilalarawan ng Mga Gawa 2 ang isang himala kung saan ang Espiritu Santo ay pinatunayan sa publiko ang mensahe ng bagong panganak na iglesiang Kristiyano.

⁹⁸ Mga Gawa 1:8.

⁹⁹ Mga Gawa 5:3-4, *ESV*.

(4) Ano ang mga alituntuning itinuturo sa salaysay?

Ayon kay Pablo, ang mga pagsasalaysay ng Bibliya ay ibinigay “para sa ating pagtuturo.”¹⁰⁰ Ipinakikita nito kung paano kumikilos ang Dios sa kasaysayan ng tao at kung ano ang nakalulugod o hindi nakakalugod sa Dios. Bilang mga mambabasa, dapat nating makita ang mga alituntunin mula sa salaysay.

Bihirang sinasabi ng kuwento, “Nagreklamo ang mga Israelita laban sa Dios at pinarusahan. Hindi ka dapat magreklamo laban sa Dios.”¹⁰¹ Sa halip, sinabi sa atin na ang Israel ay nagreklamo laban sa Dios; nakita natin ang mga kahihinatnan ng kanilang kasalanan, at inaasahan makita natin ang alituntuning itinuro. Sa halip na direktang mga utos, ang mga salaysay ay nagbibigay ng mga positibong halimbawa upang sundin at negatibong mga halimbawa upang maiwasan. Sa aklat ni Josue, nakita natin na ang pagsunod/pagtalima sa Dios ay nagdudulot ng tagumpay; sa aklat ng Mga Hukom, nakita natin na ang pagsuway ay nagdudulot ng kaguluhan.

Talinghaga

Ang isang talinghaga ay isang kuwento na nagtuturo ng espirituwal o moral na aral. Ito ang isa sa mga paboritong paraan ni Jesus nang pagtuturo.¹⁰² Sa pamamagitan ng mga talinghaga, itinuro ni Jesus ang tungkol sa panalangin (ang Pariseo at ang Publikano sa Templo), pag-ibig sa ating kapwa (ang Mabuting Samaritano), ang kalikasan ng Kaharian ng Dios (mga Talinhaga sa Mateo 13), at awa ng Dios sa mga makasalanan (ang Alibughang Anak).

Gamit ang mga talinhaga nagawang sawayin ni Jesus ang kanyang mga tagapakinig nang walang direktang komprontasyon. Ang kalikasan ng kuwento ang nagbukas ng mga tainga ng mga tagapakinig ni Jesus sa kanyang mga salita hanggang sa sila’y biglang nagulat sa pagkilala, “Ako ang tinutukoy niya!” Ganoon din ang ginawa ni Propeta Nathan nang ikuwenton niya kay David ang isang talinghaga tungkol sa tupa ng isang mahirap na lalaki.¹⁰³ Hindi niya nalaman hanggang sa sinabi ni Nathan, “Ikaw ang lalaking iyon,” kaya naunawaan ni David na ang kuwento ay tungkol sa kanyang sarili.

Upang malaman ang punto ng isang talinghaga, itinatanong natin:

(1) Anong tanong o sitwasyon ang nagbigay inspirasyon sa talinghaga?

Kung ang pakahulugan natin ay hindi sumagot sa itinanong kay Jesus, malamang na hindi natin nakuha ang punto ng talinghaga.

Halimbawa, nagbigay si Augustine ng isang bantog na pagbibigay-kahulugan ng talinghaga ng Mabuting Samaritano. Ayon kay Augustine, si Jesus (ang Samaritano) ang nagligtas kay

¹⁰⁰ 1 Cor 10:11, *ESV*.

¹⁰¹ Mga Bilang 21:5-6.

¹⁰² Mateo 13:34.

¹⁰³ 2 Sam. 12:1-10.

Adam (ang lalaki) mula kay Satanas (ang mga magnanakaw) at dinala siya sa iglesia (ang tuluyan) para sa kaligtasan. Binayaran ni Jesus si Pablo (ang tagapangasiwa) ng dalawang denarii (ang pangako ng buhay na ito at ang buhay na darating) upang ibigkis ang kasalanan (ang mga sugat). Gayunpaman, hindi binibigyang pansin ng pagbibigay-kahulugan ni Augustine ang tanong na nagbigay-inspirasyon sa kuwento ni Jesus, "Sino ang kapwa ko?" Ang sagot ng talinghaga ni Jesus ay, "Ang isang taong nangangailangan sa aking landas ang aking kapwa-at ang aking responsibilidad."¹⁰⁴

Ang talinghaga ng Alibughang Anak ay sumasagot sa isang partikular na sitwasyon. "Ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanan ay lumalapit upang marinig siya. At ang mga Fariseo at ang mga eskriba ay nagbulung-bulungan na nagsasabi, 'Ang taong ito ay tumatanggap ng mga makasalanan at kumakain kasama nila.' Kaya sinabi niya sa kanila ang talinghagang ito:"¹⁰⁵

- Ang pastol ay may nawalang tupa. Tingnan ninyo ang kanyang kasiyahan kapag natagpuan ang tupa!
- Ang isang babae ay nawalan ng barya. Tingnan ninyo ang kanyang pagsasaya kapag natagpuan ang barya!
- Ang isang ama na nawalan ng anak. Tingnan ninyo ang kanyang pagsasaya kapag natagpuan ang kanyang anak!

Kaya, ipinahihiwatig ni Jesus, "Hindi kayo dapat magulat kung kumakain ako kasama ng mga makasalanan. Tingnan mo ang kagalakan sa langit kapag ang isang makasalanan ay nagsisisi!"

(2) Ano ang pangunahing punto (o mga punto) ng talinghaga?

Ito ay may kaugnayan sa unang tanong. Karamihan sa mga guro ngayon ay nagmumungkahi na ang isang talinghaga ay mayroong isang pangunahing punto para sa bawat pangunahing character sa kuwento. Ang pangunahing aral ng talinghaga ay direktang nauugnay sa tanong o sitwasyon na nagbigay inspirasyon sa talinghaga. Ang iba pang mga aralin ay maaaring dumating mula sa mga character na kasama sa kuwento.

Ang kuwento ng alibughang anak ay nagtatampok ng tatlong tao. Nakita na natin na ang pangunahing aral ng kuwento ay ang kagalakan sa langit sa isang makasalanan na nagsisi. Sinasagot nito ang sitwasyon na nagbigay-inspirasyon sa kwento ni Jesus. Ano kaya ang itinuturo sa atin ng tatlong tauhan?

¹⁰⁴ Lucas 10:36-37.

¹⁰⁵ Lucas 15:1-3, *ESV*.

Tauhan	Aral
Ang Alibughang Anak	Ang makasalanang lumalapit sa Dios na nagsisisi ay makakatagpo ng kapatawaran.
Ang Mapagmahal na Ama	Higit pa sa isang nag-aatubili at may kabigatang kagustuhan na magpatawad, ang ating Ama sa langit ay nagdiriwang sa pagpapatawad.
Ang Nakatatandang Kapatid	Posibleng sumunod sa utos nang walangpuso ng tunay na anak.

(3) Anong mga detalye ng kultura ang mahalaga sa talinghaga?

Ang mga talinghaga ni Jesus ay madalas na lumalaban sa inaasahang kaugalian ng kanyang kultura. Ito ang dahilan kung bakit nakakagulat ang mga ito: tumatakbo ang isang ama upang batiin ang isang rebeldeng anak; isang Samaritano ang bayani; ang isang walang-kapangyarihan na balong babaeng ay tinalo ang di-makatarungan, ngunit makapangyarihang hukom. Mas mahusay na nauunawaan natin ang pangkulturang kalagayan ng talinghaga, mas malinaw nating nakikita ang mensahe.

Tulad ng naunang nabanggit sa araling ito, hindi tumatakbo ang mga amang Judio; Itinatampok nito ang pagmamahal ng ama sa talinghaga ni Jesus. Ang “mabuting Samaritano” ay hindi kailanman itinuturing na mabuti ng mga tagapakinig na Judio; ito ay nagpapakita kung ano ang ibig sabihin ng tunay na pagmamahal sa iyong kapwa. Ang isang hindi makatarungang hukom ay nakinig sa balo dahil *lamang* sa kanyang pagtitiyaga; naiiba ito sa ating makalangit na Ama na nalulugod na kumilos para sa kanyang mga anak.¹⁰⁶

Tula

Ang Job, Mga Awit, Mga Kawikaan, Eklesiastes, Awit ni Solomon, Panaghoy, at ilang mga aklat ng propesiya ay may mga tula. Ang mga tula ay hindi batay sa balangkas o lohikal na argumento. Sa tula, nakikinig tayo para sa puso ng makata; tayo ay partikular na sensitibo sa emosyon na ipinahayag sa tula.

Hindi tulad ng tula ng Ingles, ang tula ng Hebreo ay hindi batay sa pagkakahawig ng mga salita. Ang pag-unawa sa mga katangian ng mga tula ng Hebreo ay maaaring makatulong sa iyo na mas pahalagahan ang kagandahan nito.

Paralelismo

Ang tula ng Hebreo ay madalas na batay sa parallelism. Sa parallelism, ang dalawang linya ay gumagamit ng iba't ibang mga salita upang ipahayag ang parehong ideya. Isang

¹⁰⁶ Lucas 18:1-8.

Hebreong makata ang nagsasabi ng isang bagay at pagkatapos ay inuulit ito ng bahagyang naiibang mga salita. Tatlong uri ng parallelism ay:

Synonymous parallelism: ang pangalawang linya ay nagpapatibay sa unang linya.

1. Ipakita mo sa akin ang iyong mga daan, O PANGINOON;
2. Ituro mo sa akin ang iyong mga landas.¹⁰⁷

1. Sa daan ng katuwiran ay buhay;
2. At sa landas nito ay walang kamatayan.¹⁰⁸

Antithetic parallelism: ang unang linya ay ikinukumpara sa ikalawang linya. Ang uring ito ay kadalasang ginagamit sa Mga Kawikaan upang ihambing ang mga landas ng marunong at hangal.

1. Ang isang marunong na anak ay nagdadala ng kasiyahan sa kanyang ama;
2. Ngunit ang isang hangal na anak ay nagdadala ng kalungkutan sa kanyang ina.¹⁰⁹

1. Ang memorya ng makatarungan ay pinagpapala;
2. Ngunit ang pangalan ng masasama ay mabubulok.¹¹⁰

Synthetic parallelism: ang ikalawang linya ay nagdaragdag sa kaisipan ng unang linya.

1. Ang Panginoon ang aking pastor;
2. Hindi ako magkukulang.¹¹¹

1. Bantayan mo ang iyong puso nang buong sigasig;
2. Dahil ito ang bukal ng buhay.¹¹²

Kapag nag-bibigay-kahulugan ng parallelism, tanungin kung ano ang idinagdag ng pangalawang linya sa una. Pinapatibay ba nito ang unang linya, nagdadagdag ba ito ng bagong impormasyon, o nagbibigay ito ng kaibahan sa unang linya?

Figures of Speech

Habang ang lahat ng mga aklat ng Bibliya ay naglalaman ng figures of speech, ang mga ito ay partikular na mahalaga sa mga tula. Ang Figures of speech na matatagpuan sa Hebreong tula ay kinabibilangan ng:

- *Metaphors* naghahambing ng dalawang bagay na katulad/magkahawig sa ilang paraan. "Ang Panginoonang aking pastor."¹¹³

¹⁰⁷ Awit. 25:4.

¹⁰⁸ Kawikaan 12:28.

¹⁰⁹ Kawikaan 10:1.

¹¹⁰ Kawikaan 10:7.

¹¹¹ Awit 23:1.

¹¹² Kawikaan 4:23.

¹¹³ Awit 23:1.

- *Hyperbole* ay gumagamit ng labis na pagsasalarawan upang bigyan ng diin ang isang punto. Sa isang awit ng panaghoy, inilarawan ni David ang kanyang pighati, "Bawat gabi ay binabaha ko ang aking higaan ng mga luha."¹¹⁴
- *Personification* ay nagbibigay ng mga katangian ng tao sa isang bagay na hindi tao. "Ang karunungan ay sumisigaw/umiiyak nang malakas; itinataas niya ang kanyang tinig sa mga lansangan."¹¹⁵
- *Anthropomorphism* ay naglalarawan sa Dios na gumagamit ng mga katangian ng tao. Ang "mata ng Dios ay nagmamasid, ang kanyang mata ang kumikilatis sa anak ng tao."¹¹⁶

Kapag binibigyang-kahulugan ang mga tula ng figures of speech, itanong kung ano ang idinagdag ng figure sa prose meaning. Halimbawa, "Ang Panginoon ang aking pastor" ay higit pa sa "inaalagaan ako ng Dos." Sinasabi nito ang kanyang pangangalaga, ngunit binabanggit din nito ang kanyang pagmamahal, ang kanyang pamumuno, ang kanyang proteksyon mula sa ating mga kaaway, at ang kanyang disiplina kapag tayo ay nawawala mula sa kanyang pangangalaga.

Literatura ng Karunungan

Ang Job, Kawikaan, Ecclesiastes, at mga bahagi ng Mga Awit at James ay kumakatawan sa genre na kilala bilang literatura ng karunungan. Sa uring ito, isang matalinong guro ang nagtuturo sa isang mas batang mambabasa kung paano kumikilos/nagaganap ang buhay. Ang pagtuturo ay maaaring sa anyo ng maiikling kasabihan tulad ng sa aklat ng Mga Kawikaan, o sa anyo ng matagal na pag-uusap tulad ng sa aklat ng Job.

Sa mababaw na tingin, ang isang kawikaan ay madaling bigyan ng kahulugan; ito ay nagpapahayag ng mensahe sa maikli at malinaw na paraan. "Ang umiibig sa karangyaan ay magiging isang dukha/mahirap: ang umiibig sa alak at langis ay hindi magiging mayaman."¹¹⁷

Gayunpaman, ang anyong ito ay nag-aalok ng isang partikular na hamon. Ang isang kawikaan ay nagpapahayag ng pangkalahatang pag-oobserba tungkol sa buhay, *ngunit* hindi ito maaaring isabuhay sa bawat sitwasyon. Bilang isang pangkalahatang alituntunin, ang mga nagmamahal sa karangyaan/kasiyahan sa halip na magtrabaho ay may posibilidad na mapunta sa kahirapan. Ang pangkalahatang alituntunin na ito ay totoo, ngunit maraming mga exception/eksepsiyon. Ang ilang mayayamang tao ay nagmana ng kanilang kayamanan nang walang trabaho. Ginugugol nila ang kanilang mga araw sa pag-inom at paglalaro, ngunit sila ay mayaman. Ang ibang mga tao ay nagtatrabaho nang husto at

¹¹⁴ Awit 6:6, *ESV*.

¹¹⁵ Kawikaan 1:20.

¹¹⁶ Awit 11:4, *ESV*.

¹¹⁷ Kawikaan 21:17.

nananatiling mahirap. Ang kawikaan ay nagtuturo ng isang pangkalahatang prinsipyo, hindi isang pangkalahatang alituntunin.

Ang parehong kaibahan ay makikita sa aklat ng Job. Ang mga kaibigan ay tama; bilang isang pangkalahatang prinsipyo, ang pagsunod sa Dios ay nagdudulot ng pagpapala at ang pagsuway ay nagdudulot ng paghatol. Gayunpaman, nagpapakita si Job ng isang pagbubukod sa pangkalahatang alituntuning ito. Si Job ay nagdurusa *dahil* siya ay matuwid.

Dapat nating itanong ang mga ito kapag binibigyang kahulugan ang isang aklat ng karunungan:

(1) Ano ang pangkalahatang prinsipyo na itinuturo sa Banal na Kasulatang ito?

Sa Mga Kawikaan 21:17 na nabanggit sa itaas, ang prinsipyo ay ang halaga ng pagsusumikap at disiplina. Ang karamihan sa mga kawikaan ay nagbubuod ng isang prinsipyo na maaaring magawa sa isang talata.

(2) Ano ang mga exception/pagbubukod sa umiiral na prinsipyong ito?

Sa kaso ng Mga Kawikaan 21:17, nakikita natin ang mga exception/pagbubukod sa pang-araw-araw na buhay. Hindi nito binabali ang prinsipyo; ito ay nagpapakita lamang na ang isang matalinong tao ay dapat maging sensitibo kapwa sa prinsipyo at sa mga exception/pagbubukod.

(3) Anong mga character ng Biblia ang nagmomodelo ng prinsipyong ito?

Kapag binigyang-kahulugan ang isang kawikaan, maaari itong maging kapaki-pakinabang upang makahanap ng isang character ng Biblia na nagmomodelo ng prinsipyo ng kawikaan. Halimbawa, sinasabi ng Mga Kawikaan, "Kapag dumating na ang pagmamataas, ay darating ang kahihyan, ngunit ang kapakumbabaan ay may dalang karunungan."¹¹⁸Ang pagmamataas ni Saul at ang kapakumbabaan ni David sa pagpapahayag ng kasalanan ay nagpapakita kung ano ang itsura ng ganitong kawikaan sa "totoong buhay."

Literaturang may Propesiya

Ang isa sa mga pinakamahirap na uri ng literatura na binibigyang kahulugan ay ang literaturang may propesiya. Upang epektibong bigyan ng kahulugan ang prophetic literature, dapat itanong:

(1) Ano ang sinabi ng propeta sa kanyang mundo?

Salungat sa popular na opinyon, ang propetikong panitikan ay hindi lamang tungkol sa mga hula sa hinaharap. Unang nagsalita ang propeta sa kanyang sariling panahon.

¹¹⁸Kawikaan 11:2, *ESV*.

Halimbawa, sumulat si Amos sa isangbayang tumalikod sa Dios, bansa ng Israel. Sa bayan ba nasisiyahan sa kasaganaan at nag-aakala na maaari nilang balewalain ang kautusan ng Dios nang walang magiging bunga, ipinahayag ni Amos ang isang mensahe ng paghatol. Hahatulan ang Israel dahil pinababayaang niya ang katarungan at katuwiran.¹¹⁹

(2) Ano ang tugon ng mga tao sa kanyang mensahe?

Ang tugon ng Israel sa mensahe ni Amos ay kinakatawan ni Amaziah, ang mataas na saserdote sa Bethel. Inutusan niya si Amos na bumalik sa Juda at pinagbawalang mangaral sa Hilagang Kaharian.¹²⁰

(3) Anong prinsipyo mula sa mensahe ng propeta ang nagsasalita sa ating panahon ngayon?

Tulad ng katarungan at katuwiran ay mga pamantayan ng Dios para sa kanyang mga mamamayan sa sinaunang Israel, hinihingi ng Dios ang katarungan at katuwiran mula sa kanyang mga mamamayan ngayon. Hindi tayo maaaring sumamba sa bahay ng Dios habang binabalewala ang kanyang tawag para sa matuwid na pamumuhay.¹²¹

Ang mga tanong na ito ang gumagawa ng paglilipat mula sa panahon ng propeta sa ating panahon. Sa pagtingin sa panahon ng propeta, tinitiyak natin na ang ating pagbibigay-kahulugan para sa ngayon ay nakaugat sa orihinal na mensahe.

Ang Konteksto sa Biblia

Isa pang pagsasaalang-alang para sa biblikal na pagbibigay-kahulugan ay ang nakapalibot na konteksto. Sa hakbang na ito, itinatanong natin, "Paano itong mga talata, mga pangungusap, kabanata, at aklat ay tugma sa iba pang bahagi ng Biblia?"

Isipin mo na nakahanap ka ng kapirasong papel na may isang pangungusap na pinunit mula sa isang sulat. Mababasa sa papel, "Oo, 7 ay OK." Ano ang ibig sabihin ng pangungusap?

- Siguro ang manunulat ay may isang appointment sa isang tao. Kinukumpirma niya na 7:00 p.m. ay mainam para sa pag-memeeting.
- Siguro ang asawa ng manunulat ay nagpadala ng note na nagtatanong, "Ilang tao ang dapat kong imbitahin para sa hapunan sa Biyernes ng gabi?" Sumagot siya, "Pito (mga tao) ay OK."
- Siguro ang manunulat ay nag-aalok ng isang libro na ibinebenta sa halagang \$ 8.00. Isang tao ang nagtanong, "Ibababa mo ba ang presyo sa \$ 7.00?" Sumagot ang manunulat, "Oo, \$ 7 ay OK."

¹¹⁹ Amos 5:7.

¹²⁰ Amos 7:10-13.

¹²¹ Amos 5:22-24.

Mauunawaan natin ang indibidwal na pangungusap pagkatapos lamang nating malaman ang konteksto. Binabasa natin ang isang pangungusap sa konteksto ng isang buong talata. Binabasa natin ang isang talata sa konteksto ng isang buong sulat. Sa isang mas malaking antas, maaari nating basahin ang sulat sa konteksto ng isang serye ng mga liham sa pagitan ng dalawang tao.

Ang Banal na Kasulatan ay kumikilos sa parehong paraan. Ang mga indibidwal na talata ay dapat basahin sa konteksto ng nakapalibot na mga talata, kabanata, at aklat. Ang konteksto ay gumagalaw mula sa agarang talata palabas sa buong Biblia.

Upang maunawaan nang maayos ang isang indibidwal na talata, kailangan nating tingnan ang nakapaligid na konteksto. Ang Awit 1:3 ay nagbibigay ng isang kahanga-hangang pangako sa taong nasisiyahan sa kautusan ng Dios. Siya ay tulad ng isang laging nadidiligan na puno na nagbubunga. "Sa lahat ng ginagawa niya, lumalago siya" (ESV). Inangkin ito ng ilang tao bilang isang pangako ng materyal na kasaganaan sa bawat tapat na mananampalataya.


Gayunpaman, kapag binabasa mo ang natitirang bahagi ng Awit 1, ang pokus ay hindi materyal na pagpapala kundi ang mabungang espirituwal nang mga lumalakad sa batas ng Panginoon. Nagtatapos ang salmo na may isang pangako; "Alam ng Dios ang daan ng matuwid, ngunit ang daan ng masama ay mapapahamak." Ang kaibahan ay sa pagitan ng landas na kilala (pinapanood at naaprubahan) ng Dios at isang landas na humahantong sa pagkawasak.

Sa pagsunod sa natitirang bahagi ng Mga Awit at ng Biblia sa kabuuan, ang mensaheng ito ay nakumpirma. Ang kasaganaan ng isang mananampalataya ay matatagpuan hindi sa materyal na mga pag-aari, kundi sa pag-apruba ng Dios. Ito ang totoong kasaganaan.

Upang basahin ang isang talata sa konteksto, sundin ang tatlong hakbang:

- Tukuyin kung paano nahahati ang aklat sa mga parapo/pangungusap. Ano ang agarang konteksto ng talatang binabasa mo?
- Ibuod ang pangunahing ideya ng talata sa isa o dalawang pangungusap. Makakatulong ito sa iyo na maunawaan ang mensahe ng buong seksyon.
- Basahin ang buong aklat at tanungin, "Paano gumagana ang talata na aking pinag-aaralan na naaangkop sa mensahe ng aklat?"

D = Buong Biblia
C = Buong Libro
B = Mga pangungusap o
Kabanata
A = Talata



5 = Ang Biblia
4 = Mga Sulat ni Pablo
3 = Roma
2 = Roma 12-15
1 = Roma 12:1-2

Ang Roma 12:1-2 ay tumatawag sa atin sa isang lubusang pagsuko sa Dios. “Kaya't ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng awa ng Dios, na iharap ninyo ang inyong mga katawan na isang buhay na handog, banal, katanggap-tanggap sa Dios, na inyong makatwirang paglilingkod. At huwag kayong sumunod sa mundong ito: bagkus kayo ay magbago sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong isipan, upang mapatunayan ninyo kung ano ang mabuti, at katanggap-tanggap, at perpektong kalooban ng Dios.”

Nagsisimula ito ng isang seksyon (Mga Roma 12-15) na nagpapakita ng itsura kung paano ang pagsuko na ito sa pang-araw-araw na buhay ng isang Kristiyano. Paglipat mula sa agarang konteksto, ang Roma 12-15 ay sumusunod sa labing-isang kabanata ng pagtuturo ng doktrina na nagpapakita kung paano tayo ginagawang tama sa Dios.

Higit pa sa konteksto ng Roma, ang bawat isa sa mga liham ni Pablo ay nagpapakita ng kanyang pagmamalasakit sa praktikal na pagsasagawa ng ating pananampalatayang Kristiyano. Sa wakas, ang Roma 12:1-2 ay tumutugma sa buong mensahe ng Bibliya ng pagsunod at pagsuko sa Dios. Halimbawa, ang wika ng Roma 12:1-2 ay sumasalamin/nagpapakita ng wika ng sakripisyo sa Levitico. Kapag mas mahusay na maunawaan natin ang mas malaking konteksto ng Biblia, ay nagiging mas makapangyarihanang salita ni Pablo.

Ikaw Naman

► Basahin ang bawat isa sa mga sumusunod na talata at pagkatapos ay basahin ang kanilang agarang konteksto. Talakayin kung paano nakakaapekto ang konteksto sa iyong pag-unawa sa talata.

1. Basahin ang Mateo 18:20. Ano ang ibig sabihin nito?
2. Ngayon basahin ang Mateo 18:15-20. Nakakaapekto ba ito sa kahulugan ng 18:20?
1. Basahin ang Roma 8:28. Ano ang pangako nito?
2. Ngayon basahin ang Roma 8:28-30. Ano ang "mabuting" ipinangako sa 8:28?
1. Basahin ang Apocalipsis 3:20. Sino ang inanyayahan?
2. Ngayon basahin ang Apocalipsis 3:14-21. Sino ang mga inimbitahan?

Konklusyon: Mga Kapanganiban sa Pag-aaral ng Konteksto

Upang tapusin ang araling ito, dapat nating isaalang-alang ang ilang mga panganib kapag pinag-aaralan ang konteksto ng Banal na Kasulatan. **Ang isang panganib ay di-tumpak na impormasyon.**

Nagbigay ang isang mag-aaral ng isang presentasyon sa Mateo 19:23-24. Sinabi niya na ang isa sa mga gate sa Jerusalem noong panahon ni Jesus ay tinawag na "Mata ng Karayom." Ang gate na ito ay napakababa na dapat alisin ang dala ng kamelyo upang maisiksik at makapasok sa daanan ang hayop.

Mayroong dalawang problema sa presentation ng mag-aaral:

(1) Walang katibayan sa kasaysayan para sa gate noong panahon ni Jesus. Ang "mata ng isang karayom" ay nangangahulugan ng kaparehong bagay sa panahon ni Jesus bilang ibig sabihin nito para sa panahon ngayon, ang mata ng isang panahing karayom.

(2) Dahil ang kanyang impormasyon sa background ay mali, ang mag-aaral ay dumating sa isang maling konklusyon tungkol sa teksto. Ang presentasyon niya ay nagpapahiwatig na dapat nating alisin ang lahat ng bagay sa ating buhay upang makapasok tayo sa kaharian ng langit.

Gayunpaman, hindi itinuturo ni Jesus na "napakahirap" para sa mga mayaman at makapangyarihan na pumasok sa Kaharian ng Dios; itinuturo niya na ito ay imposible! Ang mga alagad ay namangha na sila ay tumugon, "Sino kaya ang maliligtas?"

Hindi sumagot si Jesus ng: "ito ay mahirap, ngunit kung susubukan mong mabuti, maaari kang makipagsiksikan at makapasok." Itinugon niya ang mabuting balita ng ebanghelyo: "Sa mga tao ito ay imposible; ngunit sa Dios ang lahat ng mga bagay ay posible." Sa pag-aaral ng konteksto, huwag pahintulutan ang hindi tumpak na impormasyon upang linlangin/maligaw ka.

Ang pangalawang panganib ay pahintulutan ang pag-aaral ng konteksto na maging mas mahalaga kaysa sa mensahe ng teksto. Pinaalalahanan ni Pablo ang mga Kristiyanong taga-Corinto na ang maling uri ng kaalaman ay "limilitaw, ngunit ang pag-ibig

ay nagtatayo.”¹²² Posibleng maging kaakit-akit sa mga detalye ng konteksto na nakalimutan natin ang mensahe ng teksto na ating pinag-aaralan.

Maaari nating malaman ang lahat tungkol sa kultura ng Samaritano at kalimutan ang layunin ng talinghaga ng Mabuting Samaritano: “Humayo ka, at gayon din ang gawin mo.” Sa kasong ito, ang ating kaalaman ay walang kabuluhan. Pag-aralan upang maunawaan ang mensahe ng Banal na Kasulatan; huwag kang malugmok/mabaon sa pag-aaral para sa sarili nitong kapakanan. Pag-aralang mangaral at magturo ng mas mabisa, hindi upang ipagmalaki ang iyong sarili sa iyong mahusay na kaalaman!

Aralin 5 Pangunahing Puntos

(1) Ang tamang pagbibigay-kahulugan ay nangangailangan na pag-aralan natin ang konteksto ng anumang indibidwal na talata ng Banal na Kasulatan.

(2) Isinasaalang-alang ng konteksto ng pangkasaysayan-pangkulturang setting ng Biblia. Itinatanong nito:

- Ano ang alam natin tungkol sa manunulat ng Biblia?
- Ano ang nalalaman natin tungkol sa tagapakinig ng Biblia?
- Ano ang alam natin tungkol sa makasaysayang setting ng aklat?
- Ano ang alam natin tungkol sa kultural na setting ng aklat?

(3) Isinasaalang-alang ng kontekstong literatura ang genre (literaturang/pampanitikang anyo) ng isang talata. Ang ilan sa mga mahalagang biblical na genre ay kinabibilangan ng:

- Exposition: magkakasunod/nakaayos na pagtuturo
- Liham: Ang pinaka-karaniwang genre ni Pablo. Kapag nagbabasa ng isang sulat, itanong:
 - Sino ang tatanggap?
 - Sino ang may-akda? Paano siya nauugnay sa tatanggap?
 - Anong mga pangyayari ang nagbigay inspirasyon sa liham?
- Salaysay: kwento. Kapag nagbabasa ng salaysay, magtanong:
 - Ano ang balangkas?
 - Sino ang mga character?
 - Ang salaysay ba ay normative o naglalarawan?
 - Anong mga aituntunin ang itinuturo sa salaysay?
- Talinghaga: isang kuwento na nagtuturo ng espirituwal o moral na aral. Kapag nagbabasa ng isang talinghaga, itanong:

¹²² 1 Cor. 8:1, *ESV*. Hindi sumasalungat si Pablo sa kaalaman; isinulat niya ang kanyang mga liham upang magbigay ng mabuting tagubilin sa mga bagong iglesya. Gayunman, ang mapagmataas na “kaalaman” ng mga taga-Corinto ay nagbunga ng kapahamakan, hindi ng kalakasang espirituwal.

- Anong tanong o sitwasyon ang nagbigay inspirasyon sa talinghaga?
- Ano ang pangunahing punto (o mga punto) ng talinghaga?
- Mga tula: Ginagamit ng Hebreong tula:
 - Parallelism. Ang dalawang linya ay gumagamit ng iba't ibang mga salita upang ipahayag ang parehong ideya.
 - Figures of speech.
- Wisdom Literature: nagtuturo kung paano kumikilos ang buhay. Kapag nagbabasa ng mga libro nang karunungan, itanong:
 - Anong pangkalahatang alituntunin ang itinaturo?
 - Ano ang mga pagbubukod sa umiiral na prinsipyo?
 - Anong mga character ng Biblia ang nagmomodelo ng prinsipyong ito?
- Literaturang may propesiya. Kapag nagbabasa ng mga propeta, itanong:
 - Ano ang sinabi ng propeta sa kanyang panahon?
 - Ano ang tugon ng mga tao sa kanyang mensahe?
 - Anong alituntunin mula sa mensahe ng propeta ang nagsasalita sa ating panahon ngayon?

(4) Ang konteksto sa Biblia ay isinasaalang-alang kung paano tumutugma ang talata sa natitirang bahagi ng Banal na Kasulatan.

Takdang Aralin

Sa Aralin 1, pinili mo ang isang talata ng Banal na Kasulatan upang pag-aralan sa buong kursong ito. Pag-aralan ang pangkasaysayan-pangkultura, pampanitikan, at biblikal na konteksto ng Banal na Kasulatan na iyong pinili. Maghanda ng isang pahina ng mga note kung saan sinasagot mo ang maraming mga tanong hangga't maaari mula sa talakayan ng aralin tungkol sa konteksto.

Itanong:

- Sino ang may-akda?
- Kailan siya sumulat?
- Ano ang kanyang background?
- Sino ang kanyang madla/tagapakinig?
- Anong mga problema ang mayroon sila?
- Ano ang mga pangyayari na pumapalibot sa talata?
- Anong mga pangyayari sa kasaysayan ang naganap sa panahon ng aklat na ito?
- Anong mga bagay na pangkultura ang nagpapaliwanag ng aklat?
- Ano ang genre ng aklat?

Matapos matukoy ang genre, itanong ang mga iminungkahing tanong sa araling ito.

Basahin ang nakapaligid na kabanata upang matukoy ang biblical na konteksto ng talata.

Aralin 6

Ikalawang Hakbang: Pagbibigay-kahulugan Pag-aaral ng Salita

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Pahalagahan ang halaga ng malalim na pag-aaral ng salita.
- (2) Iwasan ang mga karaniwang pagkakamali sa paggawa ng pag-aaral ng salita.
- (3) Unawain at ilapat/gamitin ang isang proseso para sa pag-aaral ng salita.
- (4) Gumamit ng mga tool tulad ng isang concordance at diksyunaryo ng Biblia sa pag-aaral ng salita.
- (5) Kilalanin ang figurative language/makasagisag na wika sa Biblia.

Panimula

Gustong guso ko ang tula ni Lewis Carroll, ang *Jabberwocky*. Ganito ang simula ng tula:

‘Twas brillig, and the slithy toves
Did gyre and gimble in the wabe:
All mimsy were the borogoves,
And the momerathsoutgrabe.

Huwag mag-alala - ang araling ito ay hindi nakasulat sa ibang wika. Ang mga salita ng *Jabberwocky* ay hindi nangangahulugan ng anumang bagay; ito ay mga walang kabuluhang syllables. Ang kasiyahan ng tula ay wala itong kahulugan. Iyon ay mainam para sa isang nakakatawang tula. Nakakalungkot, para sa ilang mga tao ang Biblia ay walang kabuluhan gaya ng tula ni Lewis Carroll. Binabasa nila ang Banal na Kasulatan nang hindi nauunawaan ang mensahe nito.¹²³

Ang Biblia ay binubuo ng mga talata, mga pangungusap, kabanata, at mga aklat, ngunit ang isang mas maliit na yunit ay ang salita. Ang araling ito ay tungkol sa pag-aaral ng mga salita. Titingnan natin ang mga tool na nagbibigay-daan sa iyo upang pag-aralan ang mga salitang Griyego at Hebreo sa likod ng ating mga pagsasalin ng Biblia.

Hindi ito nangangahulugan na hindi mo maunawaan ang Biblia nang hindi nag-aaral ng Griyego at Hebreo. Sa pamamagitan ng pag gawa ng maingat ng pagsasalin nang taong nag-aral ng mga tekstong Griyego at Hebreo, may kakayanan na tayo sa mga pagsasalin na nagpapahintulot sa atin na basahin ang Banal na Kasulatan sa ating wika.

¹²³ Karamihan sa materyal ng kabanatang ito ay mula sa sinulat ni Kabanata 8, J. Scott Duvall at J. Daniel Hays, *Grasping God’s Word* (Grand Rapids: Zondervan, 2005).

Gayunman, may malaking pakinabang sa pag-aaral ng orihinal na mga salita ng Banal na Kasulatan. Sa anumang pagsasalin, nalalagpasan natin ang ilan sa mga mayaman na kulay ng orihinal na teksto. Kung mas alam natin ang orihinal na wika, ay magiging mas mahusay ang ating pag-aaral ng Banal na Kasulatan. Ang mga pag-aaral ng salita ay nagbubukas ng ating mga mata sa maliwanag na mga kulay ng Banal na Kasulatan.

Tingnan natin ang isang halimbawa. Sinabi ni Jesus, "At idadalangin ko sa Ama, at bibigyan niya kayo ng isa pang Mang-aaliw, upang siya ay manatili sa iyo magpakailanman."¹²⁴ Ang *English Standard Version* ay nagsasalin dito bilang: "Bibigyan ka niya ng isa pang Katulong." Ang salitang Griyego para sa "Tagaaliw" O "Helper" ay *paraklesis*, na may ideya ng "isang taong tinawag sa panig/tabi ng isa". "Ang Banal na Espiritu ay ipinadala sa tabi natin upang aliwin, upang hikayatin, gabayan, tulungan, at magpahayag. Ang lahat ng mga ideyang ito ay nakabalot sa parirala/mga pangungusap, "Bibigyan kaniya ng isang Mang-aaliw."

Unawain kung ano ang isang kahanga-hangang regalo na natanggap natin nang idalangin ni Jesus na ipapadala ng Ama ang Espiritu "sa ating panig." Ang Banal na Espiritu ay hindi nagmumula sa malayo upang iligtas tayo sa panahon ng kaguluhan. Sa halip, ang Mang-aaliw ay laging nasa ating tabi upang magministeryo ng biyaya sa ating buhay, isang "tulong na laging nariyan sa panahon ng problema."¹²⁵

Ang pag-aaral ng salita ay maaaring maging isang napakahalagang aspeto ng pag-aaral sa Biblia. Ipinahayag ng Dios ang kanyang sarili sa pamamagitan ng mga salita ng Banal na Kasulatan; sa araling ito, pag-aaralan natin ang ilan sa mga salitang iyon.

Karaniwang Pagkakamali sa Pag-aaral ng Salita

Sa ating pagsisimula ng paggawa ng mga pag-aaral ng salita, may ilang mga pagkakamali na dapat nating iwasan. Ang mga pagkakamali na ito ay madalas na humantong sa mga maling pagbibigay-kahulugan.

Hindi Pagkakaunawa ng mga Ugat na Salita

Isipin mo na ang isang tao na nag-aaral ng Ingles. Nabasa nila ang tungkol sa isang "paruparo." Hindi sila nakakakita ng paruparo, pero gumawa sila ng "pag-aaral ng salita." Sinasabi nila sa kanilang mga kaibigan, "Ang paruparo ay nagmula sa dalawang salitang-ugat - mantikilya at langaw. Ang isang paruparo ay isang langaw na lumapag sa isang batya ng mantikilya." Ang taong ito ay pinag-aralan ang mga salitang-ugat, ngunit ang mga ito ay ganap na mali; ang paruparo ay walang kinalaman sa mantikilya!

Kung minsan ang isang tao ay tumingin sa isang salitang Griyego at sabihin, "Ito ay binubuo ng dalawang salitang-ugat," at pagkatapos ay magkakaroon sila ng ganap na maling konklusyon! Sa araling ito, titingnan natin ang mga salitang may ugat na kung minsan ay

¹²⁴ Juan 14:16.

¹²⁵ Awit 46:1.

makabuluhan. Ngunit ang huling gabay para sa kahulugan ay ang konteksto kung saan ginagamit ang salita.

Hindi Pagkakaunawa ng isang Salita sa Orihinal na Panahon nito

Ang isa sa aking paboritong mga libro ay ang "Oxford English Dictionary." Gustung-gusto ko ang aklat na ito dahil nagpapakita ito kung paano nagbago ang kahulugan ng mga salita sa loob ng maraming taon. Minsan ang isang salita ay ginagamit na iba sa panahon ngayon kaysa sa nakaraang panahon. Dapat tayong maging maingat upang hindi mamaling maunawaan ang isang salita kung ang kahulugan nito ay nagbago.

D. A. Carson ay tumutukoy sa isang karaniwang halimbawa ng hindi pagkakaunawaan. Isinulat ni Pablo na ang ebanghelyo ni Cristo "ay ang kapangyarihan ng Dios para sa kaligtasan sa lahat ng naniniwala."¹²⁶ Ang salitang Griyego para sa kapangyarihan ay *dynamis*. Dahil ang *dynamis* ay katunog tulad ng "dinamita," sinabi ng ilang mga mangangaral na iniisip ni Pablo ang kapangyarihan ng dinamita nang sinabi niyang ang ebanghelyo ay "*dynamis* ng Dios para sa kaligtasan." Siyempre, ang dinamita ay hindi umiiral/wala pa sa panahon ni Pablo. Iniisip ni Pablo ang isang bagay na mas dakila kaysa sa dinamita kapag binanggit niya ang ebanghelyo. Para kay Pablo, ang sukatan ng kapangyarihan ng ebanghelyo ay hindi isang bomba; ang sukatan ng kapangyarihan ng ebanghelyo ay isang walang laman na libingan. Ang muling pagkabuhay ay ang tunay na *dynamis* ng ebanghelyo.¹²⁷

Tinutukoy ang Isang Salita sa Parehong Paraan sa Bawat Pagkakataon na Ito ay Ginamit

Sa aralin sa konteksto, natutunan natin na hindi natin pwedeng ipagpalagay na ang salitang "trunk" ay nangangahulugang ang parehong bagay sa bawat konteksto. Sa parehong paraan, ang mga may-akda ng Biblia ay gumagamit ng mga salita na may higit sa isang posibleng kahulugan. Dapat nating tingnan ang konteksto kung saan ginagamit ang salita.

Halimbawa, ang salitang "kaligtasan" ay may higit sa isang kahulugan sa Banal na Kasulatan. Maaari itong tumukoy sa pagliligtaas mula sa mga kaaway o panganib; ito ay maaaring tumutukoy sa pagliligtas mula sa pagkakasakit; maaari itong tumukoy sa pagpapalaya mula sa kasalanan. Sa Juan 3:17, ang kaligtasan ay tumutukoy sa pagpapalaya mula sa parusa at kapangyarihan ng kasalanan. Sa kabilang panig/banda, si Zacharias ay nanalangin na ang Israel ay "maliligtas mula sa ating mga kaaway."¹²⁸ Si Zacharias ay nanalangin para sa kalayaan sa pulitika mula sa kaaway. Namamali ng pag-unawa sa mga talata kung tinutukoy natin ang salita sa parehong paraan sa parehong mga talata.

¹²⁶ Rom. 1:16.

¹²⁷ D.A. Carson, *Exegetical Fallacies*, (2nd edition) (Grand Rapids: Baker Books, 1996), 34.

¹²⁸ Lukas 1:71.

Ang lahat ng ito ay maaaring tumunog na parang ang pag-aaral ng salita ay masyadong mahirap para sa sinuman maliban sa isang dalubhasa. Huwag mag-alala; ang proseso ay hindi mahirap. Gumagamit tayo ng tatlong hakbang na proseso para sa pag-aaral ng salita. Ang proseso ay:

1. Pumili ng salita na pag-aaralan
2. Tukuyin kung ano ang *maaaring* ibig sabihin
3. Tukuyin *kung ito* ang ibig-sabihin ng salita

Unang Hakbang: Pumili ng mga Salita na Pag-aaralan

Hindi natin kailangang gawin ang isang malalim na pag-aaral ng bawat salita sa Biblia. Upang pumili ng mahahalagang salita para sa pag-aaral ng salita, hanapin ang:

- Mga pangunahing salita na napakahalaga sa kahulugan ng talata
- Mga inuulit na salita
- Mga pigura ng pagsasalita
- Mga salita na hindi malinaw o mahirap na salita

Ilagay Ito Sa Pagsasanay

Ang tamang aplikasyon ng Banal na Kasulatan ay "gagana/kikilos" sa tunay na mundo. Ang Salita ng Dios ay may kaugnayan sa lahat ng larangan ng buhay. Habang nag-sasabuhay ako ng Banal na Kasulatan, hindi ko tinatanong, "Ano ang "relihiyosong" pagsasabuhay ng teksto?" Sa halip, Itinatanong ko, "Paano maisasabuhay ang tekstong ito sa *bawat bahagi ng buhay*?"

Kanina, tinitingnan natin ang Efeson4:29. Habang isinasaalang-alang ko ang aplikasyon/pagsasabuhay ng talatang ito, dapat kong ilapat ito sa aking pakikipag-ugnayan sa mga kapwa Kristiyano: "Pinatatag ba ng aking mga salita ang aking mga kapwa mananampalataya o ibinabagsak/sinisira sila?" Dapat kong iugnay ang talata sa aking pamilya: "Ang pakikipag-uusap ko ba ay nagpapatatag sa aking pamilya, o nagpapahina ba ito ng tiwala ng aking asawa at mga anak?" Dapat kong iugnay ang talata sa aking trabaho: "Ako ba ay empleyado na nagsasalita ng positibong salita, o nakakalat ba ako ng mga negatibong ideya?" Ang Efeso 4:29 ay may kaugnayan sa bawat lugar ng buhay.

Ito ang dahilan kung bakit isinulat ni Pablo na ang mga tagapaglingkod na maayos na nabubuhay sa kanilang relasyon sa Panginoon ay "magpapakasaya sa doktrina ng Dios na ating Tagapagligtas sa lahat ng mga bagay."¹⁴⁵ Ang maingat na aplikasyon/pag-sasabuhay ng Banal na Kasulatan ay nagagawang kakaakit ang ebanghelyo sa mga tao sa ating paligid.

Hakbang 3: Pagsasanay

Ang pinaka dakilang layunin ng pag-aaral ng Biblia ay pang-araw-araw na aplikasyon/pagsasabuhay. Sa 2 Timoteo. 2:3-6, inilalarawan ni Pablo ang mga Kristiyano bilang "mga sundalo," "mga tumatakbo," at "mga magsasaka." Ang mga larawang ito ay naglalarawan ng isang taong patuloy na nagtataguyod ng isang layunin. Ang sundalo ay

¹⁴⁴ Preface to John and Charles Wesley's 1739 edition of *Hymns and Sacred Poems*.

¹⁴⁵ Tito 2:10.

hindi nagpapahinga sa panahon ng labanan; ang tumakabo ay hindi hihinto sa kalahati ng karera; ang magsasaka ay hindi titigil sa pag-aararo hanggang sa matapos niya ang trabaho. Ang buhay ng Kristiyano nangangailangan ng pagpapatuloy/pagtitiis. "Tumakbo tayo nang may pagpapatuloy/pagtitiis sa karera na inilagay sa harap natin."¹⁴⁶

Habang pinag-aaralan mo ang Banal na Kasulatan, itanong mo, "Mayroon bang bahagi ng aking buhay kung saan dapat kong isabuhay ang katotohanang ito?" Kung gayon, hilingin sa Dios na tulungan ka sa sistematikong pagsasabuhay nang katotohanan. Habang ginagawa mo ito, ipapakita ng Dios ang higit pang katotohanan sa iyo. Makagagawa ka ng mas malaking pagnanais sa espirituwal na pagkain.

Kung ang Dios ay nagsasalita sa pamamagitan ng Efeso 4:29 upang mahatulan ka sa iyong pananalita, dapat kang mag-commit na *pagsanayna* ang nakapag-papatatag na pagsasalita. Maaaring ito ay kasing simple ng paghiling sa Dios na bigyan ka ng isang pagkakataon sa isang araw upang magsalita ng biyaya sa buhay ng isang tao. Maaaring ibig sabihin ng pagtatanong sa isang pinagkakatiwalaang kaibigan upang balaan ka kapag naririnig ka nilang gumagamit ka ng "masamang komunikasyon/pagsasalita." Ito ay magiging isang paraan upang mapagsanayan ang Salita ng Dios araw-araw.

Pagsasanay sa Pagsasabuhay ng Biblia

Noong kolehiyo ako, nagkaroon ako ng isang kaibigan na nakipaglaban sa isang tiyak na parte/lugar ng tukso. Gustung-gusto ni Woodrow ang musika, kabilang ang ilang mga estilo na may mga teksto na nagtutukso sa kanya sa kanyang lugar ng kahinaan. Gustung-gusto ni Woodrow ang tagumpay laban sa tukso, ngunit hindi siya gumamit ng Banal na Kasulatan sa kanyang buhay.

Buwan ng Setyembre, nagkakaroon kami ng rebaybal sa paaralan. Si Woodrow ay pumupunta sa altar. Siya ay babalik sa aming kwarto at itapon ang kanyang hindi nararapat na musika. Sa loob ng ilang linggo, magkakaroon siya ng maliwanag na patotoo. Pagkatapos ay magsisimula siyang bumili ng ilang mga bagong recording sa estilo na ito. Di-nagtagal siya ay nasiraan ng loob; buwan ng Nobyembre, sasabihin niya, "Nag-backslide ako."

Buwan ng Pebrero, magkakaroon kami ng Bible conference. Si Woodrow ay pumupunta sa altar. Itatapon niya ang kanyang mga recordings at magkaroon ng maliwanag na patotoo sa loob ng ilang linggo. Pagkatapos sa buwan ng Abril, siya ay bumili ng mas marami pang recording - at ang proseso ay magsisimula muli!

Ano ang kailangan ni Woodrow? Mas mahusay na pagbibigay-kahulugan? Hindi! Alam niya ang kanyang lugar ng kahinaan; alam niya kung ano ang sinabi ng Biblia tungkol sa pagpapanatili nang isang dalisay na isip; alam niya ang epekto ng ilang musika sa kanyang

¹⁴⁶ Heb. 12:1, *ESV*.

espirituwal na lakad. Ang problema ni Woodrow ay hindi pagbibigay-kahulugan; kailangan lang niyang *pagsanayan* kung ano ang alam niya.

Anong lugar ng pagsasabuhay ang kailangan mo upang pagsanayan?

Mga Dapat Itanong

Isa sa aking mga klase sa kolehiyo, hinihiling ko sa mga mag-aaral na panatilihing mag journal habang binabasa nila ang Biblia. Ang mga estudyante ay nagtatanong ng limang katanungan habang hinahanap nila ang mga paraan upang magamit ang Banal na Kasulatan sa kanilang buhay.

Mayroon bang kasalanan na dapat iwasan?

Maraming mga Kristiyano ang nawawalan ng pag-asa kapag nakita nila ang isang lugar sa kanilang buhay kung saan ay hindi tumutugma sa mga hinihingi ng Banal na Kasulatan. Kapag nagsasalita ang Dios sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita tungkol sa isang lugar ng kasalanan sa ating buhay, ang sagot ay hindi kawalan ng pag-asa. Ang sagot ay handang sumunod sa Kanyang Salita.

Mayroon bang pangako na i-claim?

Minsan ang pagsasabuhay ay simple lamang na pag-aangkin ng mga pangako ng Dios. Dapat tayong maging maingat na maging tama ang pakahulugan ng pangako dito. Ang ilang mga pangako ay ginawa sa ilang mga indibidwal o sa bansa ng Israel. Dapat tayong mag-ingat na hindi natin inaangkin ang pangako nang wala sa konteksto nito. Gayunpaman, kung maingat nating binigyang-kahulugan ang pangako sa konteksto ng Biblia at malaman na ito ay isang pangako sa lahat ng mananampalataya, maaari nating angkinin ang pangako sa ating buhay.

Mayroon bang kailangang gawing aksyon?

Itanong, "Ano ang dapat kong gawin dahil sa talatang ito ng Banal na Kasulatan. Anong katotohanan ang itinuturo ng talatang ito? Binabalaan ba ako sa isang pagkakamali sa aking doktrina? Kailangan ko bang baguhin ang aking pag-iisip upang maisunod sa Banal na Kasulatan? Anong aksyon ang kailangan kong gawin dahil sa Banal na Kasulatang ito?"

Ang isang halimbawa ay panalangin. Habang binabasa natin ang mga panalangin nina David, Pablo, Nehemias, at Jesus, nakita natin ang mga modelo para sa ating sariling panalangin. Gaano pa kahusay na matuto na manalangin kaysa kopyahin ang mga panalangin ni Pablo o Jesus! Habang nagbabasa ako, maaari kong gawin sa pamamagitan ng pag-angkop sa mga panalangin para sa sarili kong buhay.

Mayroon bang utos na dapat sundin?

Ang ikalawang hati ng mga sulat ni Pablo ay karaniwang binubuo ng mga utos. Ang mga utos na ito ay karaniwang napaka-simple at tapat. Minsan ang mga Kristiyano ay

naghahanap ng malalim na mga katotohanan, habang binabalewala ang simpleng aplikasyon ng alam na nila!

Isinulat ng isang manunulat ang tungkol sa panganib ng paghanap ng “malalim” na mga katotohanan habang binabalewala ang malinaw na katotohanan. Isinulat niya ang tungkol sa kanyang unang pag-aaral sa Bagong Tipan na Griyego. “Kapag sinabi ni Jesus, 'Pasanin mo ang iyong krus at sumunod ka sa akin,' ang orihinal na Griyego ay - mabuti, 'kunin mo ang iyong krus at sumunod ka sa akin.' Hindi ang mauunawaan ang kahulugan, ngunit ang sundin iyon, ay ang mahirap.”¹⁴⁷

Minsan lahat ng kailangan ay simple, “Oo, Panginoon. Ako ay susunod.”

Mayroon bang halimbawang dapat sundan?

Karamihan sa Banal na Kasulatan ay naglalaman ng talambuhay. Habang binabasa natin ang talambuhay, itinatanong natin, “Mayroon bang halimbawang dapat sundin?”

Kapag binabasa natin ang tungkol kay Abraham sa Genesis 18, maaari nating sundan ang modelo ni Abraham sa pamamagitan ng interceding para sa ating mundo. Kamakailan ay nagturo ako ng isang klase sa Nigeria. Ang Nigeria ay napunit/nasira sa pamamagitan ng problema sa pagitan ng mga Muslim at mga Kristiyano. Ang isa sa mga estudyante ay nagtanong sa kanyang mga kaklase, “Bakit tayo nakikipaglaban sa mga Muslim nang higit pa sa pananalangin natin para sa kanila? Naniniwala ba tayo na maaaring dalhin sila ng Dios sa kaligtasan? Kung gayon, dapat nating sundin ang halimbawa ni Abraham at mamagitan para sa kanilang kaligtasan!” Iyan ang aplikasyon/pagsasabuhay.

Ilagay sa Pagsasanay

Nakagawa tayo ng mga obserbasyon mula sa Roma 12:1-2. Nagawa na natin ang pag-aaral ng salita sa mga mahahalagang termino sa mga talatang ito. Pinag-aralan natin ang kasaysayan, kultura, at biblikal na konteksto upang maipaliwanag nang wasto ang mensahe ni Pablo.

Handa na tayo ngayon para sa pinakamahalagang hakbang. Paano mo ilalapat ang Roma 12: 1-2 sa iyong buhay? Reviewhin ang mga tala na ginawa mo sa mga naunang aralin sa tekstong ito. Pagkatapos ay ilista ang tatlong tiyak na mga bagay na maaari mong gawin upang maisagawa ang tekstong ito sa iyong buhay.

► Kung pinag-aaralan mo ang araling ito sa isang grupo, ibahagi ang iyong mga aplikasyon sa grupo. Kung magtitipon kayong muli sa hinaharap, lumikha ng pananagutan. Gumawa ng ilang mga pangako, at hilingin sa grupo na mag-follow up sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyo kung paano mo ginagawa ang iyong aplikasyon/pagsasabuhay.

¹⁴⁷ Andy Crouch, “Information and Formation” in *Christianity Today*, March 2014, 7

Konklusyon

Ang kursong ito ay tungkol sa pagbibigay-kahulugan sa Biblia upang ituro ito sa iba. Ito ang bagay na dapat nating gawin kaya tayo tinawag bilang mga ministro ng Salita ng Dios. Gayunpaman, mayroong isang panganib dito. Kung hindi tayo maingat, maaari lamang tayong mag-aral ng Biblia para *lamanag* sa pangangaral at pagtuturo. Mabibigo nating ilapat/isabuhay ang katotohanan ng Biblia sa ating sariling buhay.

Bilang mga pastor, guro, at mga pinuno ng simbahan, hindi natin dapat kalimutan na ang ating sariling espirituwal na buhay ay dapat na alagaan araw-araw. Sa ating mga pagsisikap na magturo sa iba, hindi natin dapat kalimutan na pakainin ang ating mga puso nang tinapay ng Salita ng Dios. Ito lamang ay kung pinalalakas natin ang ating sarili na mayroon tayong espirituwal na kalakasan na kailangan natin upang maglingkod sa bayan ng Dios.

Alam ni Pablo ang panganib na ito. Isinulat niya ang kakila-kilabot na posibilidad na “kapag ako ay nangaral sa iba, ay ako pa ang hindi makatanggap ng gantimpala mula sa Dios.”¹⁴⁸ Napaka teribleng bagay na magtuturo sa iba habang tinatanggi ang biyaya ng Dios sa ating mga puso. Mag-aral upang magturo sa iba, ngunit mag-aral din upang marinig na nagsasalita ang Dios sa iyong sariling puso..

Nagugutom Ka Ba? Ang Kahalagahan ng Araw-araw na Tinapay¹⁴⁹

Sa loob ng mahabang panahon hindi ko naintindihan ang konsepto ng “pagpapakain sa aking kaluluwa.” Nag-aral ako ng Biblia nang propesyonal at sa dahil sa tungkulin nang Kristiyano. Na-enjoy ko iyon, ngunit ang pagpapakain ng aking kaluluwa ay mas aksidente kaysa sa layunin. Palagi kong kinukuha ang Biblia nang regular upang maghanda para sa mga tungkulin sa ministryo, ngunit hindi para sa “tapat na gatas ng Salita.” Hindi ko na-realize ang kahalagahan ng espirituwal na diyeta.

Ang pagkain ay may pang-araw-araw at pangmatagalang epekto. Hindi mo pinababa ang iyong kolesterol sa isang malusog na pagkain, at hindi ka makakabuo ng espirituwal na kalakasan sa isang araw sa Salita ng Dios. Kailangan ng regular na malusog na diyeta upang bumuo ng pisikal na kalusugan, at nangangailangan ng pangmatagalang diyeta ng Salita upang bumuo ng espirituwal na lakas. Ngunit ang pagkain ng Salita para sa isang araw ay mahalaga para sa anumang makakaharap mo sa araw na iyon, tulad ng isang masarap na almusal na tumutulong sa iyo sa isang mahirap na araw ng trabaho.

Ilagay sa Pagsasany

Ang Lukas 14:25–17:10 ay isang serye ng mga talinghaga at pagtuturo. Habang naglalakbay si Jesus sa Jerusalem sa huling pagkakataon, ibinigay niya ang kanyang huling tagubilin sa kanyang mga alagad. Habang binabasa mo ang pagtuturo ni Jesus, hanapin ang mga tukoy na aplikasyon/pagsasabuhay mula sa mga talatang ito. Itanong:

¹⁴⁸ 1 Corinto. 9:27.

¹⁴⁹ Ang sumulat ng seksyong ito ay Dr. Steven Gibson.

- May kasalanan bang dapat iwasan?
- Mayroon bang pangako na dapat i-claim?
- Mayroon bang aksyon na dapat gawin?
- Mayroon bang utos na dapat sundin?
- Mayroon bang isang halimbawa upang sundan?

Aralin 7 Pangunahing Puntos

(1) Hindi sapat na maipaliwanag nang wasto ang Salita ng Dios; dapat nating ilapat ito sa ating pang-araw-araw na buhay.

(2) Tinutukso tayo ni Satanas na palitan ang aplikasyon ng mga pamalit:

- Maaari nating ipalit ang pagbibigay-kahulugan para sa aplikasyon/pagsasabuhay.
- Maaari nating ipalit ang bahagyang pagsunod para sa kumpletong pagsunod.
- Maaari nating ipalit ang pagbibigay-katwiran para sa pagsisisi.
- Maaari nating ipalit ang emosyon para sa pagbabago.

(3) Upang mailapat ang Banal na Kasulatan sa ating buhay, dapat nating sundin ang tatlong hakbang:

- Malaman:
 - Ang kahulugan ng teksto.
 - Ang ating mga sarili at kung paano nagsasalita ang teksto sa ating mga pangangailangan.
- Iugnay ang Banal na Kasulatan sa tunay na mundo.
- Pagsasanayan ang aplikasyon/pagsasabuhay sa araw-araw.

(4) Upang makahanap ng mga paraan upang magamit ang Banal na Kasulatan sa iyong buhay, tanungin ang mga tanong na ito:

- Mayroon bang kasalanan na dapat iwasan?
- Mayroon bang pangako na dapat i-claim?
- Mayroon bang aksyon na kailangang isagawa?
- Mayroon bang utos na kailangang sundin?
- Mayroon bang isang halimbawa na kailangang sundan?

Takdang Aralin

Sa Aralin 1, pinili mo ang isang talata ng Banal na Kasulatan upang pag-aralan sa buong kursong ito. Gamit ang mga notes na iyong inihanda sa pag-oobserba at pagpapakahulugan, gumawa ng listahan ng mga praktikal na hakbang sa pag-sasabuhay para sa talata na iyong pinag-aaralan.

Aralin 8

Mga Prinsipyo sa Pagbibigay-kahulugan

Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:

- (1) Nauunawaan ang mga pangunahing prinsipyo ng pagpapakahulugan ng Biblia.
- (2) Ilapat ang mga prinsipyong ito sa mga napiling talata ng Banal na Kasulatan.
- (3) Magkaroon ng kamalayan kung paano ang kabiguang sumunod sa mga prinsipyong ito ay maaaring humantong sa error sa doktrina.

Panimula

Ang aking ama ay isang “tagapag-ayos.” Gustung-gusto niyang gumagawa nang mga proyekto sa pagmamaintenance. Sa loob ng maraming taon ay nakolekta siya nang mga kasangkapan at materyales mula sa kanyang mga proyekto. Karamihan sa mga materyales ay maayos na nakaayos sa kanyang mga toolshed, ngunit ang ilang mga bagay (ilang mga screws, mga pako, isang roll ng tape, atbp.) Natapos sa isang “Miscellaneous drawer.” Ang drawer na ito ay naglalaman ng mga bagay na hindi magkasya sa iba pa. Kahit na ang drawer na ito ay mukhang hindi ginulo, ang Miscellaneous Drawer ay mahalaga kapag kailangan niya ang mga item na iyon.

Ang Aralin 8 ng kursong ito ay maaaring tawagin na “Miscellaneous Drawer.” Hahanapin natin ang mga pangkalahatang prinsipyo na dapat gumabay sa iyong pagbibigay-kahulugan. Inilalagay ko ang araling ito pagkatapos ng mga aralin sa proseso ng pagbibigay-kahulugan dahil ang unang bagay na dapat nating gawin ay mag-focus sa teksto mismo.

Gayunpaman, ang mga prinsipyo sa araling ito ay mahalaga sa pag-aaral ng Banal na Kasulatan. Ang mga ito ay mga prinsipyo na binuo ng matatalinong mga guro ng Biblia upang gabayan ang kanilang pag-aaral. Mangyaring maglaan ng oras upang maunawaan ang mga prinsipyong ito at ilapat ang mga ito sa iyong pag-aaral.

► Hanapin ang isang talata kung saan ang mga miyembro ng iyong grupo ay hindi sumasang-ayon. (Kung hindi mo mahanap ang isang lugar ng hindi pagsang-ayon, maaari mong talakayin ang isang talata kung saan ang iyong pagbibigay-kahulugan ay naiiba kaysa sa pagbibigay-kahulugan ng ibang simbahan). Talakayin ang tanong na ito: “Anong mga presuppositions tungkol sa Biblia na nagdadala sa akin upang humantong ako sa aking pagbibigay-kahulugan?” Sa puntong ito, ang iyong layunin ay hindi “patunayan” ang iyong pagbibigay-kahulugan. Ang layunin ay upang maunawaan kung **bakit** naniniwala ang iyong paniniwala. Upang makinabang mula dito, maging matapat sa pagkilala sa iyong sariling

mga presuppositions at maging magalang sa mga presuppositions ng mga taong hindi ka sumasang-ayon.

Magsimula Sa Teksto, Hindi Sa Iyong Konklusyon

Nagpasok ako ng isang address sa aking GPS at nag-click para sa mga direksyon. Ang GPS ay dumating sa isang serye ng mga pagliko. Tiningnan ko ang mga direksyon at sinabing, "Ang GPS ay mali." Ipinasok ko ito muli. "Mali ulit!" Sinabi ng aking pasahero, "Paano mo nalalaman na mali ang GPS?" Tumugon ako ng may tiwala sa sarili, "Alam ko ang mga direksyon. Ang GPS ay mali." Pagkalipas ng ilang oras, ganap na nawala, inamin ko ang pagkatalo at nagsimulang sundin ang mga direksyon mula sa aking GPS. Ano ang aking pagkakamali? Nagsimula ako sa konklusyon. *Sigurado* ako na tama ang sagot ko, kaya tumanggi akong makinig sa isang mapa na nagbigay ng ibang sagot.

Binabasa ng ilang tao ang Biblia sa ganitong paraan. Minsan narinig ko ang isang mangangaral na nagbasa ng isang talata ng Banal na Kasulatan na hindi niya gusto. Sinabi niya, "Hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin nito, ngunit hindi ito nangangahulugang kung ano ang sinasabi nito." Sinimulan niya ang kanyang konklusyon ("Hindi ako sang-ayon sa katuruang ito") at pagkatapos ay binasa ang Banal na Kasulatan. Hindi niya maiangkop ang Banal na Kasulatan sa kanyang konklusyon, kaya nagpasiya siyang huwag pansinin ang Banal na Kasulatan ("Hindi ito nangangahulugan kung ano ang ibig sabihin nito").

Upang maisalin ang Banal na Kasulatan, kailangan nating magsimula sa Banal na Kasulatan at pagkatapos ay hanapin ang ating konklusyon. Lahat tayo ay may mga ilang presuppositions. Nagsisimula tayo mula sa isang partikular na pananaw. Iyon ay mainam. Ang problema ay kapag ang ating presuppositions ay nagdudulot sa atin na huwag pansinin ang malinaw na pagtuturo ng Banal na Kasulatan. Kailangan nating tiyakin na nagsisimula tayo sa teksto, hindi sa ating mga konklusyon. Hindi natin dapat pahintulutan ang ating mga presupposisyon na maging sanhi sa atin upang huwag pansinin ang teksto.

Isang Halimbawa

"Kaya dapat kayong maging perpekto, tulad ng inyong Amang nasa langit ay perpekto" (Mateo 5:48).

Sinasabi ng ilang tao, "Walang sinuman ang perpekto!" Kaya, hindi nila sinunod ang utos ni Jesus. Sinimulan nila ang kanilang konklusyon ("Walang sinuman ang perpekto!") At pagkatapos ay babasahin ang Banal na Kasulatan.

Kapag pinag-aralan ang Mateo 5:48, dapat nating itanong, "Ano ang ibig sabihin ni Jesus sa 'perpekto'? Sa anong paraan tayo magiging katulad ng ating makalangit na Ama?" Ang mga talata bago ang Mateo 5:48 ay nagbigay ng sagot: Dapat nating mahalín ang ating mga kaaway at gumawa ng mabuti sa kanila sa katulad na paraan na ang ating Ama sa langit "pinapasikat niya ang kanyang araw sa masasama at mabubuting tao." Dapat tayong magkaroon ng perpektong pag-ibig.

Hindi Pinabubulaanan ng Banal na Kasulatan ang Banal na Kasulatan

Kapag nagbasa tayo ng isang libro na tao ang may-akda, maaaring nitong salungatin ang kanyang sarili sa ilang mga punto. Katulad ng katotohanang kapag dalawang tao ang may-akda ay malamang na magkasalungat sila sa ilang mga isyu. Gayunman, ang Biblia ay ang Salita ng Dios; hindi ito sumasalungat sa sarili.

Ang Dios ay hindi nagbabago.¹⁵⁰ Dahil dito, ang kanyang Salita ay pare-pareho - kahit na sibani ito noong daan-daang taon sa pamamagitan ng maraming mga taong manunulat. Ang Salita ng Dios ay hindi sumasalungat sa sarili nito.

Ang prinsipyong ito ay isang kinakailangang resulta ng doktrina ng inspirasyon. Kung ang dakilang pinagmumulan ng Banal na Kasulatan ay ang Dios, ang Biblia ay hindi maaaring sumalungat sa sarili. Ito ay mahalaga para sa mahusay na pagbibigay-kahulugan ng Biblia. Kapag ang dalawang talata ay *tila* sumalungat sa isa't isa, dapat kong tanungin kung may isa sa mga talata ang hindi ko naiintindihan. Kapag lubos kong nauunawaan ang bawat talata, makikita ko na ang parehong talata ay totoo.

Isang Halimbawa

"Ang isang tao ay tinuturing na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa pagsunod sa kautusan" (Roma 3:28).

"Ang isang tao ay hindi tinuturing na matuwid sa pamamagitan ng pag-gawa ng mga nasa kautusan, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo" (Galacia 2:16).

"Dito nyo makikita na tinuturing na matuwid ang isang tao dahil sa mabuti nitong gawa, at hindi dahil sa pananampalataya lamang" (Santiago 2:24).

Naniniwala ang ilang mga mambabasa na hindi sumasang-ayon si Pablo at si Santiago tungkol sa papel ng pananampalataya at mga gawa. Ipinagpilit ni Pablo na ang tao ay tinuturing na matuwid kahit wala ang "pagsunod sa kautusan." Isinulat ni Santiago na ang isang tao ay tinuturing na matuwid "sa pamamagitan ng mga gawa, at hindi sa pananampalataya lamang."

Yamang ang Banal na Kasulatan ay hindi sumasalungat sa sarili, alam natin na ang parehong mga aral ay tama. Tayo ay tinuturing na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng mga gawa. Ngunit, "sa pamamagitan ng mga gawa ang isang tao ay binibilang na matuwid, at hindi dahil sa pananampalataya lamang."

Ang natitirang mga sulat ni Santiago at Pablo ay nagpapakita na ang dalawang apostol ay sumasang-ayon: ang pagsunod sa batas (mga gawa) ay hindi nakakakuha ng kaligtasan. Gayunpaman, sumasang-ayon si James at si Pablo: kung tayo ay nabibilang na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, ang ating buong pamumuhay (mga gawa!) ay maiiba. Ang ating pang-araw-araw na buhay ay nagbibigay ng patotoo sa reyalidad ng

¹⁵⁰ Santiago 1:17.

pananampalataya kung saan tayo ay naligtas. Sa mga salita ng mga Reformers, “Tayo ay binibilang na matuwid dahil sa pananampalataya lamang, ngunit hindi sa pananampalataya na nag-iisa/walang kasama.”

Ang Banal na Kasulatan ay ang pinakamahusay na Tagapagsalita ng Banal na Kasulatan

Ang prinsipyong ito ay malapit na nauugnay sa naunang prinsipyo. Yamang ang Banal na Kasulatan ay hindi sumasalungat sa sarili, maaari tayong gumamit ng mga talata na may malinaw na kahulugan upang tulungan tayong maintindihan ang mga talata kung saan hindi malinaw ang kahulugan. Gumagamit tayo ng mga talata na malinaw upang ipaliwanag ang mas mahirap na mga talata; hindi natin binabaluktot ang mga simpleng talata upang magkasya ang ating pagpapakahulugan ng mas mahirap na mga talata.

Ang isang aklat sa pagbibigay-kahulugan ay nagsasabi na ganito: “Kadalasan ang malabo sa isang bahagi ng Biblia ay ginawang malinaw sa isa pang bahagi.”¹⁵¹ Sa pag-aaral ng lahat ng Banal na Kasulatan, pinapayagan natin ang mga simpleng talata upang bigyang linaw ang mas mahirap na mga talata.

Isang Halimbawa

“Kung hindi gayon ano ang halaga ng pagpapabautismo para sa mga namatay, kung hindi naman muling mabubuhay ang mga patay? Bakit pa nagpapabautismo ang mga tao alang-alang sa mga patay?” (1 Corinto 15:29).

Sinasabi ba ng talatang ito na dapat nating bautismuhan ang mga kinatawan sa ngalan ng mga patay? Ang ilang mga tao ay nag-iisip nang gayon, ngunit hindi nag-utos si Pablo na mag bautismo para sa mga patay.

Ang ilang mga tagasalin ay naniniwala na ito ay nagpapahiwatig na ang ilang mga Kristiyano noong unang siglo ay nabautismuhan sa ngalan ng mga bagong mananampalataya na namatay bago ang pagbabautismo. Sinasabi ni Pablo na ang pagsasanay na ito ay walang kahulugan kung walang muling pagkabuhay. Ang iba pang mga interpreter ay naniniwala na ang “pagbabautismo para sa mga patay” ay tumutukoy lamang sa Mga Taga Roma 6:3-5 kung saan ang pagbabautismo ay pinagkakaisa tayo kay Cristo sa kanyang kamatayan. Sa alinmang kaso ay *inuutos* ni Pablo ang pagbabautismo para sa mga patay.

Anuman ang ating pagbibigay-kahulugan, ang prinsipyo na “Ang Banal na Kasulatan ay ang pinakamahusay na interpreter ng Banal na Kasulatan” ay gumagabay sa 1 Mga Taga-Corinto 15:29. Kapag binabasa natin ang Mateo 28:19, at Gawa 2:41, 8:12, at 19:5, makikita natin na ang bautismo ay para sa mga nabubuhay na mananampalataya. Sapagkat ang 1 Corinto 15:29 ay hindi malinaw na nag-uutos ng bautismo para sa mga patay at dahil malinaw na ipinapakita ng iba pang mga talata ang pangkaraniwang kaugalian

¹⁵¹ Walter Kaiser and Moises Silva, *An Introduction to Biblical Hermeneutics* (Grand Rapids: Zondervan, 1994), 132.

ng sinaunang iglesya, walang dahilan upang maniwala na ang 1 Mga Taga Corinto 15 ay nag-utos ng pagbabautismo para sa mga patay.¹⁵²

Isinulat ang Banal na Kasulatan upang Maunawaan

Ang kahulugan ng Salita ng Dios ay matatagpuan sa Banal na Kasulatan mismo, gamit ang normal na paraan ng pagbibigay-kahulugan. Ang Salita ng Dios ay hindi nakasulat sa mga sikretong codes.

Totoo na ang karamihan sa Banal na Kasulatan ay dapat na maingat na pag-aralan para sa kahulugan nito, ngunit ang katotohanan nito ay hindi nakatago mula sa atin. Ang mga mahahalagang katotohanan ng Banal na Kasulatan ay hindi inilibing sa mga nakatagong mga talata. Sinabi ng Salmista, "Ang iyong salita ay lampara sa aking mga paa, at isang liwanag sa aking landas."¹⁵³ Ang layunin ng Salita ng Dios ay upang gabayan tayo, hindi upang itago ang katotohanan.

"Ang unique na pagbibigay-kahulugan ay kadalas ang mali."
- Gordon Fee,
How to Read the Bible

Walang mga espesyal na susi ang kinakailangan upang i-unlock ang mensahe ng Salita ng Dios. Maging maingat sa mga aklat na nag-claclaim na "mai-unlock ang mga nakatagong codes ng Biblia." Nagsalita ang Dios upang maunawaan natin ang Kanyang Salita.

Isang Halimbawa

"Ngunit tungkol sa araw at oras na walang nakakaalam, kahit na ang mga anghel ng langit, ni ang Anak, kundi ang Ama lamang" (Mateo 24:36).

Tuwing ilang taon, isang tao ang mag-claclaim na, "Ipinahayag sa akin ng Dios na si Jesus ay babalik sa susunod na taon." Isang tanyag na aklat noong 1987 ang hinulaan ang rapture noong 1988. Ang parehong may-akda ay nagsulat ng isang libro sa sumunod na taon na hinuhulaan ang rapture sa 1989. Si Harold Camping ay naging sikat para sa paulit-ulit na mga hula ng rapture. "Ang mga eksperto sa propesiya" tulad nila Jack van Impe at Marilyn Agee ay nakagawa ng paulit-ulit na mga hula tungkol sa pagbabalik ng Panginoon. Pagkatapos ay inililipat nila ang petsa kung kailan sila ay napatunayang mali.

Kapag naririnig mo ang isang tao na hinulaan ang isang tiyak na petsa para sa pagbalik ng Panginoon, dapat mong tandaan na sinabi ni Jesus, "Walang sinuman ang nakakaalam" kung kelan mangyayari ang mga bagay na ito. Paano masasabi ng sinumang tao ngayon nang higit pa kaysa kay Jesus ang tungkol sa mga plano ng Ama? Ang malinaw na kahulugan ng talatang ito ay nagbababala sa atin laban sa sinumang magsasabi na alam nila ang araw ng pagbabalik ni Jesus.

¹⁵² Ang halimbawa ay courtesy ni Dk Steven Gibson. Ang informasyon tungkol sa interpretasyon ay galing sa *ESV Study Bible* at sa *New Bible Commentary*.

¹⁵³ Ps. 119:105.

Ang Isang Biblikal na Utos ay Nagpapahiwatig ng Biblikal na Pangako

Hindi lahat ng mga evangelical na manunulat ay tinatanggap ng prinsipyong ito, ngunit naniniwala ako na mahalaga ito sa pagbibigay-kahulugan sa Banal na Kasulatan. Ang prinsipyo ay nagtuturo na kung ang Dios ay nagbibigay ng isang utos, ginagawa niyang posible ang pagsunod.

Isipin ang isang ama na nagsasabing, "Anak, upang masiyahan ako ay dapat kang tumakbo ng isang milya sa loob ng dalawang minuto." Sa isang sandali, maaaring subukan ng anak ang kanyang makakaya, ngunit palagi siyang mabibigong makamit ang mga inaasahan ng kanyang ama. Sa huli, ang anak ay mawawalan ng pag-asa at titigil sa pagsubok. Ito ba ay isang mabuting ama?

Iniiisip ng ilang tao na ang Dios ay isang di-makatuwirang Ama. Nang sabihin ng Dios na "Maging banal kayo/Magppakabanal kayo,"¹⁵⁴ sinasabi nila, "Alam ng Dios na hindi natin masusunod ang kanyang mga utos." Sinabi ni John Calvin na hinihiling ng Dios ang imposible. Hinahamak niya ang mga "ang sumusukat sa lakas ng mga tao sa pamamagitan ng [mga utos] ng Dios."¹⁵⁵ Naniniwala si Calvin na maaaring iutos sa atin ng Dios na gawin ang isang bagay *kahit na alam* niyang hindi natin iyon masusunod. Naniniwala ka ba na ang Dios ay mas masahol pa sa isang ama sa lupa?

Hindi natin sinukat ang "lakas ng mga tao sa pamamagitan ng mga utos ng Dios." **Sinusukat natin ang mga utos ng Dios sa pamamagitan ng lakas ng Dios.** Sa ating lakas, hindi natin masusunod ang mga utos ng Dios, ngunit isang mapagmahal na Ama sa Langit ang nagpapalakas sa kanyang mga anak na sundin ang kanyang mga utos. Naniniwala tayo na ang isang mapagmahal na Ama ay hindi lilituhin ang kanyang mga anak nang mga imposibleng utos. Ang bawat utos ng Banal na Kasulatan ay sinamahan ng biyaya upang sundin ang utos.

Iniutos ni Jesus, "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong pagiisip."¹⁵⁶ Ito ay parehong utos na dapat sundin at isang pangako na matanggap. Ang utos ng Dios na mahal in ang Dios nang hindi hati ang puso ay nagpapahiwatig ng kaniyang pangako na bibigyan tayo ng isang hindi nahahating puso, kung nagtiwala tayo sa kaniya.

Isang Halimbawa

"Kaya dapat kayong maging perpekto, tulad ng inyong Amang nasa langit ay perpekto" (Mateo 5:48).

Mula sa konteksto, nauunawaan natin na tinutukoy ni Jesus ay ang pagmamahal, hindi pagganap/pakitang-tao. Nauunawaan din natin na hindi ito isang bagay na ating magagawa

¹⁵⁴ Inuutos ito ng Diyos ng maraming beses, hindi lamang isang beses. (Lev. 11:44, 45; Lev. 20:7; 1 Pedro 1:16.)

¹⁵⁵ Komentaryo ni John Calvin tungkol sa 1 Thess. 5:23. Galing sa *The Epistles of Paul to the Romans and Thessalonians*.

¹⁵⁶ Mateo 22:37.

sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap. Ang Dios na nag-uutos sa atin na “maging perpekto” ay ang Dios na tumupad sa mga utos. Ang Psalmist ay nagpatotoo, “Ang Dios ang naglagay sa akin ng lakas, at ginagawang perpekto ang aking daan.”¹⁵⁷

Ang utos ni Jesus’ ay dapat na maunawaan nang maayos. Dapat itong basahin sa liwanag nang agarang konteksto ng pagtuturo ni Jesus, at sa liwanag ng pagtuturo ng Biblia sa isang perpektong (hindi nahahating) puso at isang banal (itinalagang/ibinukod) na mga tao. Sa sandaling maintindihan natin ito, ang utos ni Jesus’ ay naging isang mabiyayang pangako, hindi isang imposibleng pamantayan para sa pagsisikap ng tao.


Tatlong Lente sa Biblia

Bilang evangelical na mga Kristiyano, tinatanggap natin ang Biblia bilang huling awtoridad para sa doktrina at pagsasanay. Ginamit ng mga Reformers ang terminong *sola scriptura* (“sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan lamang”) na nangangahulugang ang Biblia ay naglalaman ng lahat ng kaalaman na kinakailangan para sa kaligtasan. Ngayon, patuloy nating pinanghahawakan ang prinsipyong ito.

Gayunpaman, mahalagang kilalanin na binibigyang-kahulugan natin ang ating binabasa sa iba't ibang paraan. Para sa karamihan ng mga evangelical, mayroong tatlong “bintana” o “mga lente” kung saan binabasa natin ang Biblia. Ang mga lenteng ito ay hindi pinapalitan ang awtoridad ng Banal na Kasulatan sa anumang paraan. Ang mga ito ay simpleng mga bintana na kung saan natin binabasa at maunawaan ang Banal na Kasulatan.

Upang magkaroon ng buong pag-unawa sa Banal na Kasulatan, dapat nating gamitin ang lahat ng tatlong lente. Kung babalewalain natin ang isang lente, maaaring mali nating maunawaan ang Banal na Kasulatan. Ang pagbabasa ng Biblia gamit ang mga bintana ay tumutulong sa atin na mas maunawaan ang mensahe ng Salita ng Dios.

Ang larawang ito ay maaaring makatulong sa iyo na makita ang kaugnayan ng mga lente sa Biblia. Titingin tayo sa *pamamagitan* nang mga lente sa Biblia.¹⁵⁸



¹⁵⁷ Awit 18:32.

¹⁵⁸ Inangkop ang ilustrasyong ito mula sa blog ni Danny Coleman: www.dannycoleman.blogspot.com.

Lente 1: Dahilan

Dahilan ang unang lente na ginagamit natin. Ang lente na ito ay nagtatanong, “Ano ang isang makatwirang pag-unawa sa Banal na Kasulatang ito?” Ang lente ng dahilan ay hinihilingan tayong gamitin ang ating isipan upang maunawaan ang ating nabasa sa Banal na Kasulatan. Na-realize nito na ang Banal na Kasulatan ay makatwirang naiintindihan ng isip.

Ang ilang mga Kristiyano ay sumasalungat sa paggamit ng dahilan; Nagtatalo sila na ang ating mga nahulog/nagkasala na isip ay hindi mapagkakatiwalaan upang maunawaan ang Salita ng Dios. Gayunpaman, Si Pablo ay patuloy na ipinapakiusap na mangatwiran kapag gumagawa ng kanyang mga argumento. Sa Roma, para sa halimbawa, nagtanong si Pablo ng serye ng mga tanong na humantong sa kanyang mga mambabasa sa isang lohikal na pang-unawa sa mga dakilang katotohanan ng kaligtasan. Habang ang ating dahilan ay hindi kailanman ang pangwakas na awtoridad, hindi natin dapat balewalain ang makatwirang kahulugan ng Banal na Kasulatan.

Lente 2: Tradisyon

Ang pangalawang lente kung saan tinitingnan natin sa Banal na Kasulatan ay *Tradisyon*. Ang tradisyon ay nagtatanong, “Paano naiintindihan ng mga Kristiyano sa buong kasaysayan ang Banal na Kasulatang ito?” Sinusuri ng tradisyon ang ating pag-unawa sa teksto laban sa mga pananaw ng iba pang mga Kristiyano sa buong kasaysayan.

“Ang tradisyon ang bunga ng gawain ng pagtuturo ng Espiritu sa nakalipas na panahon. Hindi ito hindi mapasusubalian, at pinahihirap natin ang ating sarili kapag hindi natin ito pinahahalagahan.”
- J.I. Packer, “Upholding the Unity of Scripture Today”

Kasama sa tradisyon ang mga kredo/paniniwala/creeds ng sinaunang iglesya, ang mga dakilang doktrina na pinagkakaisa ang mga Kristiyano noong nakaraan, at ang mga turo ng mga naunang henerasyon. Ipinapakita ng tradisyon kung paano binigyang-kahulugan ang Biblia sa buong kasaysayan ng simbahan.

Ang tradisyon ng Simbahan ay hindi sumasang-ayon sa lahat ng mga isyu; ang pinakamakapangyarihang tradisyon ay itinuro ng simbahan “sa lahat ng dako at sa lahat ng oras.” Ang tradisyon ng mga indibidwal na denominasyon ay dapat isalang-alang, ngunit wala itong gaanong awtoridad gaya ng tradisyon ng pangkalahatang simbahan.

Nagsasalita ang Dios sa pamamagitan ng tradisyon upang tulungan tayong maunawaan ang kanyang Salita. Kung makakita ka ng isang bagay sa Banal na Kasulatan na walang sinuman sa loob ng 2,000 taon ang nakakita, dapat mong ipagpalagay na ikaw ay nagkakamali!

Lente 3: Karanasan

Karanasan ay ang huling lens. Ang lente na ito ay nagtatanong, “Ang pag-unawa ko ba ay tumutugma sa karanasan ng iba pang mga Kristiyano?” Sa paglagay ng karanasan sa huli, maiiwasan natin ang subjectivism na naglagay ng personal na karanasan sa itaas ng layunin katotohanan. Gayunpaman, ang karanasan ay mahalaga kapag balanse sa tradisyon at dahilan.

Ang bawat isa sa mga lente ay mahalaga. Kung gagamitin lamang natin ang tradisyon, mahuhulog tayo sa kamalian ng Romanong Katoliko sa pagtingin sa pagtuturo ng iglesia bilang katumbas ng Banal na Kasulatan. Kung gagamitin lamang natin ang dahilan, mahuhulog tayo sa rasyonalismo/pangangatwiran na ang pagtingin sa isip bilang huling awtoridad. Kung gagamitin lamang natin ang karanasan, mahuhulog tayo sa emosyonalismo na ipinapalit ang personal na karanasan sa pagtuturo ng Banal na Kasulatan. Ang bawat isa sa mga ito ay dapat gamitin sa ating pag-aaral-at ang bawat isa ay dapat magpasakop sa awtoridad ng Banal na Kasulatan.

Isang Halimbawa

“Dahil sa layuning ito, lumuluhod ako sa Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo,... upang kayo'y mapuspos ng buong kapuspusan ng Dios” (Efeso. 3:14-21).

Nanalangin si Pablo na ang mga mananampalataya sa Efeso ay lalong lumago sa kanilang relasyon sa Dios. Ipinanalangin niya na sila ay “mapuspos ng lahat ng kapuspusan ng Dios.” Ano ang nakita natin kung binabasa natin ang panalangin na ito sa pamamagitan ng tatlong lente?

Dahilan. Kapag binabasa ang panalangin ni Pablo, ang ating dahilan ay nagtatanong, “Ang panalangin bang ito ay naka sang-ayon sa natitirang bahagi ng Banal na Kasulatan?” Makatwirang bang isalin ang panalanging ito bilang pangako ng mas malalim na buhay para sa Kristiyano? Sa pagtingin sa iba pang mga Banal na Kasulatan, nakita natin na ang Roma 12:1, Unang Tesalonica 5:23, at ang iba pang mga teksto ay nagpapahiwatig ng mas malalim na buhay na maaaring makamit ng mga mananampalataya. Ang katotohanan ng pagiging “puno ng lahat ng kapuspusan ng Dios” ay makatwiran.

Tradisyon. Ang mga Kristiyano mula sa lahat ng henerasyon ay nagturo na ang pangako ng Dios ay mas malalim na lakad para sa mga mananampalataya. Ang mga Kristiyano ay hindi sumang-ayon sa mga detalye kung paano ginagawa ng Dios ang layuning ito sa mga mananampalataya, ngunit sa buong kasaysayan ng iglesia, ang mga Kristiyano mula sa iba't ibang pinagmulan ay sumang-ayon na tinawag ng Dios ang kanyang mga anak sa isang mas malalalim na kaugnayan sa kanya.

Sa ikalawang siglo, isinulat ni Irenaeus na ang layunin ng Dios para sa atin ay “upang maisagawa tayo ayon sa larawan at wangis ng Dios.”¹⁵⁹ Naniniwala si Irenaeus na ang

¹⁵⁹ Tulad ng nasipi sa William M. Greathouse, *From the Apostles to Wesley* (Kansas City: Beacon Hill Press, 1979), 38.

bawat mananampalataya ay maaaring “mapuspos ng lahat ng kapuspusan ng Dios.” Sa ika-apat na siglo, Ang mga manunulat sa Silangan tulad ni Gregory ng Nyssa ay nagturo na ang Kristiyano ay magpapalit ng “kaluwalhatian para sa kaluwalhatian,” nagiging mas puno ng lahat ng kapuspusan ng Dios. Sa ikalabimpitong siglo, sinulat ng Katolikong Pranses na si Francois Fenelon na, *sa pamamagitan ng mabiyayang lakas ng Dios*, maaari tayong “mabuhay gaya ng buhay ni Jesus, mag-isip katulad kung paano siya mag-isip. ...”¹⁶⁰ Sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, maaari tayong maging katulad ng kanyang imahe.

Karanasan. Ang karanasan ng mga dakilang Kristiyano sa buong kasaysayan ay nagpapakita ng kanilang kagutuman para sa isang mas malalim na buhay. Ang bawat committed na Kristiyano ay gutom para sa Dios. Ang mga patotoo ng mga dakilang Kristiyano ay nagpapakita na ang gutom na ito ay napuno ng biyaya ng Dios.

Ikaw Naman

Sa simula ng araling ito, tumingin ka sa isang talata sa Banal na Kasulatan kung saan ang mga miyembro ng iyong grupo ay hindi sumasang-ayon. Matapos pag-aralan ang mga prinsipyo ng pagbibigay-kahulugan sa araling ito, bumalik sa talata ng Banal na Kasulatan. Itanong ang mga ito:

- Ako ba ay nagsisimula sa konklusyon? Nakapagpasiya na ba ako kung ano ang iniisip ko na *dapat* sabihin ng Banal na Kasulatan bago ko basahin ito?
- Ang aking pagbibigay-kahulugan ba ng Banal na Kasulatang ito ay sumasalungat sa iba pang mga talata ng Banal na Kasulatan?
- Ang iba pang mga talata ay nagbibigay ng isang mas malinaw na pag-unawa sa talatang ito?
- Ang aking pagbibigay-kahulugan ba ay batay sa isang nakatagong mensahe, o ako ay nagbibigay-kahulugan sa talata sa pinakamalinaw na posibleng paraan?
- Ang talata ba ay nagbibigay ng utos? Kung gayon, ano ang pangako na ipinahiwatig ng utos?
- Ano ang sinasabi ng tradisyon ng iglesiang Kristiyano sa pamamagitan ng panahon/henerasyon tungkol sa talatang ito?
- Ano ang isang malinaw at makatwirang pag-unawa sa talatang ito?
- Ano ang sinasabi ng aking karanasan at karanasan ng ibang mga Kristiyano tungkol sa talatang ito?

Ang mga tanong na ito ay hindi ginagarantiya na makakahanap ka ng kumpletong kasunduan sa pagbibigay-kahulugan ng isang talata. Gayunpaman, maaari silang makatulong sa iyo na makahanap ng mga lugar ng kasunduan. Kung hindi, ang mga tanong

¹⁶⁰ Ibid, 85.

ay maaaring makatulong upang matukoy ang mga dahilan na ang taimtim na mga Kristiyano na nakatuon sa awtoridad ng Salita ng Dios ay hindi sumasang-ayon sa pagbibigay-kahulugan ng ilang mga talata ng Banal na Kasulatan.

Aralin 8 Pangunahing Puntos

(1) Ang pag-unawa sa mga pangunahing prinsipyo ng pagpapakahulugan ng Biblia ay makatutulong upang makaiwas ka sa mga maling konklusyon sa pag-aaral.

(2) Magsimula sa teksto, hindi sa iyong konklusyon. Huwag pahintulutan ang iyong mga presupposisyon na maging sanhi upang hindi mo pansinin ang teksto.

(3) Ang Banal na Kasulatan ay hindi sumasalungat sa Banal na Kasulatan. Kung ang dalawang talata ay tila magkasalungat, magtanong kung hindi mo naunawaan ang isa sa mga talata.

(4) Ang Banal na Kasulatan ay ang pinakamahusay na interpreter ng Banal na Kasulatan. Payagan ang mga malinaw na talata upang ipaliwanag ang mas mahirap na mga talata.

(5) Ang Banal na Kasulatan ay isinulat upang maunawaan. Hanapin ang malinaw na kahulugan ng teksto.

(6) Ang isang utos ng Biblia ay nagpapahiwatig ng isang pangako sa Biblia. Ang Dios na nagbibigay ng utos ay nagbibigay lakas sa atin upang makasunod.

(7) Ang prinsipyo ng *sola scriptura* ay nangangahulugan na ang Biblia ay naglalaman ng lahat ng kaalaman na kinakailangan para sa kaligtasan.

(8) Tinitingnan natin ang Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng tatlong lente na tumutulong sa atin na maunawaan ang Salita ng Dios:

- Dahilan: isang makatwirang pag-unawa sa kahulugan ng teksto.
- Tradisyon: ang mga pananaw ng iba pang mga Kristiyano sa buong kasaysayan.
- Karanasan: ang espirituwal na karanasan ng mga Kristiyano.

Aralin 9

Pagbuo ng Isang Library sa Pag-aaral ng Biblia

Mga Layunin ng Aralin

